

U/OS

MAYO 1

SENTENARYO NG KILUSANG MANGGAGAWA

2002



MAYO 1, 2002




SENTENARYO NG KILUSANG MANGGAGAWA
1902 - 2002



2002

MAYO

PANGKULTURANG DYORNAL NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN SA PANGANGASIWA NG ARTISTA AT
MANUNULAT NG SAMBAYANAN (ARMAS) SA PAMAMATNUBAY NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS (MLM)



ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG AY **U/OS** MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG
MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWALAY MAAARING SIPHIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA
PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG Pwersa; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA
SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT
IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG
PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

NILALAMAN

INTRODUKSYON

Isang Maningning na Pagpupugay sa Ika-100 Taon ng Kilusang Manggagawa	8
--	---

PAHAYAG NG RCTU	18
-----------------	----

ANG KAHAPON

Mga Dakilang lider-Obrero at Manunulat nina Pablo Makata, Ka Lope Bagtas, Stella Magtanggol at Maria May Paglaum	20
--	----

Isabelo de los Reyes: Rebolusyon at Pederasyon	22
--	----

Crisanto Evangelista: Dakilang Unyunista't Komunista	24
TULA: Ang sigaw ng Dukha ni Crisanto Evangelista	28

Amado V. Hernandez: Gawad Parangal sa Dakilang Rebolusyonaryo	30
TULA: Ang Bayani ni Amado V. Hernandez	34

Carlos Bulosan: Pagpapasigla sa Apoy ng Rebolusyon	36
--	----

Ang mga Dulang Mapagpalaya sa Unang Panahon ng Kilusang Manggagawa	40
nina Juan Gabriel at Leni Tagapanday	

DULANG ISINALARAWAN: Ang Bagong Kristo ni Aurelio Tolentino	46
mga guhit ni Leyla Batang	
Mutya ng mga Manggagawa: Atang de la Rama	50

Ang Banaag at Sikat ni Lope K. Santos	52
Ang Pinaglahuan ni Faustino Aguilar	54
Ilang Sipi Mula sa Sanaysay na “Proletaryong Panitikan: Isang Depinisyon” ni Salvador Lopez salin ni Nanding Juarez at Pedi Sinag	56
TULA: Manggagawa ni Jose Corazon de Jesus	60

NGAYON AT HANGGANG BUKANG LIWAYWAY

Pagpupugay sa mga Bagong Martir nina Pablo Makata, Stella Magtanggol at Juan Gabriel	62
Ceferino Lacara: Tatang ng Hukbong Bayan	64
Felixberto Olalia: Ama ng Militanteng Unyonismo	66
TULA: Elihiya kay Ka Bert Olalia	71
Rolando Olalia: Lubos na Paglilingkod	72
Liza Baland: Kagitingan ng Kababaihan	74
TULA: Mayo Uno	76
Alex Boncayao: Obrero ng Pakikibakang Armado	78
TULA: Minsan pang Naulila ang mga Dampa, Parang at Bukirin	79

SANAYSAY:

Hinggil sa Gawaing Pangkultura sa Hanay ng Manggagawa ni Jose Ma. Sison	82
Welga Welga at Piketlayn ng Bayan ni Leni Tagapanday at Nueva Mia Vida	88

MGA TULA:

Anak ng Minero *93*
Eduardo B. Montero

Ihayag mo ang iyong Poot, Anakpawis *95*
Kasamang Vox

Iisang daigdig, Iisang pakikibaka *96*
Elias Del Pilar

Ang Pasyon ng Isang Manggagawa *97*
E. San Juan

Ikaw, Isang Manggagawa *98*
Kris Montanez

The Central Plains *100*
Jose Ma. Sison

Ang Gitnang Kapatagan *100*
salin ni Pablo Makata

Sigaw ng Paglaya *101*
Boni Wagi

Himig ng Digmang Bayan *103*
Kasamang Batis

BALAGTASAN:

Kontra-diksiyon *104*
ni Ka Lope Bagtas

MGA AWITIN:

Manggagawa *106*

Sakada *107*

Uring Anakpawis *108*

LIHAM:	<i>109</i>
ni Annalyn Suerte	
INTERNASYUNAL:	
Tula: Ang mga Unyon sa Prente ni Pablo Neruda salin mula sa Kastila ni Ka Lope Bagtas	<i>111</i>
Kwento ng Mayo Uno:	<i>112</i>
Kwento ng Marso 8 ni Mira Ledesma	<i>115</i>
AWIT: Internationale	<i>118</i>
PASASALAMAT	

Introduksyon:

ISANG MANINGNING NA PAGPUPUGAY SA ISANDAANG TAONG PAKIKIBAKA NG MANGGAGAWANG PILIPINO (1902-2002)



ISANG MAGANDANG PARAAN NG PAGDIRIWANG SA Ika-isandaang taong anibersaryo ng kilusang manggagawa sa Pilipinas ang paglalathala ng kalipunan ng mga obrang pampanitikan na maningning na sumasariwa at nagpupugay sa buhay at patuloy na pakikibaka ng uring manggagawa. Sa pamamagitan ng mga obrang ito, matutunghayan ang matatag na paninindigan at ang magiting na paglaban ng mga manggagawang Pilipino hindi lamang para sa interes ng kanilang uri kundi para sa pagpapalaya ng buong bayan.



Noong Pebrero 2, 1902, sa may Teatro Variedades Sampaloc, Maynila, nagtipon-tipon ang may 140 manggagawa para buuin ang **Union Obrera Democratica** (UOD). Ito ang kauna-unahang pederasyon ng manggagawa sa Pilipinas. Sa kauna-unahang pagkakataon, nagbuklod ang iba't ibang unyon at grupo ng manggagawa mula sa iba't ibang linya ng paggawa; mga manggagawa sa imprenta, asukarera, pabrika ng tabako at sigarilyo, at maging ang mga barbero, sastre, sapatero, karpintero, mekaniko, mananahi, empleyado sa Customs Office at Manila Railroad. Nang lumaon, sinaklaw ng pederasyon ang gumagawa ng karitela at pati ang mga artista sa zarzuela.



Isang mapagpasyang igpaw ang pagkakabuo ng UOD dahil ipinundar nito ang batayang makauri at pampulitikang kamalayan ng masang manggagawang Pilipino para harapin ang mas matitinding labanan. Sa Kongreso nito, mainit na dinala ng mga delegado ang islogan ng Unang Internasyunal; “*Ang kalayaan ng uring manggagawa ay tungkulin mismo ng mga manggagawa.*” Binuo rin dito ang isang konstitusyong dala ang ilang sosyalistang prinsipyo at militanteng nanawagan sa pagkakaisa ng lahat ng manggagawa at ng buong sambayanang Pilipino para labanan ang pananalakay ng Imperyalismong Estados Unidos.

Ang pagkakahati ng mga obra mula sa kahapon (mula sa pagkakabuo ng UOD) hanggang sa muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, ay batay sa mga panandang-pangyayaring naganap sa bawat panahon. May mahalagang kinalaman ang mga ito sa pagsusulong ng kilusang manggagawa tulad, halimbawa, ng pagdating ng mga kaisipang Sosyalista at Marxista sa Pilipinas, ang pakikibaka laban sa pananakop ng Imperyalismong US, ang pagkakabuo ng KMU, ang pakikipagtunggali sa mga dilawan at oportunistang taksil, atbp. Wika nga, ito ang telon ng pagbabanyuhay ng mga obra na nagpapahayag sa harap ng paniniil, nanghihiikayat sa harap



ng pangungubkob, nagpapakilos at nagpapalahok sa mga manggagawa at buong mamamayan sa harap ng angil ng pagdarahop, panunupil at kamatayan.

Imposible talagang magkasya sa isang isyu ng *Ulos* ang sanlaksang likhang-sining na nagsasalin ng ningning at diwa ng isandaang taong pakikibaka ng uring manggagawa. Gayunpaman, isang munting panuntunan ang isyung ito para sa mga nabuong obserbasyon sa katangian at pagyabong ng proletaryong panitikan sa kontemporaryong panahon.

Higit sa lahat, ang isyung ito ng *Ulos* ay alay sa masang manggagawang Pilipino at sa lahat ng nakikibakang mamamayan para sa pambansang demokrasya at kalayaan.

Ang Magiting at Maningning na Kahapon

Ang mga naunang welga ng manggagawa sa Pilipinas ay nangyari sa mga imprenta at pahayagan. Kung kaya't hindi kataka-taka na marami sa mga lider-manggagawang sumulpot ay mga peryodista at manunulat. Mula rito, mabilis na lumaki at lumakas ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Sumibol ang magigiting na makabayan at proletaryadong lider-manggagawa, peryodista, manunulat at makatang nagmula mismo sa hanay ng mga manggagawa.

Ang ilan sa kanila, na kahit galing sa uring petiburgis, nakapag-aral at nag-angkin ng kasanayan sa pagsusulat, ay buong tatag

na tinalikuran ang landas na kadalasang tinatahak ng isang karaniwang intelektwal, isinapuso ang paninindigan ng uring proletaryado at naglingkod sa sambayanan.

Kaya sa isyung ito, ating babalikan ang makulay na buhay ng ilan sa mga sumulpot na lider-obrero at ang kanilang mga obrang nagpaalab sa makabayang damdamin ng mga manggagawa at ng buong bayan. Una na rito si Isabelo delos Reyes, ang unang pangulo ng UOD na mula sa kanyang pahayagang *Independencia y Revolucion* (Independensya at Rebolusyon), ay nanawagan ng patuloy na paglaban sa imperyalismong Estados Unidos. Sa kanyang talambuhay ay mababasa ang ilang sipi mula sa kanyang dula na *Pobres y Ricos* (Mahirap at Mayaman), na sinasabing nagtataglay ng sosyalistang diwa.

Sa kasagsagan ng tuwirang paghahari ng imperyalismong Estados Unidos sa bansa, nariyan naman si Crisanto Evangelista, ang kauna-unahang pangulo ng Partido Komunista ng Pilipinas, na naglatag ng daan para sa ibayong pagsulong at pagtalas ng kilusang mapagpalaya. Sa kanyang sanaysay na *Pagbabangon ng Bayang Dukha ang Katuturan ng Pasko ng mga Manggagawa na Ipinagbubunyi* (Mayo 1, 1934), mababasa ang matayog niyang pagdakila sa Mayo Uno bilang pandaigdigang araw ng manggagawa. Gayundin ang pagdakila sa uring manggagawa sa kanyang popular na tulang *Ang*

1901, 1 Hulyo

Umuwi mula Espanya
si Isabelo de los Reyes
o Don Belong.



1901, 30 Disyembre

Itinatag ang Union Impresores
de Filipinas (UIF).

Sigaw ng Dukha.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmang Pandaigdig, lumitaw naman ang katulad ni Amado V. Hernandez. Mahigit 500 ang naisulat niyang tula. Isa na rito ang walang kamatayang tulang *Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan*. Sa napiling tulang *Ang Bayani*, makikita ang matinding hangad ni Ka Amado na mapalaya ang uring manggagawa. Masasalamain sa tulang ito na siya'y hindi lamang isang tagamasid, o isang manunulat sa taas ng toreng garing. Bagkus siya'y direktang kasangkot sa kilusang manggagawa, natututo at nakauunawa sa kanilang mga hinagpis at adhikain.

“Sambundok na ginto ang aking dinungkul,

*kahi't na kaputol, di binahagihan!
ang aking inani'y sambukiring palay,
nguni't wala akong isaing man lamang!
ang buhay ng iba'y binibigyang-buhay
habang nasa bingit ako ng libingan!”*

Hindi magiging lubos ang kalipunang ito kung hindi tutuntunin ang tinahak na buhay ni Carlos Bulosan. Sa panahon ng maramihang migrasyon ng mga manggagawa sa US, inilabas noong 1943 ni Carlos Bulosan ang kanyang nobelang *Nasa Puso ang Amerika* (America is in the Heart) na nagpasiklab sa isyu laban sa rasismo na dinaranas ng mga Pilipino sa US. Hindi



kalabisan kung ituturing na isa sa pinaka-dakilang bayaning migranteng manggagawa o OFW (Overseas Filipino Worker) si Bulosan dahil sa tuloy-tuloy niyang pakikipaglaban para sa karapatan at interes ng mga migrante sa US. Sa kanyang pagkamatay ay kinilala si Bulosan bilang dakilang lider at makata ng Ikatlong Daigdig.

Marami pang ibang lider-manggagawang peryodista, artista, manunulat at makatang sumibol at nakisangkot sa buhay at pakikibaka ng uring manggagawa at ng bayan sa ika-20 siglo. Kabilang na rito sina Faustino Aguilar, Hermenegildo Cruz, Gabriel Francisco, Aurelio Tolentino, Carlos Francisco at iba pa, pero sapat nang sabihing nakaukit na sila sa kamalayan ng uring manggagawa at ng buong sambayanang Pilipino.

Subalit wala nang higit na dadakila pa

1902, 2 Pebrero

Itinatag ang Union Obrera Democratica (UOD).



1902, 11 Enero

Ipinanganak ang makabayang aktres ng sarswela at mang-aawit na si Honorata "Atang" de la Rama.

sa ipinamalas na katapangan at kagitingan mismo ng nakararaming manggagawang Pilipino sa pakikipaglaban para sa mga demokratiko at makabayang interes at adhikain ng mamamayang Pilipino. Ito ang nilaman ng mga tula, nobela, awitin, sanaysay at ang mga tinawag na *sedition plays* o dulang subersibo na sumulpot sa maagang panahon ng kasaysayan ng kilusang manggagawa. Mga obrang halos walang sawang isinasadula nang kabuuan o baha-bahagi man dahil sa kaangkupan at halaga ng mga ito sa kasalukuyang panahon.


Kaya sa artikulong *Ang mga Subersibong Dula sa Maagang Panahon ng Kilusang Manggagawa* maikling isasalaysay ang makulay at sabihin pang *sensational* na papel ng mga subersibong dula na, sa panahon nito ay naging bahagi ng pang-araw-araw na buhay at pagkilos ng masang anakpawis. Mga dula, na ayon pa sa ilan ay naging senyales ng paglaya ng zarzuela na dati rati'y para sa mga "ilustrado" tungo sa pagsulpot ng teatrang mula sa masa at para sa masa.

Sa larangan naman ng nobela, matutunghayan ang ilang siniping bahagi ng isang nobelang nagpupugay sa uring manggagawa, ang *Pinaglahuan* ni Faustino Aguilar. Isa ring lider-manggagawang peryodista na

naging mahusay na manunulat ng dula. Sinalamin ng nobelang ito ang matibay na paggagap at malalim na pag-unawa ni Ka Aguilar sa konsepto at aktwal na katangian ng rebolusyunaryong makauring pakikibaka. Wika niya: "*Ang rebolusyon sa esensya ay marahas na kung saan ibinabagsak ng isang uri ang isa pang uri.*"

Anupat sa maagang bahagi pa lamang ng ika-20 siglo ay usaping sosyalismo na ang tinatalakay sa nobelang *Banaag at Sikat* ni Lope K. Santos. Lumabas noong 1906, itinuring itong kauna-unahang nobelang proletaryado hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong Asya. At bilang dagdag na aralin sa patuloy na paglikha ng proletaryong panitikan, sinagot ni Salvador P. Lopez ang katanungang "Ano ang Proletaryong Panitikan?", mula sa libro nitong *Literature and Society*.

Kung panulaan naman ang pag-uusapan, mabulas na ito bago pa man dumating ang mga Amerikano. Sa maraming makatang sumulpot, tampok dito si Jose Corazon de Jesus (na mas kilala sa pangalang Huseng Batute) sa pagpapamalas ng katangi-tanging galing sa paglikha ng mga tula ng pag-ibig. Subalit hindi lamang makata ng pag-ibig si Batute. Sa mahigit 400 niyang tula, halos isandaan ang tungkol sa pakikisangkot sa pulitika, buhay at pakikibaka ng uring anak-



1902, 19 Pebrero

Hinuli ng ng hukbong Amerikano ang rebolusyonaryong lider na si Vicente Lukban.



1902, Marso

Inilathala ang librong *Ano ang Gagawin?* Ni Vladimir I. Lenin.

pawis. Isa na rito ang kanyang walang kama-tayang tula at awiting *Ang Bayan Ko*. Pero para sa isyung ito, pinili ang tula niyang *Ang Manggagawa* dahil sa napakatimyas na pagpupugay nito sa uring manggagawa bilang tunay na tagapaglikha sa daigdig at sa buong santinakpan. Itinuturing na isang Marxista o sosyalistang pagtukoy sa uring manggagawa ang tulang ito.

Dumaan sa madugo at masalimuot na pakikitunggali ang kilusang manggagawa sa panimula hanggang matapos ang Ikalawang Digmang Pandaigdig nang mapalayas ang mga mananakop na Hapones hanggang sa pagpasok sa dekada 1960. Muling mahaharap sa panibagong panunupil at panggigipit ang mga manggagawa at ang malawak na mamamayan sa pagbalik ng imperyalismong US. Gayundin ang literatura at panitikang Pilipino. Nangibabaw ang Ingles bilang pangunahing wika sa bansa at ang panitikang Ingles bilang pamantayan ng panitikang Pilipino. Lumawig ang isang kulturang pyudal, burges at kolonyal.

Subalit hindi mapipigil ang kasaysayan. Dahil hindi maihihiwalay ang personal na buhay ng mga manunulat at makata sa pulitikal na aspeto ng buhay, patuloy na umusbong ang mga makabayan at makamasang panitikan hanggang sa mga sumunod na dekada. Maging ang ilan sa mga kinilalang manunulat at makatang Pilipino sa wikang Ingles ay nagpamalas ng pagmamalasakit

sa uring anakpawis at sa kalayaan ng bansa. Hindi nga nagtagal, muling nagpanibagong sigla ang makabayan at pangmasang panitikang Pilipino, sa Ingles man at sa sariling wika sa kumpas ng bagong pambansa-demokratikong rebolusyon.

Mga Bagong Obra sa Bagong Panahon

Ang muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 26, 1968, sa pangunguna ni Jose Ma. Sison, ay isang panandang bato sa kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas. Lubhang malaking pag-unlad ito sa kamalayan, pulitika at organisasyon ng uring manggagawa sa Pilipinas. Noong Marso 29, 1969, itinatag naman ang Bagong Hukbong Bayan o New People's Army.

Inilatag ng Partido ang pagtataguyod at pagsulong ng isang makabayan, pangmasa at syentipikong rebolusyon sa kultura. Sa pagpasok ng dekada 1970, sumiklab ang Sigwa ng Unang Kwarto, at isinilang ang bagong henerasyon ng mga manunulat at makata ng bayan at ng uring manggagawa. Higit sa anumang panahon, sa mga sumunod na dekada at hanggang sa kasalukuyan, nasaksihan natin ang mga rebolusyonaryong tula, dula, kwento at iba pang obrang pansining na inalay sa uring manggagawa.

Isang tampok na halimbawa ang mga dula, skit at yaong tinatawag na `dulang-

1902, Abril

Itinanghal ang unang zarzuela ni Severino Reyes na pinamagatang R.I.P.



1902-1905

Panahon na kung saan itinuring ang teatro bilang teatro ng masa at para sa masa

sangan` (street plays). Hindi maitatatwa na namayani ang dulang proletaryo sa mga taon ng dekada 1970. Marami sa mga ito ay mga dulang inilalapit sa masang pinalilingkuran nito, ang mga manggagawa. Kaya't karaniwan, ang mga ganitong dula'y makikita sa kalye, kapag may martsa; sa mga pabrika, kapag may piket o welga; sa mga pinagdarausan ng teach-in; o sa bukid man o saanmang lugar na maaaring pagtipunan ng mga manggagawa.

Hindi lamang karukhaan ng mga manggagawa, ng kalyo at ugat sa kanilang mga braso ang ipinakita sa mga dula. Nanawang din sila ng pagkilos, ng pagbubuo ng tunay na rebolusyonaryong unyon, ng pakikipagkapit-bisig sa iba pang demokratikong uri hanggang sa pagsapi sa Bagong Hukbong Bayan at ng pagtanaw sa sosyalismo. Ganito ang tema ng dulang *Welga! Welga!* ng Panday Sining. Isinakwento sa artikulong *Welga! Welga! at Piketlayn ng Bayan* ang kapangyarihan ng proletaryong dula.

Maraming tula rin ang maaaring banggitin. Mula sa librong *Ang mga Rebolusyonaryong Tula: mula 1972-80's* at sa iba pang koleksyon, nahalukay ang ilang tulang nag-aalay sa mga bagong martir ng kilusang manggagawa sa bagong panahon tulad ng *Mayo Uno* (Alay kay Liza Bando), at ang *Elihiya kay Bert Olalia* (halaw ni Pete Lacaba mula kay Nina Serrano).

Sa pagpasok sa bagong panahon, ka-



pansin-pansin ang pagsibol at patuloy na pag-agos ng mga tulang mula sa kanayunan ng iba't ibang rehiyon tulad ng *Ang Anak ng Minero* mula Cordillera, *Ihayag Mo Ang Iyong Poot, Anakpawis* ni Kasamang Vox, isang kadre at Pulang mandirigma sa Cagayan Valley hanggang sa *Ang Himig ng Digmang Bayan* na nagmula naman sa Silangang Mindanao. Mga senyales ng paglaganap ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan sa pangunguna ng BHB. Panibagong pagpapahalaga naman ang ibinigay ni E. San Juan kay Crisanto Evangelista sa kanyang tulang *Pasyon ng Manggagawa*.

Kasabay ng obra ng mga bagong kabataang manunulat, nariyan din ang mga tulang tulad ng *Ang Manggagawa* ni Kris Montanez at *Ang Gitnang Kapatagan* ni Jose Ma. Sison — mga datihan nang pangalan sa larangan ng rebolusyonaryong sining at panitikan.

Bukod sa mga panitikang nabanggit na, tumampok din ang ilang pelikulang pang-manggagawa. Katulad ng moro-moro,

1902,14 Hunyo

Itinanghal sa Teatro Zorilla ang zarzuela ni Severino Reyes na Walang Sugat. 500 beses ito ipinalabas.



1902,7 Hulyo

Unang itinanghal ang dulang Tanikalang Guinto ni Juan Abad.

zarzuela, bodabil noong unang panahon, ang pelikula ay dinala rito ng mga dayuhang mananakop at ginamit para patatagin ang kanilang paghahari. Subalit katulad rin ng mga sinaunang zarzuela, ang pelikula ay maaaring gawing mabisang sandata para pukawin at pakilusin ang mamamayan, kahit na sa gitna ng matinding pasismo. Sa panahon ng pasistang diktadura, niyanig sa galit ng pelikulang *Sakada* ni Behn Cervantes ang diktadurang Marcos, kung kaya naman na-ban ang pelikula. Sa pelikulang ito narinig ang awiting *Bakit Kaya Nagkaganyan*. Sa dekada 1980, napanood naman ang *Sister Stella L* ni Mike de Leon, na nagpasikat sa awiting *Manggagawa*. Isang malakas na sampal naman sa patakaran ng rehimeng US-Ramos sa mga “bagong bayani” ng bansa, ang ipinarating ng pelikulang *Flor Contemplacion* ni Joel Lamangan.

Marami pang ibang anyo ng sining na matutunghayan ang matatag na paninindigan, talas ng pananaw at katapangan sa pakikibaka ng manggagawang Pilipino. Nariyan ang mga poster, komiks, mural, effigy at mga awiting nagpapataas ng moral, nagbibigay-aliw, nagpapasigla at nagpapakilos at higit sa lahat ay tumutugon sa mga kagyat na suliranin at isyu ng masang manggagawa. Sa balagtasang *Kontra-Diksyon* ni Ka Lope Bagtas, madadalumat na ang pakikibaka ng uring manggagawa para sa karampot na dagdag sa sahod ay isang

buhay-at-kamatayang pakikibaka ng masang anakpawis.

Sa kalahatan, ang mga bagong sibol na rebolusyonaryo at proletaryong panitikan ay kakakitaan ng mga sumusunod: ang makasining at matalas na pagdala ng linya at mga panawagan ng pambansa-demokratikong kilusan; inspirado ng Dakilang Proletaryadong Rebolusyong Pangkultura sa Tsina at ang malaking papel ng mga grupong pangkultura ng kabataan, laluna sa unang bahagi ng dekada '70. Tampok dito ang Panulat Para sa Kaunlaran ng Sambayan (PAKSA), Panday Sining, Gintong Silahis, Kamanayang, Tanghalang Bayan, at sa larangan ng sining biswal ang Nagkakaisang Progresibong Artista at Arkitekto (NPAA). Sa mga



1902, 2 Agosto

Naglunsad ng kauna-unahang kordinadong welga ang mga manggagawa sa pangunguna ng UOD.



1902, 3 Agosto

Itinatag ang Iglesia Filipino Independiente (IFI) sa pangunguna ni Don Belong

sumunod na dekada sumulpot ang mga bagong grupo at organisasyong pangkultura ng manggagawa, kabataan, estudyante, mga propesyunal na artista at manunulat na patuloy na lumilikha, tumatangkilik at nagsusulong ng proletaryong sining at panitikan.

Sa talumpati ni Jose Ma. Sison sa pagbubuo ng Makabayang Alyansa sa Sining Anakpawis (MASA) noong 1985, mas nilinaw niya ang lakas at papel ng sining sa buhay at pakikibaka ng masang anakpawis. Aniya:

“Tungkulin ng artista na masapol ang esensyal at tipikal sa panlipunang sitwasyon at gumawa ng likhang-sining bilang isang magandang kabuuan na tumitibok na sa nadaramang karanasan ng tao, ay naglalahad pa ng pangkalahatang kabuluhan. Ang katangi-tanging likhang-sining ay kapwa nakaaaliw at nakapagpapaliwanag.”

“Ang mga likhang-sining para sa mga manggagawa ay hindi lamang para sa makaisang-panig na paglalarawan ng kondisyon sa ekonomya at pulitika at mga pakikibakang manggagawa. Ang mga obrang ito ay dapat ring magsilbing inspirasyon ng mas maraming manggagawa upang makilahok sa pakikibaka at maitaas ito sa mga bagong antas. May diyalektikong ugnayan ang gawaing pangkultura at iba pang anyo ng pakikibaka.”

Mga Bagong Martir at ang Patuloy na Pakikibaka

Mahaba na ang binaybay at sinuong ng Rebolusyonaryong Kilusang Manggagawa. Sa loob ng 100 taon, dalawang kilusang pagwawasto ng Partido Komunista ng Pilipinas ang tinahak nito. Dalawang makasaysayang People Power o pag-aalsang EDSA ang militante din niyang nilahukan. At sa bawat pagkakataong ito, saksi ang buong mamamayan sa matalas at militanteng pangunguna ng uring manggagawa sa paglaban sa mga sagad-saring reaksyunaryong uri at pamahalaan, sa mga oportunidad at dilawang unyon at mga rebisyonistang taksil na mga kaaway ng uring manggagawa at ng sambayanang Pilipino.

Pawis, dugo at buhay ang puhunan at patuloy na iniaalay ng manggagawang Pilipino para makamit ang demokrasya at pambansang kalayaan. Kung kaya't sa isyung ito ay mataos ding pinarangalan ang mga bagong martir ng uring manggagawa sa panahon ng bagong pambansa-demokratikong kilusan. Pinangungunahan ito ni Kasamang Bert Olalia, tinaguriang “Grand Old Man” o “Angry Old Man” ng kilusang unyon. Mahahabi ng buhay ni Ka Bert ang halos buong kasaysayan ng kilusang unyon sa bansa. Binabaybay din sa isyung ito ang mahabang buhay ni Ceferino Lacara o mas kilala sa pangalang Ka Tatang.

Sa loob ng 100 taon, nagkalaman, nagkakulay at nagkaroon ng bagong rebolusyo-

1902, 9 Agosto

Nagwelga ang mga manggagawa sa Commercial Tobacco Factory sa Malabon.



1902, 17 Agosto

Inaresto si Don Belong sa salang sedisyon at rebelyon.

naryong hugis at anyo sa mga dula, tula, nobela, pelikula at iba pang obra ang mga hinaing at adhikain ng nakikibakang manggagawang Pilipino. Nagbabago ang tungkulin ng mga likhang-sining sa bawat yugto ng kasaysayan. Ang malinaw ay ginamit at patuloy itong ginagamit bilang matalas na sandata ng pagbabago, ng paglaban sa dayuhan at lokal na mananalanta. Sandata para sa paglaya ng uring manggagawa at ng buong mamamayan, at sa pagtatatag ng isang bagong malayang lipunan, hanggang sa pag buwang-liwayway ng sosyalismo.

Kasabay ng mainit na pagsalungat sa mga “agilang” naglipana sa ating kapaligiran ngayon, ang bawat obrang sining ay nagig-

ing salamin ng mga bagong tunggalian sa lipunan, ng mga bagong paghamon. Ang mga obra’y hindi na sa birhen inihahandog kundi sa Inangbayan. Ang bawat hampas ng kamao at maso ay iniuumang hindi na sa mga Kastila kundi sa mga bagong dayuhang nagkukunwaring mga kaibigan at sa mga lokal na reaksyunaryong kaaway. Nariyan pa rin ang pag-iibigan at kababalaghan sa mga dula, kwento at tula. May hinagpis pa rin ang simula. Pero ngayon, ang mga ito ay nilalagyan na ng mga bagong sangkap at kalamnang rebolusyonaryo, sa nagpapatuloy na pakikibaka laban sa rehimeng US-Arroyo.

Dagdag pa ni Jose Ma Sison:

“Mahalaga at kinakailangang bahagi ng kilusang manggagawa ang gawaing pang-kultura. Upang lumitaw na taliba ng pambansa-demokratikong rebolusyon, kailangang magbunsod ng mga pakikibaka at magkamit ng mga tagumpay ang proletaryado, hindi lamang sa ekonomya at pulitika, kundi pati sa kultura.”



1902, 26 Agosto

Itinanghal ang anti-kolonyalistang drama simbolikong Malaya ni Tomas Remigio.



1902, 29 Agosto

Nahatulan si Don Belong ng apat na buwang pagkakabilanggo sa salang sedisyon.

MAPULANG PAGBATI SA IKA-100 TAON NG KILUSANG PAGGAWA SA PILIPINAS!

*Mula sa Rebolusyonaryong Konseho ng Kilusang Unyon
(Revolutionary Council of Trade Unions - RCTU)*



ANG 100 TAON SA MAKASAYSAYANG PAKIKIBAKA NG URING MANGGAGAWA sa mundo ay isang maigsing kabanata lamang kung ikukumpara sa epikong pakikipagbuno ng masang anakpawis laban sa matinding pagsasamantala't pang-aapi. Pero ang nakaraang 100 taon sa dahon ng kasaysayan ng manggagawang Pilipino ay isang makabuluhang pagsulong, isang kinakailangang pagtugon, para tuparin ang dakilang misyon ng kanyang uri para sa lahat ng pinagsasamantalahan at inaapi.

Ang kilusang paggawa sa Pilipinas ay nakapagbigay ng di-matatawarang ambag sa makauri at makabayang pakikibaka nang iginuhit ang nakaraang 100 taon. Ito'y sa panahong naghihingalo na ang sistemang kapitalista sa yugto ng imperyalismo at sumusulong ang proletaryong rebolusyon sa daigdig kabilang ang mga militanteng pakikibaka at armadong rebolusyon para sa pambansang pagpapalaya.

Ang imperyalismong US ay madugong nanakop, naghahari at nandarambong sa ating bayan. Naninibasib ito ngayon sa pag-atake sa kilusang paggawa. Katuwang ang lokal na reaksyunaryong estado, paulit-ulit na dinarahas, hinahati at sinusupil ang mga manggagawa. Katoto ang mga dilawan tulad ng mga aristokrata sa TUCP, FFW at mga oportunistang taksil tulad ng nasa BMP-PMP, SKM-SPP, NCL, at Alab-

Katipunan, nilalason nila ang isip at pilit inililigaw ang pakikibaka ng mga manggagawa. Pero patuloy na lumalakas ang ating mga rebolusyonaryong unyon. Ito'y dahil sa wastong proletaryo-rebolusyonaryong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa masikhay na armadong pakikibaka ng Bagong Hukbong Bayan at matatag na pagkakaisa at paglaban ng sam-bayanan sa pamamagitan ng Pambansang Nagkakaisang Prente ng Pilipinas.

Lumilingon sa nakaraan ang mga manggagawa. Pero, taglay ang mga ginintuang aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, nakatanaw ito nang pasulong sa maningning na hinaharap. Hindi pa tapos ang kasaysayan. Isang bagong kabanata pa nga ang ating isusulat – sa tanglaw ng di-nagmamaliw na liwanag.

Sa ngayon, patuloy na lumalakas at

1903, 2 Pebrero

Ipinagdiwang ang unang anibersaryo ng UOD sa Cine Obrero. Bagong pangulo si Dr. Dominador Gomez.



1903, 12 Pebrero

Namatay si Jose Palma, awtor ng mga titik ng Pambansang Awit.

lumalawak ang kilusang manggagawa sa mga pabrika't komunidad, sa mga minaha't plantasyon, sa mga enklabo't export processing zone, sa mga lunsod at nayon. Paparaming aktibista ang nagbubuo ng Pulang Brigadang Manggagawa. Isinusulong ang kilusang unyon, welga at protesta bilang instrumento ng pambansang demokrasya. Daan-daan hanggang libu-libo pa ang tinatanggap at sinasanay ng Partido at Hukbong Bayan mula sa hanay ng manggagawa bilang mga pulang kadre't mandirigma.

Kaisa ang sambayanan, laluna ang nakararaming aping magsasaka, papupulahin ng manggagawang Pilipino ang

Silangan nang hindi pa nasasaksihan sa tanang kasaysayan ng mundo. At sa pag-ukit ng bagong kabanata natin sa sosyalismo, tatanghalin nito dili't iba kundi ang dakilang manggagawa't anakpawis na Pilipino kaisa ang nakikibakang mamamayan sa buong mundo!

Mabuhay ang magiting na pakikibaka ng manggagawang Pilipino sa nakaraang 100 taon!

Ipagwagi ang pambansang demokrasya't kalayaan! Sosyalismo'y itatag at isulong!

Ibagsak ang imperyalismo at lahat ng lokal na reaksyon!



1903, Abril

Nagbanggaan si Dr. Gomez at Gob. Taft hinggil sa pagdiriwang ng Mayo Uno sa Pilipinas.



1903, 1 Mayo

100,000 na manggagawa lumahok sa pinakaunang pagdiriwang sa Pilipinas ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa.

MGA DAKILANG LIDER-OBRERO AT MANUNULAT

nina Maria May Paglaum, Stella Magtanggol, Lope Bagtas at Pablo Makata

MABILIS NA SUMULONG ANG MONOPOLYO KAPITALISMO SA MGA TAON NG 1920. At sa mabilis na paglawak ng industriya at pangangalakal sa Pilipinas (na bagamat sa kalakhan ay atrasado at agrikultural), lumaki ang bilang ng uring manggagawa sa bansa.

Sa Pilipinas, unang sumibol ang mga manggagawa sa mga riles, pantalan, asukarera, pabrika ng tabako at sigarilyo, imprenta, talyer, bahay kalakal at iba pa.

Mula sa mga *gremio* (ang unang mga organisasyong manggagawa sa Pilipinas), nabuo ang mga unyon bilang resulta ng pang-ekonomyang pagsasamantala at pagpasok ng mga komunista at sosyalistang ideya mula sa Kanluran.

Nakatulong ang pag-unlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon sa pagusbong ng mga unyon ng manggagawang Pilipino. Napabilis nito ang ugnayan ng mga manggagawa mula sa iba't ibang lugar. Pero ang pakikibaka laban sa pang-ekonomyang pagsasamantala at dayuhang kontrol at para sa pampulitikal na kalayaan, ang nagtakda ng mga kondisyon para sa pagsulong ng kilusang manggagawa sa Pilipinas sa maagang panahon nito.

Sa pakikibakang ito, naging mahalagang armas ng proletaryong kilusan ang mga dyaryo. Maraming pang-manggagawang pahayagan at peryodiko ang nagsilbing mitsa ng pagmumulat at pagtataas ng makauri at pampulitikang kamalayan ng

mga manggagawa, hanggang sa pagusbong at pagsulong ng mga unyon at pederasyon ng manggagawa.

Sumulpot ang mga manunulat sa Tagalog tulad nila Hermenegildo Cruz, Lope K. Santos, Faustino Aguilar, Gabriel Beato Francisco at Carlos Francisco. Inilabas nila ang mga pahayagan at magasing tulad ng *Balagtas* (1907), *Razon* at ang bersyong Tagalog nito na *Katwiran* (1900), ang lingguhang dyaryo na *Oras* at ang *Trabajo* (1919). Ang *Manggagawa* ay lumabas naman noong 1927. Ang buwanang tagalog na pahayagang *Himagsikan* na naging dyaryo ng KPMP (Kalipunang Pambansa ng mga Magsasaka sa Pilipinas) ay lumabas noon ding 1927. Sinuportahan at itinaguyod nito ang militanteng panawagan ng armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan.

Bukod sa mga artikulo at balitang tumalakay sa usapin ng paggawa, naglathala rin ang mga pahayagang ito ng mga tulang nagpupugay sa paggawa, nagtataguyod sa karapatan ng mga manggagawa para sa malayang asembliya at nananawagan ng welga at protesta.

Lumabas din sa panahong ito ang *Katu-*

1903,10 Mayo

Ipinagbawal ang pagpapalabas ng Tanikalang Guinto ni Juan Abad. Hinuli siya't ikinulong sa kasong subersyon.



1903

Dumating si Edward Rosenberg ng American Federation of Labor na isa sa nagpasimuno ng panghahati sa

busan, Anakpawis (Pahayagang tagapamansag ng Kalipunang Pambansa ng mga Magbubukid sa Pilipinas), *Manananggol* (Pahayagan ng Samahan sa Pagtatanggol ng mga Manggagawa at Magbubukid), at ang *Lagablab* (Pahayagan ng Union de Servidores de Filipinas).

Halos mag-iisang taon pa lamang matapos ang makasaysayang pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Nobyembre 7, 1930, inilabas kaagad nito noong 1931 ang upisyal na pahayagan nitong *Titis*. Nilayon nitong pataasin ang makauri at pampulitikang kamalayan ng mga manggagawa at magsasaka.

Noong Mayo 2, 1931 isyu, idiniin nito, bukod sa iba pang bagay, ang rebolusyonaryong pakikibaka laban sa umiiral na sistema sa pamumuno ng uring dala ang radikal na tanikala. Tinukoy nito ang halaga ng pagkakaisa ng mga manggagawa para maisagawa ang pangkasaysayang misyon nito sa pagpapalaya ng sarili at ang pinakamaasahan nitong alyado—ang uring magsasaka. Narito

ang halimbawa mula sa editorial ng *Titis*:

“Salubungin natin ang Unang Araw ng Mayo at buhayin ang kanyang diwang mapanghimagsik: ang paglalabanan ng mga uri, upang sa pamamagitan ng mapanagumpay na pagkakaisang hanay at pakikibaka ng mga anakpawis ay maganap kapagdaka ang kanyang makasaysayang tungkulin (historical mission): Ang matubos ang mga manggagawa at magbubukid, at maparam sa balat ng lupa ang panghuhuthot at panglulupig ng mga burges.”

Maraming lider-obrero ang iniluwal ng kilusang manggagawa at kilusang mapagpalaya. Sina Isabelo delos Reyes, Crisanto Evangelista, Amado V. Hernandez at Carlos Bulosan ay ilan sa mga tampok na bukod sa pagiging mga lider-obrero ay mga dakilang peryodista, manunulat at makata din ng uring manggagawa at ng buong bayan. Sila’y nag-alay ng kanilang pagod at panahon, husay at galing, pati dugo’t buhay upang mabigyan ng maaliwalas na bukas ang uring anakpawis at ang buong sambayanang Pilipino.



1903, 14 Mayo

Hinuli ang mandudula’t lider manggagawa na si Aurelio Tolentino sanhi ng dula niyang Kahapon, Ngayon at Bukas.



1903, 20 Mayo

Inaresto si Dr. Gomez sa utos ng rehimeng US sa pamumuno ni Governor Taft.

1864 - 1938

REBOLUSYON AT PEDERASYON

Isabelo “Ka Belong” F. de los Reyes

SI ISABELO DELOS REYES AY NAKILALA bilang isang mahusay na manunulat, makabayang lider, at tagapagtatag ng unang pederasyon sa Pilipinas, ang Union Obrera Democratica (UOD).

Bilang isang manunula saysayan, kinilala siya bilang “Ama ng Folklor” ng Pilipinas noong 1886 at binansagan ding “rebel journalist” matapos niyang batikusin sa mga pahayagang Kastila ang pagsasamantala ng mga maykapangyarihan sa lipunan.

Kabilang din siya sa rebolusyon ng 1896, kung kaya’t ipinatapon siya ng kolonyalistang gobyerno sa piitang El Castillo de Montjuich sa Barcelona, Espana noong 1897. Dito niya nakuha ang kanyang mga unang aral sa tunggalian ng mga uri, sosyalismo at komunismo. Lumaya si Don Belong noong 1898 at tumungo siya sa Madrid para tumulong sa mga samahan ng Pilipino doon.

Matapos ang paglagda sa Treaty of Paris, naging bahagi si Don Belong ng mga protesta at propaganda laban sa Estados Unidos. Inilathala niya ang pahayagang *Filipinas Ante Europa* at *El Defensor de las Filipinas*. Noong 1901 ay inilathala naman niya ang *Independencia Y Revolucion* na nanawagan at nag-udyok ng pag-aalsa laban sa imperyalistang Amerikano. Nang sumunod na taon

ay pinagpasiyahan niyang umuwi ng Pilipinas upang tumulong sa pakikibaka laban sa bagong kolonyalista.

Pagdating sa Pilipinas ay kaagad siyang nakipag-ugnayan sa mga kilalang lider-unyonista, kabilang si Hermenegildo Cruz—pinamunuan nila ang pagtatatag ng Union Impresores de Filipinas (UIF).

Bilang isang lider-obrero, kinilala si Don Belong bilang “Ama ng Kilusang Paggawa ng Pilipinas” dahil sa kanyang pagbubuo ng Union Obrera Democratica (UOD) noong ika-2 ng Pebrero taong 1902. Itinatag ni Don Belong ang UOD bilang pederasyon ng 33 *gremio* ng mga manggagawa sa mga arsenal, paggawaan at palimbagan. Matapos maitatag ang UOD, pinamunuan ni Don Belong ang sunud-sunod na welga ng mga manggagawa para sa pangkalahatang pagtataas ng sahod.

Nagpahayag ang UOD na hindi lang ito kikilos para sa pang-ekonomyang kahilingan

1903

Itinatag ang opisyal na pahayagang Los Obreros ng UOD.



1903, 29 Mayo

Sabayang nireyd ng mga pulis ang bahay ni Dr. Gomez at palimbagan ng pahayagan ng UODF na Los Obreros.

ng mga manggagawa, kundi hihikayatin din ang malawak na sambayanan upang kumilos at lumaban para sa kalayaan.

Bilang isang manunulat at lider, batid ni Don Belong ang halaga at bisa ng pahayagan sa pagmumulat at pag-oorganisa. Kaya't siya mismo ang naging patnugot ng pahayagan ng UOD, ang *La Redencion del Obrero*. Inilathala dito ang zarzuela na may pamagat na *Pobres y Ricos*. Tinatalakay sa dulang ito ang usapin ng katarungang panlipunan, at isinalarawan ang kahabag-habag na kalagayan sa paggawa at pamumuhay ng mga manggagawa:

“Ang buhay ng mga maralitang manggagawa ay tunay na kahabag-habag at kalunus-lunos. Sila ang lumilikha ng lahat ng kanilang pangangailangan, namumuhay sa masikip at tagpi-tagping mga barung-barong na nakatirik sa nakasusulok at maduduming pusalian (na nagdudulot sa kanila ng iba't ibang tipo ng sakit gaya ng trangkaso, beri-beri, tuberculosis, sakit sa balat); sa bungad ay matatagpuan ang may tatlo o apat na pamilyang nagsisiksikan sa maliit na espasyong binabayaran nila sa napakataas na halaga.”

Sa katapusan ng dula, ang mga manggagawa ay hihikayatin niyang kumilos:

Silang mga maralita ay nabubuhay sa kaawa-awa at kalunus-lunos na kalagayan dahil sila'y walang unyon. Kailangan nilang igiit ang kanilang karapatan, magkaisa at

buong tapang na kumilos!”

Naalarma ang kolonyalistang Amerikano sa pagkakatatag ng UOD, at sa paglawak at pagtaas ng kamulang anti-imperyalista ng manggagawang Pilipino. Ipinag-utos ni Gobernador Heneral William Howard Taft ang pag-blacklist at pagmanman sa mga unyonista.

Noong Agosto 29, 1902 dinakip si Don Belong, at hinatulan ng apat na buwang pag-kakabilanggo sa paglabag sa ika-543 Artikulo ng Kodigo Penal na nagbabawal sa mang-gagawang puwersahan na itaas ang sahod, o “*conspiracy to raise the price of labor*”. Malinaw na si Don Belong ay biktima ng isang plana-dong atake ng panunupil ng kolonyalistang Amerikano sa sumisibol na kilusang manggagawa at kilusang anti-imperyalista.

Nag-petisyon ang mga manggagawa kay Gov. Gen. Taft, at pinalaya si Don Belong makalipas lamang ang dalawang buwan. Sa tindi ng panggigipit ng kolonyal na guberno, nag-bitiw si Don Belong sa pagkapangulo ng UOD.

Samantala, nagpatuloy ang UOD sa kilusang paggawa, sa ilalim ng pamumuno ni Dr. Dominador Gomez. Batay sa mga inilatag na prinsipyo at layunin ng organisasyon sa panahon ni Don Belong, umunlad pa at sumulong ang organisasyon at pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan ng manggagawa.

Si Don Belong ay nasawi noong ika-10 ng Oktubre 1938 sa gulang na 74.

1903, Hulyo

Nagwelga ang mga manggagawa sa Manila Railway and Electric Company (MERALCO) bilang protesta sa pagkaaresto kay Gomez.



1904

Hinuli at hinatulan ng habang-buhay na pagkakakulong si Aurelio Tolentino. Siyam na

1888-1942

DAKILANG UNYONISTA'T KOMUNISTA

Crisanto “Ka Anto” Evangelista

SI CRISANTO EVANGELISTA ANG KAUNA-UNAHANG pangulo at tagapagtatag ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas, ang kinikilalang ama ng militanteng unyonismo, mahusay na makata, manunulat at mananalumpati.

Ipinanganak si Ka Anto, sa Meycauayan, Bulacan noong Nobyembre 1, 1888. Si Ka Anto ay nagsilbing pangkalahatang kalihim ng Union Impresores de Filipinas noong 1906 at naging tagapangulo nito noong 1918. Sa kanyang pamumuno, matagumpay na naisagawa ang mga *collective bargaining agreements* (CBA) bilang bahagi ng pakikipaglaban ng uring manggagawa para sa makatwirang dagdag na sahod at kabu-hayan.

Dahil sa lumalalim na pag-unawa at paninindigan para sa uring anakpawis, naisulat ni Crisanto ang 16-estropang tulang may pamagat na *Ang Sigaw ng Dukha* noong 1913. Binigkas niya ito sa isang programa ng pagdiriwang sa ikalawang taon ng Kapisanang Damayang Mahihirap.

Tumayo siya bilang tagapagtatag at organisador ng pederasyong Congreso Obrero de Filipinas (COF) noong taong 1913.

Dahil sa pagsulong ng militanteng kilusang manggagawa, at sa pagnanais ng kolonyal na pamahalaang Amerikanong pahupain ang pagkilos ng mga manggagawa, hini-rang ni Manuel L. Quezon si Ka Anto sa Misyong Pangkalayaan bilang kinatawan ng uring manggagawa. Sa halip na umasa sa Estados Unidos, umugnay si Ka Anto sa mga sosyalistang lider-manggagawa ng Amerika. Sa kanyang pagbalik sa Pilipinas, tangan niya ang syentipikong sosyalistang teorya ng pagbabago sa lipunan.

Sa panahong ito, sinulat ni Ka Anto ang manipestong *Manggagawa: Ano ang Iyong Ibig?* (1925). Binalangkas at binuod niya dito ang mga kahilingan ng proletaryado sa aspetong panlipunan at pangrelihiyon.

Sa pagkakahati ng COF sa dalawang magkaibang pampulitikang linya, naisulat ni Ka Anto ang manipestong *Nasyonalismo-Proteksyonismo vs. Internasyonalismo-Radi-*

1905

Naganap ang Rebolusyong 1905 sa Rusya.

**1906**

Inilimbag ang nobelang Banaag at Sikat ni Lope K. Santos.

kalismo na nagsilbing manipesto ng itatayong Katipunan ng Anakpawis sa Pilipinas (KAP).

Sa manipestong ito, nanawagan si Ka Anto ng kagyat na pagtatayo ng mga komite sa pagawaan bilang pangunahing hakbang sa pagbubuo ng unyon sa mga industriya. Itinakwil nito ang kanangpanig na linya na nagsabing ang kalutasan ng mga suliranin ng manggagawa ay nasa mapayapang relasyon sa pagitan ng kapital at paggawa. Binigyang diin din niya dito ang pangangailangan sa pambansang soberenya, at higit sa lahat ang konsepto ng nagkakaisang prente at ang internasyunal na pakikipagkapatiran sa mga kauring manggagawa at unyon:

“Ang magsabing ang Pilipinas ay mabubuhay nang hindi lalabas sa guhit ng kanyang pagkabansa, o hiwalay sa malawak na daigdig, kung di man mga lorong natutong magsalita dahil sa pinutlan ng dila ng nakabiling panginoon, ay mga tunay na karilyong may pising nagpapagalaw sa dakong likod.

Iyan ang dahilan kaya kami naging Internasyonalista; kaya kami nakikipag-talastasan, nakikipagkaibigan at nakikitulong sa pandaigdig na kilusang manggagawa. Ang kalaban ng ating bayan, maging sa gawi ng ekonomika at maging sa dako ng pulitika ay hindi pambansa lamang kundi pandaigdig. Kung pandaigdig, kailangan nating humanap ng paraan upang makiisa sa mga kilusang pandaigdig na kala-

ban ng imperyalismong internasyonal. Dapat tayong makiisa...mga tulad nating kolonya... makipag-unawaan, makisama at makipagkaibigan at makipagtulungan sa mga manggagawa sa mga bansang kapitalista at imperyalista upang sa pamamagitan ng pagtutulungan at sabay-sabay na paglaban ay mapapanghina natin ang imperyalismong Pandaigdig na kalaban ng ating bayan...lahat ng kolonya at... ng kanilang mga manggagawa at magbubukid na kalahi at kababayan.”

Sa pamumuno ni Ka Anto at ni Antonio Ora, itinayo ang Katipunan ng Anakpawis sa Pilipinas (KAP) noong Mayo 12, 1929. Natipon dito ang may 130 delegado mula sa 22 unyon at asosasyon, mga samahang magsasaka sa ilalim ng Kalipunang Pambansa ng mga Magsasaka sa Pilipinas (KMMP), kinaunuan ay pati mga manggagawa ng tabako.

Inihanda ng KAP, sa isang mapanubok na panahon, ang masang manggagawa't magsasaka para itatag ang isang partido pulitikal ng masang anakpawis na nakipaglaban para sa pambansang kalayaan.

Sa pagsulong ng makauring kamalayan ng mga manggagawa, naitatag ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pangunguna ni Ka Anto noong Agosto 26, 1930. Sa bandila ng Marxismo-Leninismo, ang PKP bilang rebolusyonaryong alyansa ng uring manggagawa at magsasaka ay naglayong pabagsakin ang imperyalismong EU at isulong ang sosyalistang rebolusyon.

1906,12 Marso

Isinulat ni Mark Twain, isang Amerikanong nobelista ang isang artikulo hinggil sa pagmasaker ng mga sundalong Amerikano sa 600 Moro sa Bundok Dajo.



1906

Inilathala ni Maxim Gorky, rebolusyonaryong manunulat ng Rusya, ang kanyang akdang Ang Ina.

Matapos ideklara ng kolonyal na Korte Suprema na ilegal ang PKP noong Disyembre 1933, naganap ang sunud-sunod na pag-aresto sa mga manggagawa at lider-obrero kabilang na si Ka Anto na ipinatapon sa malayong lalawigan.

Hindi alintana ang lungkot at demoralisasyong dulot ng pagka-destiyero, isinulat ni Ka Anto noong 1934 sa Araw ng Paggawa, ang manipestong *Pagbabangon ng Bayang Dukha ang Katuturan ng Pasko ng mga Manggagawa na Ipinagbubunyi*:

“Ang unang araw ng Mayo, na siyang Pandaigdig na Araw ng Paggawa, ay hindi isang araw na pangkaraniwan lamang. Iya’y hindi likha lamang sa pamamagitan ng batas o sa kagandahang-loob ng mga burges. Iya’y araw na isinilang at nakilala sa larangan ng madugong labanan ng mga uri (class struggle). Ang kanyang kasaysaya’y may kakambal na di-

madalumat na pagpapakasakit, ng magiting na pakikibaka ng mga dukha laban sa uring manlulupig at manghuhuthot. Iya’y hindi lamang ukol sa ikaiiksi ng oras ng paggawa, hindi lamang sa ikatataas ng sahod, hindi lamang sa ikabubuti ng pasunod sa pagawaan at kabukiran o sa pansamantalang ikaluluwag sa kabuhasan ng sambayanang api. Higit sa lahat, ang Unang Araw ng Mayo ay isang araw ng pagtutol at paglaban sa kaparaanang kapitalista na nakasalalay sa paghuthot at paglupig. Sa araw na iyan ay iminulat ang mga anakpawis sa katotohanang sa pamamagitan ng pakikibaka matutuklasan ang kanilang ganap na ikatutubos.”

Oktubre, 1937 nang bumalik si Ka Anto mula sa pagka-destiyero sa Mountain Province. Tumungo siya sa Rusya upang ipagamot ang kanyang tuberkulosis. Samantala, pinaghahandaan na ng PKP ang



Si Ka Anto (gitna) kapiling ang kapwa lider-obrero at ilang kaibigan.

1907

Isinulat ni Aurelio Tolentino Ang Bagong Kristo, unang sosyalistang dula sa Asya.



1907

Itinatag ang samahang anakpawis na Dimas Alang nina Patricio Belen at Claudio P. Carreon.

lumalaking banta ng pasismo sa daigdig at pagbubuo ng popular na prente laban dito sa panawagan ng Communist International. Noong Agosto 1938, sa manipestong *Ang Mobilisasyon ng Pilipino Laban sa Pananalakay ng Hapon*, nagpahayag ang PKP ng kahandaang makipagkaisa sa lahat ng partido, grupong pampulitika at mga organisasyong manggagawa at magsasaka.

Sa kagustuhang magparami kaagad ng kasapian, pumayag ang PKP sa pagsasanib nito at ng Partido Sosyalista (na may baseng magsasaka). At sa isang kumbensyon noong Oktubre 29-31, 1938 ay pinagsanib ang dalawang partido. Nahalal si Ka Anto, kahit hindi nakadalo, bilang pangulo, at si Guillermo Capadocia bilang pangkalahatang kalihim. Ang pagsasanib na ito ay nagbunga ng pagpuslit ng mga elementong petiburges na kalauna'y nagdulot ng mga kahinaan sa partido.

Sa pagtatapos ng 1939, nabuo ang isang nagkakaisang prenteng antipasista. Sa panahong ito ay nakabalik na si Ka Anto sa agos ng rebolusyonaryong kilusan. Noong Disyembre 7-10, 1941, sa kagyatang pulong ng Komite Sentral ng PKP, pinagtibay ang armadong paglaban sa mga mananakop na Hapon. Sa taon ding ito inilathala ni Ka Anto ang kanyang mahabang sanaysay na antipasista na may pamagat na *Patnubay sa Kalayaan at Kapayapaan*. Binalangkas dito ang pan-

gkabuuang programa ng pagkilos ng prente popular o antipasistang nagkakaisang prente. Pumasok ang mga Hapon sa Maynila noong Enero 2, 1942.

Noong Enero 25, 1942, sabay-sabay na pinaghuhuli ang pangunahing lider komunista na sina Ka Anto, Pedro Abad Santos, Guillermo Capadocia, Del Rosario at Dr. Anchahas at ikinulong sila sa Fort Santiago. Pinahirapan at pinatay sina Ka Anto at Del Rosario. Pinalaya pagkatapos ng ilang taon sina Abad Santos, Capadocia at Dr. Anchahas.

Mula sa kanyang pagkamulat hanggang sa paslangin ng mga pasistang Hapon, hindi bumitiw si Crisanto Evangelista sa kanyang mithiing bigyan ng maaliwalas na bukas ang uring anakpawis. Sadyang hindi na matawaran ang kanyang lugar at kontribusyon sa pagsulong ng kilusang manggagawa at rebolusyon.

1907

Inilathala ang sosyalistang nobelang Pinaglahuan ni Faustino Aguilar.



1907,13 Setyembre

Ibinitay si Macario Sakay kasama ang iba pang rebolusyonaryo.

SIGAW NG DUKHA

ni Crisanto Evangelista

Ikaw na nasunod sa atas ng iyong pinapanginoon
Kayong yumuyukod at di nagkukuro sa habang panahon.
Akong lumalasap ng pagkasiphayo at pagkaparool,
Tayong lahat ngani, na binabagsakan ng pula't linggatong.
Tayo ang may likha, tayo ang may sala ng lahat ng iyon,
Pagkat kundi tayo napaaalipi'y walang panginoon.

Kung tayo'y natutong lumikha ng ating ipinanandata,
Kung ikaw at ako'y natutong tumutol at di tumalima.
Kung tayong mga hirap, tayong manggagawa'y natutong kumita
Ng punlong pangwasak ng kanyon at saka, mga dinamita,
Disin ay putol na ang pang-aalipin at ang panggagaga
Sa ating mahirap, niyang pinagpala ng masamang mana.

Maniwala kayong kung sa pasimula tayo'y magpipisan
Bumuo, itatag ang lakas ng bisig at ng karapatan.
Nagbango't yumari ng isang malaya at sariling bayan,
Niyong bayang salat sa masamang nasa at sa kasakiman.
Maniwala kayong kahapon ma't ngayon, bukas at kailanman
Tatanghalin tayong may lakas na tao, may puri't dangal.

Maniwala kayo, mga piling kasamang, ang paghihikahos
Imbing pagkadusta at pagkaalipin nang lubos na lubos
Ay di gawa lamang ng mamumuhunang mga walang taros
Kundi api tayo, tayong sugatan ma'y di nagkakaloob
Na gumawa бага ng pagsasanggalang nang wagas at taos
Upang mapaanyo ang lakas ng lahat sa ikatutubos.

Ngayon, mga kasama, tayo'y dumaraing sa lagay na dusta
Tayo'y nadadagit sa malaking buwis na sa ati'y likha
Ng Batas anilang kung kaya niyari, kung kaya nalagda
Ay sa kagalingan ng bayang mahirap at nagdaralita
Hindi бага ito katutubong hangad sa buktot na gawa?
Kapag paggugugol, pantay-pantay tayo! Mayaman ma't dukha.
Tayo'y dumaraing, laging humihingi ng kandiling tapat.

1908

Inilathala ng El Renacimiento ang edito-
ryal na "Aves de Rapina"
na tumuligsa sa pananakop ng imperyal-
ismong US.



1908

Itinatag ang
Union de Marineros
de Filipinas.


Sa Pamahalaan, sa Mamumuhunan, at sa lagdang batas
 Ngunit masdan ninyo kapag dumarating ang pagpapahayag
 Ng di kasiyahan natin sa pakana't masamang palakad:
 Ang mamumuhunan, ang pamahalaan at ang mga batas
 Ang ating kalaban, ang sumasanla, nang ganap na ganap.

Ginigipit tayo ng nagtataasang halaga ng lahat,
 Sinisikil tayo sa mababang sahod at ng kasalungat
 Tayo'y inaapi ng mamumuhunan sa gawa ng pilak
 Binibiro tayo ng mga hukuman sa hatol na tuwad
 At pati pa halos niyong lalong imbi tayo'y hinahamak
 Ngunit hindi mandin tayo gumagawa ng mga pangwasak.

Kung may damdamin ka't dinaramdam mo ang lahat ng ito,
 Kung may nababahid na kamunting dangal sa puso mo't noo,
 Kung ikaw'y simpanan ng magandang gawa, gawang makatao
 Walang lingong-likod, kusa mong tunguhin nang taas ang ulo
 Nang buka ang dibdib, ang iyong kasama sa isang upisyo
 At isumpa roong makikisama ka nang di naglililo

Isumpa mo roong magtataguyod ka ng ganap na layon
 Mamahalin mo, ang Palatuntunan at ang iyong Unyon
 Gagawa ng lalong matapat sa lahat ng ikasusulong
 Hindi magtatamad sa mga pagdalo na higit sa lasong
 Nanatay sa mithi, na likha ng sama't pagniningas-kugon.

Saka pagkatapos na iyong maganap ang ganang tungkuli'y
 Makikita mo nang unti-unti naman ang lahat ng sakim,
 Ang lahat ng sama na nakapagbigay ng dilang hilahil,
 Pawang napapawing usok na masangsang sa himpapawirin
 At sa kasunod niya'y 'Ang Sigaw ng Dukha' pagwawakas lagim!



1908

Itinatag ang Federacion Obrera
 de la Industria Tabaquera y
 Otros Trabajadores de Filipinas



1908, 13 Abril

Idineklara ng Asembleyang
 Pilipino ang Mayo Uno bilang
 "Araw ng Paggawa"

1903-1970

GAWAD PARANGAL SA DAKILANG REBOLUSYONARYO

Amado V. Hernandez

SI AMADO V. HERNANDEZ AY ISANG DAKILANG MAKATA, NOBELISTA AT manunulat ng rebolusyonaryong kilusang paggawa. Isa rin siya sa mga tagapagtatag ng Congress of Labor Organizations (CLO), ang pinakamalaki at pinaka-militanteng pederasyon ng mga unyon mula 1945-1950.

Si Ka Amado ay ipinanganak noong Setyembre 13, 1903 sa Tondo, Maynila. Hindi niya tinapos ang kanyang kursong Fine Arts sa Unibersidad ng Santo Tomas, bagkus, maagang sumabak sa propesyon ng pamamahayag. Naging patnugot siya ng pahayagang *Mabuhay* mula 1934 hanggang 1941. Marami siyang natanggap na parangal para sa kanyang mga tula at kwento sa panahong ito, isa na rito ang Commonwealth Award noong 1939 at muli noong 1940 para sa koleksyon ng mga tulang *Ka-yumanggi*.

Nang pumutok ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isa si Ka Amado sa mga tumugon sa panawagang ipagtanggol ang pambansang soberenya laban sa mananakop na Hapon. Aniya: *"Nang salakayin at sakupin ng Hapon*

ang ating lupain, iniwan ko ang pasulatan ng pahayagan at sumama ako sa mga gerilya sa Sierra Madre."

Nagsilbi siyang intelligence officer ng Hukbalahap.

Pagkatapos ng gera, itinatag ni Ka Amado, kasama si Cipriano Cid na isa ring manunulat at abugado, ang Philippine Newspaper Guild noong 1945. Sa taon ding ito, sa gitna ng laganap na kasalatan matapos ang imperyalistang digmaan, itinatag ang CLO. Kasama si Ka Amado, binuo ito ng mga militante at makabayang lider-obrero na sina Mariano Balgos, Guillermo Capadocia, Pedro Castro, Felixberto Olalia at Cipriano Cid.

Ngunit ang pagpapabilangang-siglang ito ng


1909

Inilimbag ang anti-imperyalistang nobelang *Madaling-Araw* ni Inigo Ed. Regalado.


1919, 23 Mayo

Nagwelga ang 600 manggagawa ng Meralco para sa dagdag na sahod at pagbabalik ng mga

militanteng kilusang manggagawa ay sinagot ng matinding panunupil ng papet na rehimeng Roxas at nang sumunod na rehimeng Quirino. Noong Marso 8, 1948 ay una nang ipinagbawal ni Roxas ang Hukbalahap at Pambansang Kaisahan ng mga Magbubukid (PKM). Pagdating naman ng 1951, sa gitna ng matinding protesta laban sa Parity Rights, Bases Agreement at Mutual Defense Pact, ipinahuli at kinasuhan ng rebelyon ang mga lider-manggagawa kabilang si Ka Amado.

Dinakip si Ka Amado noong Enero 26, 1951. Limang buwan siyang inkomunikado sa Camp Murphy (Camp Aguinaldo ngayon) bago hinarapan ng sakdal na “rebellion complexed with other crimes”. Hinatulan siya ng limang taon at anim na buwang pagkakabilanggo. Pansamantala siyang nakalaya noong 1956. Pagkalipas pa ng walong taong paghahabol sa kaso, nailabas ang huling hatol na nagpawalang-sala sa kanya, noong Mayo 31, 1964.

Paglaya niya ay ibinuhos ni Ka Amado ang panahon sa mga pampulitika at pangkulturang gawain. Naging patnugot siya ng progresibong pahayagang *Makabayan*, at kinalaunan, ng *Ang Masa*. Nagsulat siya ng mga nobela, dula, tula, ulat (reportage), na nagpapalalim at nagsusulong ng konsepto ng pambansa, syentipiko at pangmasang kultura. Ang koleksyon niya ng tula sa *Isang Dipang Langit*, pati na rin ang mga

nobela niyang *Ibong Mandaragit* (1969) at *Luha ng Buwaya* (1963), ay lumitaw mula sa kanyang matinding pagdurusa sa kulungan. Sa porma at sa nilalaman, nasasalaman sa mga obra ni Ka Amado ang mga pakikibaka sa kalsada, pagawaan, hacienda, pantalan, opisina, klasrum, at kung saan-saan pa. Sa loob ng limang dekada (1921-1970), mahigit 500 tula ang naisulat ni Ka Amado, bukod pa sa mga maikling kwento, nobela at dula.

Marami pang parangal ang iginawad kay Ka Amado. Isa na rito ang Certificate of Merit na ibinigay ng National Press Club sa kanya noong 1958 para sa 25-taong distinguished service to Philippine journalism. Tumanggap din siya ng Cultural Heritage Award para sa *Isang Dipang Langit*. Lahat ng ito ay nagpapatunay ng pagkilala ng malawak na publiko sa husay ng kanyang panulat, at sa kabuluhan ng kanyang obra sa kasalukuyang panahon. Nakatulong ito ng malaki sa pagpapalawak ng naaabot o pagpopularisa ng pambansa demokratikong kultura at hangarin.

Ang tungkulin ng artista at manggagawang pangkultura sa pakikibaka sa kasalukuyang panahon ay natukoy at naipaliwanag ni Ka Amado sa kanyang talumpati noong 1964 nang tanggapin niya ang Manila Cultural Award. Aniya,

“Dati ang artista ay tumatangging maging

1919

Ipinalabas ang unang full-length na pelikulang Tagalog, *Ang Dalagang Bukid*.



1923

Itinatag muli nina Teodoro Sandiko at Vicente Almazar ang Unyon ng Magsasaka sa Pilipinas.



si Ka Amado (gitna, nakaupo) kapiling si Jose Ma. Sison (pangalawa sa kanan, nakaupo), Ka Bert Olalia (pangalawa sa kaliwa, nakaupo) at ilang kasama at kaibigan..

bahagi ng kapalaran ng mamamayan, gayong siya ay direktang kasangkot dito bilang kalahok at kasapi ng lipunan.

Ngunit sinira na ng dalawang Digmaang Pandaigdig ang lumang istruktura ng lipunan. Kung kaya't napilitang bumaba mula sa kanilang tore ang mga artista at intelektwal. Hindi nga ba't iniwanan ng ating mga ninuno ang Paraiso nang malaman nilang walang kailayan dito? Na ipinagbabawal ang tumuklas at lumikha? Ang pagkaalipin sa isip at paniniwala ay katumbas ng kamatayan para sa isang artista. Maaaring siya'y sumuko at hindi na lang kumibo para lamang mabuhay, ngunit siguradong ang katumbas nito ay ang

kamatayan ng kanyang sining. Alam ng artista na siya ay bahagi ng lipunan, isang bahagi na umaambag sa kabuuan, at gayundin ay tumatanggap mula sa kabuuang ito. Katulad ni Antaeus sa mitolohiya, nang labanan nito si Hercules, kailangang palaging nakalapat sa lupa ang paa ng artista, dahil mula sa init at kapangyarihan ng lupa bumubukal ang buhay at lakas ng kanyang pagkatao.

Hindi na kailanman aatras sa kanyang tore ang artista. Hindi na siya kailanman magiging halamang nakabitin sa hangin, hindi nakaugat sa mayamang lupa, lumulutang-lutang sa hangin nang walang kabuluhan. Ika nga ni John Donne, "No man is an island". Tapos na ang

1920

Itinatag ang Komunis Indonesia (PKI) ang unang partido Komunista sa Asya.



1924, 29 Enero

Namatay si Lenin sa edad na 54.

mga araw na ang artista ay katulad ni Narcissus, na nangangalas at sumasamba sa repleksyon ng kanyang sarili. Ngayon, ang artista ay saksi at bahagi ng kagyat na kasalukuyan.”

Namatay si Ka Amado noong Marso 24, 1970. Ang kanyang naging papel sa pagpaunlad ng rebolusyonaryong panitikan at sa rebolusyonaryong kilusang mapagpalaya ay masasalamain sa parangal na ibinigay sa kanya ng Movement for a Democratic Philippines noong Abril 18, 1970:

“Si Ka Amado ay nabuhay, nagsulat, nakibaka at naghirap bilang isang tunay na makabayan at rebolusyonaryo. Ang kanyang sining ay napanday sa apoy ng pampulitikang pakikibaka, habang iniaalay niya ang kanyang buong sarili, ang kanyang buong lakas at diwa, sa lahat ng maaaring paraan, para sa pakikipaglaban sa sistematikong pang-aapi at ligalisadong pagsasamantala.”

1925, 9 Mayo

Inilathala sa Liwayway ang tulang “Bayani” ni Amado Hernandez.



1925,20 Hulyo

Dumating ang komunistang Indones na si Tan Malaka sa Pilipinas; Nakipagkita kina Evangelista at iba pang lider manggagawa sa Pilipinas.

BAYANI

ni Amado V. Hernandez

Ako'y manggagawa; butil ng buhangin,
sa daa'y panambak, sa templo'y gamit din;
buhay ko'y sa Dios utang nga marahil,
nguni't ang palad ko'y utang din sa akin.
Alam ko ang batas: "Tao, manggagaling
sa sariling pawis ang iyong kakanin."

Hubad ang daigdig nang ako'y sumilang
at pikit ang mata ng sangkatauhan:
dahilan sa aki'y kaharia't bayan
ang nangapatayo sa bundok at ilang,
aking pinasikat sa gabi ang araw
at tinanglawan ko ang diwa't ang buhay.

Ako ang nagbangon ng Gresya at Roma,
ako ang nagbagsak sa palalong Troya:
ang mga kamay ko'y martilyo't sandata –
pambuo't panggiba ng anumang pita!
Kung may kayamanan ngayong nakikita,
paggawa ko'y siyang pinuhunan muna!

Ako'y isang haring walang trono't putong,
panginoong laging namamanginoon,
daming pinagpalang binigyan ng milyon
ay ako't ako rin itong patay-gutom;
sila ay sa aking balikat tumuntong,
naging Mamo't Nabob ang dati kong ampon!

Sambundok na ginto ang aking dinungkal,
kahi't na kaputol, di binahagihan!
ang aking inani'y sambukiring palay,
nguni't wala akong isaing man lamang!
ang buhay ng iba'y binibigyang-buhay
habang nasa bingit ako ng libingan!

Ang luha ko't dugo'y ibinubong pawa
sa lupang sarili, nguni't nang lumaya,
ako'y wala kahit sandakot na lupa!
Kung may tao't bayang nangaging dakila,
karaniwang hagda'y akong Manggagawa,
nasa putik ako't sila'y sa dambana!

Kung kaya sumulong ang ating daigdig,
sa gulong ng aking mga pagsasakit:
nilagyan ang tao ng pakpak at bagwis,
madaling nag-akyat-manaog sa langit;
saliksik ang bundok, ang bangin at yungib,
ang kailaliman ng dagat, saliksik!

Ang mga gusali, daan at sasakyan,
ay niyaring lahat ng bakal kong kamay;
sa tuklas kong lakas – langis, uling, bakal,
naghimla itong industriat kalakal;
nguni't lumawak din naman itong pagitan
ng buhay at ari... nasupil ang buhay!
Ang mundo'y malupit: ngayo't ako'y ako,

1925, 30 Nobyembre

Araw ni Bonifacio. Itinatag nina
Evangelista at Ora ang Lapiang Mang-
gagawa sa Pilipinas.



1927

Itinatag ang
Kalipunang Pambansa
ng mga Magsasaka
sa Pilipinas (KPMP).

nakamihasnan nang dustain ng mundo;
gayon pa ma'y habang tao ay tao,
gawa ang urian kung ano't kung sino;
batong walang ganda'y sangkap sa palasyo,
sanggol sa sabsaba'y naging isang Kristo.

Tuwi na'y walin man ako ng halaga,
iyan ay pakanang mapagsamantala;
ang ginto, saan man, ay gintong talaga,
ang bango, takpan man, ay di nagbabawa;
itakwil man ako ng mga nanggaga,
walang magagawang hadlang sa istorya!

Kung di nga sa aki'y alin kayang bagay
ang magkakasigla at magkakabuhay?
Puhunan? Likha ko lamang ang Puhunan!
Bayan? At hindi ba ako rin ang Bayan?
Walang mangyayari, pag ako ang ayaw,
mangyayaring lahat, ibigin ko lamang!

Sa wakas, dapat nang ngayo'y mabandila
ang karapatan kong laong iniluha,
ang aking katwiran ay bigyan ng laya
at kung ayaw ninyo'y ako ang bahala
sa aking panata sa pagkadakila...
Taong walang saysay ang di Manggagawa!



1927

Inilathala ang mahabang
anti-imperyalistang tula
ni Jose Corazon de Jesus
na Sa Dakong Silangan.



1927

Umabot sa 81,000 ang
kasaping manggagawa
ng COF.

1911-1956

PAGPAPASIKLAB SA APOY NG REBOLUSYON:

Si Carlos Bulosan at ang Kanyang mga Sulatin


ni Lina Malaya

IPINANGANAK NOONG NOBYEMBRE 2, 1911, SI CARLOS BULOSAN AY lumaking nagtatrabaho sa mga bukid ng munggo at katulong ng ina sa pagtitinda ng gulay at bagoong sa Binalonan, Pangasinan. Noong 1930, sinundan niya ang kanyang dalawang nakatatandang kapatid sa Estados Unidos. Pagdating sa Seattle, Washington, siya at ang kanyang mga kapatid ay napabilang sa 56,000 migranteng Pilipino na nanirahan at nagtatrabaho sa Amerika sa mga unang taon ng 1930's.

Karamihan sa mga Pilipinong migrante sa Amerika sa panahon ni Bulosan ay mga lalaking manggagawa. Nabuhay sila nang halos isang kahig isang tuka, nakipag-sapalaran sa tinatawag na *seasonal jobs*. Ang mga nakatira sa kanlurang bahagi ay nagtatrabaho sa mga bukid ng strawberry, gulayan at asparagus sa California mula Mayo hanggang Hunyo, pagkatapos tutungong pahilaga pagdating ng Hulyo at Agosto sa Seattle, hanggang mapadpad sila sa pagawaan ng mga salmon sa Alaska. Mula Setyembre hanggang Nobyembre, sa iba't ibang pitasan ng mansanas sa Washington at mga tani-man ng munggo sa bahagi

ng California naman sila. Pagkatapos, tuwing taglamig, sila naman ay mga waiter, bellboy o tagahugas ng pinggan sa Los Angeles at San Francisco.

Ang pangyayaring *Great Depression* (ang matinding krisis pang-ekonomya sa Amerika noong dekada 1930) ay may malaking epekto sa buhay ng mga migranteng manggagawang ito. Nasadlak ang mga Pilipino sa pagsasamantala ng kanilang mga amo, diskriminasyon, harasment, at tahasang karahasan mismo mula sa mga Amerikano sa pag-aakalang silang mga Pilipino ay "dayo" na kakumpetensya sa trabaho. Ang krisis na ito ang mag-



1928

Nilikha ang awit na Bayan Ko, titik ni Jose Corazon de Jesus, himig ni Constancio de Guzman.



1929

Umbot ng 114 ang unyon sa Pilipinas na may kabuuang bilang ng kasapi na 68,828.

dadala sa kanila sa mundo ng unyonismo at aktibismo. Sa umpisa, nadiskubre ng mga manggagawang Pilipino na ang mga Amerikanong organisasyong pangmanggagawa — laluna ang kilalang American Federation of Labors — ay hindi interesadong isali ang mga “dayo” sa organisasyon. Gayunpaman, hindi sila napanghinaan ng loob. Naglunsad sila ng mga welga at protesta. Matibay na nanindigang huwag itigil ang mga welga at nakipaglaban para sa kontrata sa paggawa.

Dahil sa mahinang pangangatawan, hindi nakayanan ni Bulosan ang palagiang gawaing manual gaya ng ginagawa ng maraming migrante. Pero lagi siyang bumibisita sa mga bukid at nakikipag-usap sa mga Pilipinong manggagawa ukol sa kanilang kalagayan at karanasan, nakikipag-ugnayan sa mga lider ng unyon at iba pang aktibista. Noong nagpapahinga siya sanhi ng mapanganib na tuberkulosis, nagbasa nang puspusan si Bulosan ng mga babasahing Marxista at Sosyalista. Ang kanyang umusbong na pagkamulat sa pulitika at ang kanyang malalim na pagsimpatya sa kalagayan ng mga manggagawang Pilipino ang nagpaalab sa kanyang pagnanasang isiwalat sa kanyang mga sulatin ang mga pang-aapi at pagsasamantala sa kanila bilang mga “des-tiyero sa Amerika.”

Ang mga karanasan ng manggagawang Pilipino ay malinaw na naipakita ni Bulosan sa kanyang unang nobelang *Nasa Puso ang*

Amerika (1946). Bilang personal na kasaysayan, binigyan niya ng bagong kahulugan ang salitang “personal” sa pamamagitan ng pagpapakita sa ugnayan ng karanasang personal sa panlabas na daigdig. Ipinakita rin niya na ang pansariling karanasan ay may kolektibo — at sa gayo’y pulitikal — na dimensyon. Ayon sa kanya, ang buhay ng isang indibidwal ay ginagalawan ng mas malaking pangkasaysayan at panlipunang pwersa tulad ng kolonisasyon ng Amerika sa Pilipinas na nagdulot ng migrasyon ng mga Pilipino sa Amerika. At ang buhay ng isang indibidwal ay nagkakaroon lamang ng kaunting dangal at halaga kung ito ay nakalaan sa pagpapaunlad hindi lamang ng sarili kundi ng buhay ng buong mamamayan.

Para kay Bulosan, ang pagsusulat at pulitika ay lubos na magkaugnay. Sa sanaysay na *Ang Aking Pinag-aralan*, nagwika si Bulosan na humalaw siya ng inspirasyon sa kanyang aktibong pakikilahok sa kilusang manggagawa. “*Ang pinakamapagpasyang kilos ng isang manunulat,*” dagdag pa niya, “*ay ang manindigan para sa mga manggagawa.*” Hindi niya tiningnan ang pagsusulat bilang hiwalay sa realidad na kanyang nasaksihan. Para sa kanya ang paggawa ang pinakamahalagang isyu; ang pagkabig sa suporta ng mga intelektwal at abanteng sektyon ng proletaryo.

“*Ang aking mga pananaw sa pulitika at ekonomya ay nasa aking mga sulatin,*” wika

1929, 12 Mayo

Itinatag ang Katipunan ng Anakpawis nina Evangelista at Antonio D. Ora sa Templo del Trabajo.



1929, Mayo

Nagdemonstrasyon sa Maynila ang may 50,000 manggagawa at magsasaka bilang protesta sa pagpapalayas ng mga magsasaka sa kanilang lupa.

niya, “*pero mas kongkreto sa aking mga tula.*” Sa isang makabagbag-damdaming tula, *Kung Nais Ninyong Makilala Kung Sino Kami*, pinuri ni Bulosan ang potensyal ng rebolusyon at ang lakas ng mapanlikhang paggawa na bubuo at babago sa daigdig at ng kinabukasan ng makataong paggawa, samantalang isinisiwalat niya ang pagsasamantala at di-makataong sistemang kapitalista:

Mahalagang pansinin na ang mga unang sulatin ni Bulosan ay naglalaman ng pagtanaw na hiwalay ang karanasan ng mga Pilipinong manggagawa sa Pilipinas at sa karanasan naman nila sa Amerika. Nang lumaon, nailinaw niya ang ugnayan ng mga ito. Sa kanyang maikling kwentong *Pagbabalik*, ang 27-taong gulang na si Mariano ay bumalik sa Pilipinas matapos na magtrabaho ng 12 taon sa Amerika. Ngunit nadismaya siya sa kanyang dinatnan sa kanyang pagbabalik-bayan. Nakita niya na ang kahirapan ng kanyang pamilya ay kaugnay ng kanyang naranasan. Para siyang isang lalaking galing sa gabi at lumabas sa umaga, at nakita niyang liwanag ay nakakabulag din tulad ng kadiliman.

Nakita ni Bulosan ang halaga na pagugnayin—kapwa sa isip at sa pulitika—ang pakikibaka ng mga manggagawang Pilipino sa Amerika sa pakikibaka naman ng mga Pilipinong magsasaka at manggagawa sa Pilipinas mismo. Ang kanyang hindi natapos na obra, *Ang Hibik at ang Pag-aalay*,

ay tungkol sa pakikipagsapalaran ng pitong gerilya ng Huk na binigyan ng misyon sa Maynila para hanapin ang isang Pilipino, si Felix Rivas, na galing ng Amerika at may dalang pera na pangsuporta sa kilusang Huk. Kapansin-pansin na isa sa mga gerilya ay isang manunulat, si Dante. Si Dante ay matagal nanirahan sa Amerika bilang manggagawa-aktibista bago nagdesisyong bumalik sa Pilipinas para makilahok sa pakikibaka sa bansa.

Sa mga katauhan nina Felix Rivas at Dante, ipinakita ni Bulosan ang ugnayan ng iba’t ibang pakikibaka ng mga inaapi sa iba’t ibang bahagi ng daigdig.

Noong 1950’s pinalakas ang takot na anti-Komunista ng imperyalismong US para pahinain ang lumalakas na antikolonyal at makabayang pakikibaka na nangyayari hindi lamang sa Pilipinas, kundi sa iba pang bahagi ng daigdig tulad ng Asya at Africa. Mismong si Bulosan ay naging biktima ng *witch-hunting* na ito dahil inilagay sa *black-list* ang kanyang mga sulatin na naging sanhi ng kanyang paghihirap at maagang pagkamatay.

Bago siya mamatay, isinulat na ni Bulosan ang kanyang sariling pag-alala, na nakaukit sa nitso sa Seattle kasama ang hugis ng panulat at papel na mariing kuyom ng kamay: “NARITO, NARITO ANG NITSO NI BULOSAN, NARITO NARITO ANG KANYANG MGA SALITA, KASINGTUY-

1929,15-21 Agosto

Lumahok ang KAP sa
Second Pacific Congress of
Trade Unions sa Vladivostok,
Rusya.



1930

Itinatag ang Federacion Obreras de Filipinas (FOF) sa La Paz, Iloilo sa pamumuno ni Jose Ma. Nava. Lumaganap ang militanteng unyonismo sa Kabisayaan at Mindanao.

OT NG MGA DAMO.” Ang paniniwala ni Bulosan sa pakikibaka para sa kalayaan ng milyong mamamayan sa buong daigdig ay nakikita pa rin maski sa sulat sa kanyang nitso. Batid ni Bulosan ang katangian ng tuyong dahon na madaling mag-apoy.

Ngunit higit pa rito, naintindihan niya (at nakikita niya) ang katotohanang pagkatapos ng kanyang kamatayan, ang kanyang mga salita ay patuloy na magpapaliyab sa apoy ng rebolusyon.

“Kami ang nakararami dito sa daigdig, milyon kami sa lahat ng bahagi; sa marahas na pabrika, sa kalunos-lunos na iskwater, nagsisiksikang lungsod, sa alapaap at sa dagat at sa lawa, kahit saan mang lupa; dumarami kami habang ang malawak na daigdig ay umiikot at pinalalala ang kahungkagan, kagutuman, sakit at kamatayan.

Kami ang mga lalaki at babae na nagbabasa ng libro, hinahagilap sa mga pahina ng kasaysayan ang nawawalang salita, ang susi sa tanong kung paano mabuhay nang payapa, at ligayang walang hanggang kami ang kamay ng pabrika kamay sa bukid at kamay sa kahit saan lumilikha at bumubuo ng mga gusali, nagsasama-sama pasulong...

Kami ang pasakit na nagpapakasakit para sa taos na pag-ibig ng katauhan para sa katauhan, na nagdiriwang sa pagkamakatao ng bawat tao; kami ang mga magbubungkal na nagbubungkal upang ang gutom na daigdig ay maging lugar na sagana, na ang naghahatid sa sagana tungo sa walang hanggang halimuyak.”

1930

Binatikos ng mga militanteng mang-gagawa, sa kongreso ng KAP, ang kadadaos na “kongreso ng independensya” ng mga burges na pulitiko.



1930, 26 Agosto

Pormal na itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Isa si Evangelista sa unang bumuo ng komite sentral nito.

ANG MGA DULANG MAPAGPALAYA SA UNANG PANAHON NG KILUSANG MANGGAGAWA

nina Juan Gabriel at Leni Tagapanday

SA SIMULA NG PANANAKOP NG IMPERYALISMONG AMERIKANO, MAINIT na nagsalimbayan at nagsalubong ang mga manggagawang Pilipino at ang pagtatanghal ng makabayang dula o tinawag na “subersibong” dula na kapanahon nito. Kaya naman hindi na kataka-taka kung bakit halos lahat ng mga naunang kongreso, kumperensya at malalaking pulong at rali ng mga manggagawa ay idinaraos sa mga teatro at sinehan (hindi lamang sa mga sabungan). Ilan dito ang Teatro Libertad, Teatro Obrero, Teatro Zorilla, Cine Oriental, Opera House at Metropolitan Theatre. Hindi lamang arena ng pagtatanghal at aliwan ang mga teatro at sinehan noon, kundi tagpuan sa pagbubuklod at lunsaran ng militanteng pagkilos ng mga manggagawa.

Gunitain natin ang kauna-unahang pagdiriwang ng Mayo Uno sa Pilipinas noong 1903:

“Buong umaga, lumibot ang banda sa Kamaynilaan; sa tanghali, programa sa Teatro Nacional sa Sta. Cruz hinggil sa kabuluhan ng Mayo Uno, pag-uunyon at pag-kakaisa; bandang alas-dos ng hapon, nagtipon sila sa Binondo Church at nagmartsa tungong Sta. Cruz Church para dumugtong sa isa pang grupo; ang mahabang martsa ay

dumaan sa Echague, San Miguel, Gen. Soriano at dumiretso sa Malacanang; may mga karosa, bandila, parol, at musikong banda; nagtalumpati si Dominador Gomez (pangulo ng UOD) sa tapat ng Malacanang; wala si Taft sa Malacanang; nagmartsa ang mga manggagawa tungo sa hipodromo ng Sta. Mesa at pansamantalang nag-uwian; sa gabi, isa namang programang pangkultura sa Teatro Nacional.”

Sadyang



1930

Inilathala ang tulang “Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan” ni Amado V. Hernandez.



1930, 7 Nobyembre

Pormal na inilunsad sa publiko ang PKP at ang programa nito sa sambayanan sa isang rali sa Tondo sa anibersaryo ng rebolusyong sosyalista ng Rusya.

napakainit ang pagtangkilik at paglahok ng masang Pilipino sa mga dulang makabayan at mapagpalaya. Ito ay dahil na rin sa nagsilbing daluyan ang mga ito ng kanilang pagpapahayag ng protesta at paglaban sa pananalakay ng imperyalistang Estados Unidos. Masasalamang din sa mga dulang ito ang maigting na tunggalian sa pagitan ng mga uring anakpawis at uring mapagsamantala, ng mga Pilipino laban sa mga dayuhang kaaway— ang mga Kastila, mga Amerikano at ang kanilang mga kasabwat. At lagi-laging ang nakikitang sagot ay armadong paglaban at ang nagkakaisang lakas ng mga manggagawa at uring anakpawis. Kaya hindi nga malayong bansagang *seditionous plays* ang naturang mga dula. *Seditionous* para sa mga bagong mananakop at mapagsamantala.

Juan Abad, Juan Matapang Cruz at Aurelio Tolentino — sila ang ilan sa mga tampok na manunulat ng dula na ginamit ang drama para ipahayag ang kanilang mga paninindigan. Sentimental man ang orihinal na katangian, umako na ito ng kakaibang karakter para salaminin ang mga suliraning hinarap ng Inangbayan.

Ang tatlong pinakakagila-gilalas sa mga dulang anti-imperyalista ay ang *Tanikalang Guinto* ni Juan Abad, ang *Hindi Aco Patay* ni Juan Cruz Matapang at ang *Kahapon, Ngayon at Bukas* ni Aurelio Tolentino. Kasama ang tatlong dulang ito sa tinukoy ng editorial ng *Manila Times* noong ika -16 ng

Mayo, 1903, na mga dulang isinulat upang pukawin ang mga Pilipinong lumaban sa mga imperyalistang Amerikano.

Maliban sa mga anti-imperyalistang dula, hindi rin iilan ang mga dulang nalikha na naglarawan naman sa makauring tunggalian sa pagitan ng anakpawis at ng mga naghaharing-uri. Isa na rito ang *Bagong Kristo* ni Aurelio Tolentino na unang itinanghal noong 1907. Ang dulang ito ang itinuring na kauna-unahang “sosyalistang”



1930

Inilathala ang Titis, pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).



1930,15 Disyembre

Amado Hernandez: “Habang sa kanilang mga kapit-bahay ay paskung-pasko na’t nagkakasayahan, sa dampa ng hirap, di nararanasan kung ano ang tamis ng Paskong sisilang.”

drama o dula hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa Asya. Ang *Bagong Kristo* ay isa rin sa mga unang pagsisikap na mailapat ang buhay ni Kristo sa nagbabagong panahon. Isang signipikanteng tagumpay sa panahong kailanma'y di dapat pakialaman ang dogma ng simbahang Katoliko.

Walang habas na panunugis at pang-gigipit ng mga kolonyalistang Amerikano at ng mga reaksyunaryong tauhan ng guberno ang naranasan ng mga sumulat, nagsitanghal at manonood ng mga dulang makabayan. Nakapagngangalit halimbawa ang ginawa ng mga imperyalista sa kaso ng *Kahapon, Ngayon at Bukas* na hinuli at ikinulong ang mga artista sampu ng lahat ng manonood sa kalagitnaan mismo ng pagtatanghal nito. Sampung Amerikano ang sumama sa mga manonood. Nang dumating sa eksenang yayapakan ang bandila ng Estados Unidos, nagwawalang pumanhik sa entablado ang mga dayuhang manonood, pinatigil ang palabas, pinagbubugbog ang mga nagtatanghal at pinagsisira ang mga props at kagamitan sa entablado.

Ang balita sa *Manila Cablenews*, isang pahayagan noong panahong iyon, ay marami ang nasaktan sa kaguluhan. Iniulat naman ng *Manila Times*, makaraan ang dalawang araw matapos ang pag-aresto, na nang iwawagayway na ni Bb. Felisa Roxas, (isa sa mga karakter sa dula), ang watawat ng Katipunan habang ibinabasura naman ng

isang karakter ang watawat ng imperyalista, isang Amerikano ang biglang pumanhik sa entablado. Binugbog ang artista at itina-pon sa baba ng entablado nang una ulo. Riot ang kinalabasan ng pakikialam ng mga dayuhan.

Ang dulang ito na nasa Tagalog ay sinasabing pinakamahalagang kontribusyon ni Tolentino sa dramang Pilipino, pinaka-sensyunal sa panahon ng mga *sedition plays*.

Dahil sa dulang ito sinentensyahan si Tolentino ng dalawang taong pagkabilanggo at pinagmulta ng \$2,000 sa anyo ng ginto. Siyam na beses nakulong si Tolentino dahil sa walang tigil nitong pagtatanghal ng mga dulang subersibo.

Tinuring ding subersibo ang dulang *Hindi Aco Patay* ni Juan Matapang Cruz. Sa isang pagtatanghal nito, isang lasing na sundalong Amerikano ang biglang naghagis ng bote ng beer sa "Araw ng Katipunan" habang papataas ito sa isang eksena. Pinagsisira naman ng kanyang mga kasamahang sundalo ang iba't ibang kagamitan sa set. Noong Mayo ng taon ding iyon, pinatigil ang pagtatanghal ng dula sa kalagitnaan nito sa Teatro Nueva Luna, Malabon. Pinaghuhuli at ikinulong ang buong tropa, kasama si Juan Matapang Cruz at pati ang kanyang asawa.

Sa kabila ng mga ito, lubos pa ring tinanggap ng manonood ang mga dulang sedisyoso kaya naman pati sila'y kalimitang kasama ng mga inaarestong mga manu-


1931

Mula 1909 hanggang 1931, nagkaroon ng 715 welga na nilahukan ng humigit kumulang 164,567 manggagawa.



Mayo, 1 1930

Ipinagbawal ng rehimeng magrali ang mga manggagawa. Dinahas at tinangkang pigilan ang kongreso ng PKP. Inaresto ang daan-daang manggagawa



nulat, artista, manedyer, teknisyen at iba pang manggagawa sa teatro. Tampok ang pagbubunyi ng mga manonood sa tuwing iwwagayway ang bandila ng Katipunan at sisigaw ng kalayaan ang mga nagsisipagtanghal.

Kahit sabihin pang ilang ulit na pina-ghuhuli ang mga aktor, manunulat at manonood at kinukumpiska ang mga makina at props tulad ng lumilipad na agila, mga kabaong at bandila ng Pilipinas. Kahit sabihin pang kadalasan, ang mga personahe sa iba't ibang eksena ay gumagamit ng mga simbolo at biglaang pagtatalumpati upang

lituhin ang dayuhan, nagpatuloy ang pagdami ng mga tanghalang nagpapalabas ng mga dulang mapagpalaya at makamasa.

Karamihan sa mga artista at manggagawa sa teatro ay mga manggagawa ng sigarilyo at mga magsasaka. Si Juan Matapang Cruz, ang sumulat ng *Hindi Aco Patay*, ang pinakamasugid sa pagrekluta ng mga artista mula sa hanay ng uring manggagawa. Kung kaya't tatawagin ding zarzuela ng uring anakpawis ang mga subersibong dula dahil mga anakpawis ang nagdidirek, mga anakpawis ang umaarte at ang laman ay para sa mga anakpawis.

1932, 16 Mayo

Namatay ang makabayan at "Hari ng Balagtasan" na si Jose Corazon de Jesus sa edad na 38.



1932, 26 Oktubre

Idineklarang ilegal ang Partido Komunista ng Pilipinas ng Korte Suprema.

Sadyang may mga dulang walang kamatayan gaya ng iba pang sining — hangga't ang mga ito'y tumatarok sa puso't damdamin ng masa, hangga't ang mga ito'y naaangkop at iniaangkop sa mga bagong paghamon ng kasalukuyan. Walang kupas, ika nga.

Ang *Kahapon, Ngayon at Bukas*, halimbawa, ay makailang beses nang itinanghal sa panahon ng batas-militar. Sa kabuuan man, baha-bahagi o bilang isang adaptasyon lamang. Ito'y naging isang epektibong paraan ng paggunita sa kasaysayan at bilang pagprotesta sa rehimeng US-Marcos. Ang adaptasyon, na ginawa naman ni Chris Milado noong 1991, ay gumamit ng tatlong Taga-ilog (ang rebeldeng bida sa dula) mula sa iba't-ibang panahon ng kasaysayan — prekolonyal na datu, ang rebolusyonaryong lider laban sa mga Kastila at ang isang rebeldeng NPA sa bagong panahon.

Noong 1981, ang *Hindi Aco Patay* at ang pag-aresto at paglilitis kay Juan Matapang Cruz ay ginawan din ng adaptasyon sa dulang *Estados Unidos bersus Cruz, Abad at Tolentino* ni Bonifacio Ilagan sa direksyon ni Behn Cervantes sa UP Diliman.

Ang *Bagong Kristo* naman ay halos naging tradisyonal nang iniaangkop sa kasalukuyang kalagayan at mga suliranin ng masang api sa tuwing sasapit ang mahal na araw.

Puno ng simbolismo at talinghaga pero madaling mabasa ang diwa ng mga dulang subersibo noon. Sa pangalan pa lamang ng mga tauhan sa dula ay mababasa na ang layunin ng mga ito. Sa *Kahapon, Ngayon at Bukas*, nariyan ang bidang tauhan, si Taga-ilog, na kumatawan sa Pilipinong rebolusyonaryo. Si Walangtutol, ang Pilipinong pasibo at anak ni Inangbayan na sumimbolo sa bayang Pilipinas. Ang kanyang ama naman ay si Kalayaan. Si Matanglawin ang guberno ng Espana, si Halimaw ang Kastilang pari at si Bagong Sibol ang Amerika.

Napanday sa gitna ng matinding pagmamanman at panunupil ang pagtatanghal ng mga dulang subersibo. Kung ang iskrip lamang ng *Kahapon, Ngayon at Bukas* ang pagbabatayan, maaaring hindi ito masamain ng mga Amerikano at maging batayan para hatulan ng sedisyon si Tolentino at ang mga artista. Pero ang dula ay hindi lamang basta gumagamit ng mga karakter, simbolo, talinghaga at mga pahayag. Gumamit din ito ng mga *stage effects* (tulad ng paglitaw ng mga puntod habang lumulubog si Inangbayan, ang pagpormasyon sa entablado ng ipinagbabawal na bandila ng Pilipinas ng mga naglalabas-masok na mga babae, ang pabigla-biglang pag-awit ng *Himno Nacional* (Pambansang Awit), o ang biglaang pagtatalumpati ng isang nakatagong bayani at iba pang diyologo (na wala sa iskrip) pero

1932, Disyembre

Libu-libong manggagawa ang nagprotesta sa Malakanyang at Korte Suprema laban sa hatol sa PKP at panunupil ng gobyerno sa hanay ng manggagawa.




1933

Itinayo ang Monumento ni Bonifacio na gawa ni Guill-

kapag itatanghal ay naroroon. Panloloko raw ito, ayon pa sa mga awtoridad ng Imperyalismong Estados Unidos.

At bakit nga ba hindi. Hindi ba panlililang ang sinasabi ng imperyalismong Amerikano na sila raw ay mga tunay na kaibigan?



1934, 30 Setyembre

Libu-libong manggagawa ang nagmartsa sa protestang libing ng apat na manggagawa ng La Minerva na napatay sa piketlayn.



1934

Nagwelga sa pagawaan ng Alhambra para sa mas mataas na sahod.


ANG BAGONG KRISTO(1907)

ni Aurelio Tolentino

Iginuhit ni Leyla Batang

Dahil dito ay magagalit ang mga nagmamay-ari ng lupang sina Magdangal at Berto at ang abusadong si Frayle. Palalaysin nila si Kristo.

Magtatalumpati si Hesus hinggil sa kasamaan ng pagsusugal, mga karapatan ng tao, mga tungkulin ng mamamayan, ang panganib ng panatismo, ang pangangailangan ng awa at simpatya at ng makatarungang sweldo para sa mga manggagawa.



Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sasapit ang araw na ang lahat ng bagay sa balat ng lupa ay masisiayos sa kahinusayan sukat; ang kapatid ay kikilala sa kapatid; ang mga pag-aari ay kakalat sa madla, at ang kakamtan ng isa't isa ang biyayang sukat sa kani-kanilang pinagpawisan.

O, ako'y dinudusta ninyo. Dinudusta ninyo ang tangulan ng mahirap. Sa makatwid ay dinudusta ninyo ang lahat ng mahirap.

1935

Naglunsad ng armadong pag-aalsa ang mga Sakdalista sa Gitna at Timog Luzon. Sumama ang daan-daang manggagawa mula sa ilang maralitang komunidad sa Maynila.



1938, 29-31 Oktubre

Nagsanib ang PKP at Partido Sosyalista ng Pilipinas (PSP).

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo na ang biyayang ukol sa mahirap na sinasarili ng mga masakim, ay magiging mabisang lason sa kanila dito sa lupa, at magiging mai-tim na tatak ng sa kanila'y mabagsik na hatol sa kabilang buhay.



Dahil dito, si Bagong Kristo ay hahamakin, pagsasampalin at dudukutin ni Limbas sa utos ni Magdangal. Siya ay totortyurin at pagbubuhatin ng krus.

Pero marami pa ring maaakit na disipulo si Hesus sa hanay ng mga manggagawa at iba pang uring api at ilan sa mga naliliwanagang uri.



1939

Pagtatag ng progresibong Philippine Writers League (PWL).



1942, 6 Pebrero

Binuo ng PKP ang Pambansang Nagkakaisang-Prente Laban sa Hapon.



Mga kapatid na obrero! Ang araw na ito, unang araw ng Mayo, ay araw na pinipintakasi ng lahat ng obrero sa sanglibutan. Sa mga sandaling ito ay hindi tayo lamang ang nagsasaya. Akalain ninyong nagsasaya ngayon ang lahat ng mahirap sa balat ng lupa. At ano ang ipinagsasaya? Walang iba kungdi ang pagkakaisang –loob, at pagkakaisang-layon ng lahat ng obrero sa sangsinukuban...

(Magbibigay ng babala si Jesus na may mga taksil sa paligid...)



Datapat kaiingat din tayo, huag tayong magmadaling lubha at kailangang tingnang mabuti ang linalakaran. Tayo'y maraming kaaway na lihim...Huag nating ipahintulot kailan pa man na ang ating mga karapatan at katungkulan ay mapawakawak sa kamay



Maya-maya ay biglang sasaksakin sa likod si Hesus ng dalawang lalaking may hawak na sundang.

1936,11 Hulyo


Naganap ang malaking demonstrasyon sa Malakanyang upang ipaglaban ang batas sa minimum na pasahod.



1942, 29 Marso

Itinatag ang Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap). Tinatayang umabot sa kalahating

Sa isang pagdiriwang ng Mayo Uno, darating ang maraming obrero dala ang mga plakard na nagsasabing, Mabuhay ang mga obrero! Mabuhay ang mga manunulat!



1945, 5 Marso

Itinatag ang Congress of Labor Organizations (CLO) sa pangunguna nina Amado V. Hernandez at Felixberto Olalia.



1946

Naging opisyal na teksbuk ang Balarila ng Wikang Pambansa ni Lope K. Santos.

1902-1991

MUTYA NG MANGGAGAWA


Honorata “Atang” De la Rama,

SA NAKARAANG PITONG DEKADA, naitampok si Honorata “Atang” de la Rama bilang isa sa pinakamasigasig na tagapagtaguyod ng pangkulturang pagkakakilanlan ng Pilipino. Sa kasagsagan ng rehimeng kolonyal ng mga Amerikano, nang nanlulupaypay na ang mga manonood sa kulturang banyaga, walang-takot niyang ipinaglaban ang pananaig ng kundiman (ang isa sa pinakamahalagang uri ng awiting bayan ng mga Pilipino) at ng zarzuela (isang dulang musikal) na pumaksa sa mga isyung panlipunan tulad ng labis na pagpapautang, pagsasabong at kaisipang kolonyal.

Tatlong salinlahi ng mga artista at manonood na Pilipino ang pumuri kay Atang de la Rama. Bilang aktres, ang kanyang talino sa pag-awit at pag-arte ang siyang pinagkakautangan nang malaki sa tagumpay ng mga sarsuwelang tulad ng *Dalagang Bukid* at ng mga dramang tulad ng *Veronidia*. Bilang prodyuser-manedyer, tinuklas at hinasa niya ang maraming batang artista na naging mga institusyon din sa teatro at musikang Pilipino. At bilang manunulat-prodyuser, itinampok niya ang mga

dulang tulad ng *Anak ni Eva* at *Bulaklak ng Kabundukan*. Dahil sa lahat ng ito, itinanghal si Atang de la Rama ng kanyang panahon bilang Reyna ng Kundiman at Reyna ng Zarzuela.

Dahil sa kanyang paniniwala na ang sining ay para sa lahat, lumabas si Atang de la Rama hindi lamang sa mga teatro ng Maynila kundi pati na rin sa mga sabungan at plasa sa mga lalawigan ng Luzon, Visayas at Mindanao. Kung kaya naman naiparat-ing niya ang kanyang sining di lamang sa



1945, 1 Mayo

naglunsad ng rali ang CLO bilang hudyat ng susunod pang mga pagkilos. 50 welga ang inilunsad sa loob lang ng isang taon.



1942, 2 Mayo

Inilabas ang Talumpati ni Mao sa Porum sa Yenang Hinggil sa Sining at Panitikan.

mga prinsipalya ng mga syudad kundi pati na sa mga Igorot ng Cordillera, mga Ita ng Zambales, mga Mangyan ng Mindoro, at mga Muslim ng Mindanao.

Tulad ng asawa niyang, si Amado V. Hernandez, naniwala siya na maaaring mag-sanib ang sining at pulitika. Taos-pusong itinaguyod ni Ka Atang, ito ang tawag sa kanya ng mga karaniwang tao, ang adhikain ng mga manggagawa at lahat ng kapus-palad sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga libreng konsyerto at pag-awit sa mga rali at piket. Para sa kanya, mapapatingkad ng kapangyarihan ng sining ang paglalarawan ng mga katotohanan sa lipunan nang hindi mapapariwara ang kasiningan.

Sa kanyang pagnanais na makilala ang kanyang bansa sa sandaigdigan, umawit siya ng mga kundiman at iba pang awiting Pilipino sa mga konsyerto niya sa Hawaii, San Francisco, Los Angeles, New York, Hongkong, Shanghai at Tokyo. Habang ipinakikilala niya ang sining ng Pilipino sa mga banyaga, nakuha niyang pakinisin ang sarili niyang sining sa pag-aaral niya ng lahat ng matututuhan sa mga kapwa artista at mga akademyang pansining sa mga bansang kanyang dinalaw.

Ang kanyang taimtim na pagpapahalaga sa mga orihinal na dula at musikang Pilipino, ang pambihirang kasiningang ipinamalas niya bilang mang-aawit at bilang ak-

tres-manunulat-prodyuser ng zarzuela, ang kanyang walang-humpay na pagpupunyaging maipaabot ang kanyang sining sa lahat ng rehiyon at sektor ng lipunang Pilipino at sa sandaigdigan — ang lahat ng ito ang lumikha kay Atang de la Rama

1945

Itinatag ang Philippine Newspaper Guild kasama si Amado V. Hernandez, Cipriano Cid at Jose A. Lansang sa pamunuan.



1946, 4 Hulyo

Ibinigay ng US ang diumanong kalayaan sa Pilipinas.

ANG “BANAAG AT SIKAT” NI LOPE K. SANTOS

ni Nueva Mia Vida at Lope Bagtas

ANG NOBELANG *BANAAG AT SIKAT* ay itinuturing na isang muhon sa literaturang Pilipino, dahil ito ang kauna-unahang nobela sa Tagalog na tumalakay sa pag-ibig, pamilya, at sosyo-ekonomyang mga isyu mula sa punto de bista ng isang manunulat na may panlipunang kamalayan.

Ang tagpuan ng kwento ay sa Maynila noong 1906 kung saan makikita ang isang lipunang nasa krisis. Paglaon ng kwento, ang natuklasang bagong ideolohiyang sosyalismo ang gagamot sa mga sakit ng lipunan.

Si Delfin(ang bidang tauhan) ay isang mahirap na peryodista. Yakap niya ang ilang sosyalistang ideya kaugnay ng unyonismo at makauring pakikibaka. Si Felipe naman ay isang anak mayaman, radikal bagamat tipong anarkista. Nakatakdang ikasal si Delfin kay Meni, na anak ng isa sa pinakamayaman sa Maynila. Si Felipe naman ay may gusto sa mahiyaing si Tentay, anak ng isang manggagawa.

Pero magsasalubong ang kanilang mga buhay at mapopokus ang istorya kay Delfin at Meni. Nagkagustuhan ang dalawa. Nag-ing malaking eskandalo ito sa mga mayayaman, laluna nang mabuntis si Meni. Dahil

dito’y napahiya nang husto ang kanyang amang si Don Ramon. Inalisan ng pamana si Meni at lumipad si Don Ramon papuntang Amerika. Duon ay napatay siya ni Tikong, isang katulong na may matinding galit sa kanya. Babaligtarin sana ng pamilya ang desisyon ng ama para ibalik ang mana ni Meni pero sa kundisyong iiwan niya ang kanyang asawang si Delfin. Pero tumanggi si Meni. Ipinaglaban nina Meni at Delfin ang kanilang pag-ibig. Nagtapos ang kwento sa madamdaming pagtatalumpati ni Felipe hinggil sa napipintong pagbagsak ng burge-sya.

Tunghayan natin ang pag-uusap sa pagitan nina Don Ramon, Delfin at Felipe:

“Nagpapasalamat po ako (ni Delfin), ang malumanay na pasimula na tugon —na magkaroon ng mga katalong gaya ninyo: matatanda, marami nang araw na naranasan, lupang natuntungan at bagay na napagkita. Abot ko rin naman ang aking kakaunti pang nalalaman ay hindi sukat upang sa inyo’y makapagpabagong akala.

Dalawang panahon po tayo: kayo ang kahapon, at kami ang bukas: dito sa ngayon tayo nagkatagpo, kaya ang nakita at nakikita na lamang ang mapagpapatakaran ng mga paghahaka natin, at ang hindi pa nakikita, ay hindi. Ang kahapo’y inyung-inyo, ang ngayo’y inyo pa rin, at kung bagaman may bahagi kami sa ngayon, ay munti lamang

1947, 30 Hunyo

Nahalal bilang pangulo ng
CLO si Amado V. Hernandez.



1948, 17 Oktubre

Muling idineklarang ilegal
ang PKP sa ilalim ni Quirino.

marahil. Ngunit inyo na sanang ipagparaya sa mga bata ang paghahanda ng bukas na hindi na inyo kundi amin.

Masasabi nga ninyong ang bayang manggagawa natin ay hindi pa binabagayan ng mga aral ng sosyalismo, dahil sa makaliligalig lamang sa kanila, kung sa bagay ay mga makapupong buti sa kalagayan ng manggagawang Aleman, Pranses, Kastila at iba pa. Ngunit, kailan pa ihahanda ang Pilipino upang may lakas na maisagupa sa nagbabala sa kanyang bagong-pana-hon ng mga malalaking pagawaan o gran industria? Antayin pa ba naming matatag na muna rito sa Pilipinas ang mga puhunang dayo, matibag na ang mga bunduk-bundok na mina at mapasukan ng mga makina ang lahat ng mga paggawa niyang ikinabubuhay ngayon? Talagang hindi pa nga nalalaman ng manggagawang Pilipino kung ano ang tinatawag na sosyalismo; kaya naman itinuturo namin. Kami'y may mga sadyang papulong na idinaraos at dinadaluhan ng ilang mga manggagawang hirang lamang. Ang katuturan ng sosyalismo ay di namin kinakain, ni ipinakakain nang buo, kundi unti-unti. Ang aming pagsasapi-sapi ay hindi nagtuturo sa manggagawa ng katamaran, kundi ng pag-uusig ng kanyang

karapatan sa nagagawa.


Hindi kailangan sa amin ang bumaba pa ang halaga ng mga upahan ng pagpagawa, kung gaya man lamang sa Belhika, sa Inglatera, sa Alemanya, sa Amerika, ay may mga kaluwagan sanang napapakinabang sa bayan ang manggagawa. Mayroon man lamang sana ritong mga sadyang kautusang nagtatanggol at nagkakalinga sa kanila kung naapi't napapahamak; mga utos na nagbabawal sa masagwang pagtataas

ng halaga ng mga unang kailangan ng mahirap, at iba pa. Gayon din kung dito disi'y may mga sadyang dagisunan ang mahihirap na mga tindahan at tahananang mura at libang-walang bayad ni katalunan.

Dito, na halos ang lahat na iya'y wala, ano ang ikapagsasabi ninyong

magaang-magaan na ang buhay ng manggagawang Pilipino kaysa iba?

Saanman, may mamumuhunan at manggagawa, maylupa at magsasaka, panginoon at alila, mayaman at dukha, ang mga aral ng sosyalismo ay kailangan; sapagka't diyan kailanman namumugad ang pagkaapi ng mahihina at pagpapasasa ng iilan sa dugo ng karamihan. Dito kaya sa ati'y wala ng mga ito?"



1949

Nagwagi ang Rebolusyon sa Tsina sa pamumuno ni Mao Zedong.



努力完成整党任务实现党风根本好转

1950-53

Tumindi ang panunupil sa militanteng Kilusang Manggagawa. Inirekomenda ng Bell Mission ng US ang pagbubuo ng mga unyon sa ilalim ng AFL.

ANG PINAGLAHUAN NI FAUSTINO AGUILAR

nina Nueva Mia Vida at Lope Bagtas

NAGSIMULA ANG NOBELA SA ISANG mainitang pagpupulong sa Opera house.

Magkasintahan sina Luis Gatbuhay at Eduarda Gutierrez. Isang empleyado at matapang na lider-manggagawa si Luis sa isang kumpanyang pag-aari ng isang Amerikanong si Mr. Kilsberg. Si Eduarda naman ay anak ni Don Nicanor, isang pusakal na sugarol at panatikong relihiyoso. Ang makauring tunggalian ang sentral na pokus ng istorya.

Pipilitin ni Don Nicanor na ipakasal si Eduarda kay Rojalde, isang mayamang mestizo na pinagkakautangan ni Don Nicanor dahil sa pagsusugal nito. Pumayag si Eduarda para mabayaran ang utang ng ama. Pero nagsama muna ang dalawang nag-iibigan bago ang kasalan. Makukulong si Luis sa manipulasyon ni Rojalde.

Nagtapos ang nobela sa isang pagsabog at sunog sa Kamaynilaan. Tinamaan dito si Luis habang katabi niya si Eduarda at ang kanilang anak. Bago mamatay si Luis, nakita niyang nilalamon ang Maynila ng malaking apoy, kasama na ang bahay ni Rojalde.

Sinisimbolo ng apoy ang pangangailan-gang radikal na pagbabago sa lipunan. Samantalang ang sanggol ay nagpapahiwatig

ng bagong pag-asa, ng patuloy na pakikibaka.

Narito ang sipi mula sa isang kabanata ng nobela:

“Sa gabing pagkaapi ng isang dukha ay sumunod ang isang sikat ng araw na kaaya-aya. Ang tala ng Pasig ay nagbabangon pa lamang sa kanyang pagkakatulog. Ang kanyang mga lansangang wala pang tao at bahagya nang pinasisigla ng mangisa-ngisang karo ng tinapay ay walang pinag-ibhan sa mga daraanan sa loob ng isang ospital na bawa’t bahay, malaki man at munti, ay tulad na rin sa mga hihigang pinagpapahingahan ng mga may-sakit. Wari sa gayong di pag-imik at pagpapakapipi ay ibig pagtakpan ang lahat ng sugat, ang lahat ng baho, ang lahat ng kabulukang itinatago sa kanyang sinapupunan. Sa gayong anyo ay walang magsasabi na ang bayang natutulog ay binubuo ng kakaunting mapapalad at maraming mga sawi, na doon sa maliliit nilang dampa at giring-giring na tahanan ay nanga-iisip kung talaga ngang katutubo na sa buhay ng tao ang di pagkakapantay-pantay sa kalagayan, o kaya nama’y nangyayari ang ganitong pagkakalayo dahil sa masasamang palakad sa pinopoon ngayon sa alin mang dako.

Unti-unting nadaragdagan ang sigla sa mga lansangan at sa mga bahay-kalakal at gawaan ay nag-uunahan sa pagbubukas ng kani-kanilang pinto upang lulunin ang daan-daang manggagawa na pagkabangon

1951, 4 Abril

Tinanggalan ng permit ng Department of Labor ang CLO bilang legal na organisasyong manggagawa. Niraid ang opisina nito at dinakip ang mga lider at miyembro.



1957

Pinagtibay ang anti-subversion law na ginamit sa panunupil sa militanteng kilusang manggagawa.

sa banig ay wala nang inaagapan kundi ang huwag mahuli sa pagpasok at nang di nang-ababawasan ng sasahurin.

Kay Mr. Kilsberg magpapahayag si Luis:

...Kataksilan bang ipinalalagay ninyo ang pagtuturo sa mga manggagawa ng kanilang karapatan?” ang pabiglang tugon ni Luis na sa gayong mga isinusumbat ay walang kabakla-bakla. “Kataksilan bang maipalalagay ng sino mang may malamig na isipan ang pagtuturo sa mga manggagawa na kailan ma’y api, ng tamang kaparaanang ikaiilag nila sa napakalupit na paniniil ng puhunan? Hindi ko akalain, maginoo,” ang tuloy na salita ng binata, “na ang aking pag-akay sa mga manggagawa rito, ang paghi-kayat kong magtayo sila ng isang kapisanang mapaninimbulanan kung magkasakuna, ang pagnanais kong sila-sila’y magdamayan at mangatuto ng pagsasapi-saping saan mang dako’y siyang itinitibay ng kalagayan ng mga maralita ay inyong masamain at ipalagay pang isang pananaksil.”

...“Nagkakamali kayo, maginoo,” ang biglang putol ni Luis na nasaktan nang labis sa gayong pagyurak sa dangal ng mga maralita. “Kami’y may katawa’t ulong ikinararam-dam at ikinakikilala sa kalupitan ng mga mamumuhunang hindi kaya lumilingap sa amin ay dahil sa awa, kundi sapagka’t kami ang kasangkapang kinakailangan nila sa

pagkakaroon ng marami pang salapi. Kung kaawaan ang nag-aakay sa inyo sa pagbibigay ng aming magagawa, ay hindi na sana maririnig kailan man ang tuwina’y panagot na: Wala kang mapapasukan ngayon dito pagka’t hindi kulang ang aking manggagawa, sagot na katimbang din ng pagsasabing: Hindi ko kailangan ang iyong lakas, marami ako ring binubusabos. Iyan ang dahilan ng aming mga pagtutol: ang pagpapalagay ninyong kami’y mga alipin, hindi kapwang dapat pagpakundanganan.”



1957

Nagpahayag si Claro M. Recto ng pagpuna sa dominasyon ng US.



1962

Nagsimula ang Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng PKP sa pangunguna ni Jose Ma.Sison.

ILANG SIPI MULA SA SANAYSAY NA “PROLETARYONG PANITIKAN: ISANG DEPINISYON” NI SALVADOR LOPEZ

Salin sa Pilipino ni Menardo Juarez at Pedi Sinag

ANG PANITIKAN AY PAGPAPAHAYAG AT PAKIKIPAGTALASTASAN.

Dahil dito, marapat lamang sabihin na ang likhang-panitikan ay bunga ng interaksyon sa pagitan ng mga pwersang kumikilos sa loob ng manunulat na nagtutulak sa kanya upang magpahayag, at ng mga pwersang labas sa manunulat na humihimok sa kanya upang makipag-ugnayan at makipagtalastasan.

Ang katagang “proletaryong panitikan” ay bagong usbong sa kasaysayan ng pan-unuring pampanitikan... Kung gayon, sa madaling salita ang proletaryong panitikan bilang natatanging kategorya ay may bisa lamang kung ating tatanggapin ang teorya ng panlipunang pagkukundisyon sa panitikan. Dahil ang tunay na sensitibong manunulat ay di-maiiwasang anak ng kanyang panahon, ang kanyang likha ay humigit-kumulang sumasalamín sa kalagayan ng kanyang lipunang kinabibilangan. At yayamang ang mga kundisyong iyon, gaya nang nabanggit na natin, ay bunga sa kalakhan ng mga panlipunan at pang-ekonomyang salik, ang kawastuan ng konsepto ng proletaryong panitikan sa pinakamayos ay katumbas ng konsepto ng mga uri sa lipunan.

Ang pag-iral ng mga uri sa lipunan sa kasalukuyan—gaya ng pag-iral nila sa nakalipas na mga panahon—sa batayang pang-ekonomya ay isang bagay na unibersal

nang kinikilala... Bawat uri ay may kanyang taglay na kultura, na produkto ng kanyang natatanging mga pangamba, pag-asa, kaligayahan, mithi at mga pansariling kaugalian. Dahil ang panitikan ay tiyak na pangunahing sangkap ng kulturang iyon, dapat tanggapin na ang konsepto ng proletaryong panitikan ay may langkap na kahalagahang likas at obhetibo.

Kung gayon, ang kategorya ng proletaryong panitikan ay nakabatay sa pagiral ng mga uri sa lipunan. Sa sistemang kapitalistang umiiral ngayon sa kalakhang bahagi ng sibilisadong daigdig, dalawa ang mga uri sa lipunan. Una, ang burgesyang nagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon at siyang nag-eempleyo sa paggawa. Ikalawa, ang proletaryado na walang anumang kagamitan sa produksyon at napipilitang magbenta ng lakas-paggawa para mabuhay...

Sa madaling sabi, ang proletaryong

1961, 14 Marso

Nagdemonstrasyon ang 4,000 estudyante at kabataang guro laban sa Committee on Anti-Filipino activities (CAFA) sa bulwagan ng Kongreso.



1962

Sa pangunguna ni Jose Maria Sison, nagtipon ang lakas ng malalaking independyenteng unyon.

nobela o proletaryong maikling kwento, tula o dula ay mangangailangan ng dalawang bagay sa may-akda bilang bahagi ng kanyang kasangkapang intelektwal: ang oryentasyong pampulitika at makauring kamalayan... Ang oryentasyong pampulitika at makauring kamalayan ay hindi madaling makamit nang walang masinsinang pag-aaral at pagsusuri. Hindi madali at hindi likas sa karamihan ng mga manunulat ang pag-uunawa sa panlipunang papel ng panitikan anuman ang kanilang uri o kanilang katayuan sa kinapaloobang uri.

Ating tilarin at linawin ang ilang katangian ng proletaryong panitikan na taglay ng naunang mga obserbasyon.

Una, ang proletaryong panitikan ay walang salang panitikan ng pag-asa at pagsulong. Ito ay malinis, kaaya-aya at masikhay sa layunin. Sa kabila ng pait at dusang pinapaksa nito, dapat kakitaan ito ng kontra-agos ng nanunuot na pag-asa na siya ring nagtatagni-tagni ng iba't ibang bahagi at aspeto nito sa isang kabuuan. Marapat lamang na magkaganoon dahil kailangang manindigan ang proletaryong

manunulat na ang uring kanyang isinusulat at pinag-aalayan ng panulat ay nasa taliba ng progreso ng tao, at ang progreso ay sumusulong mula sa mas mababa patungong mas mataas na antas.

Ikalawa, rebolusyonaryo ang panitikang proletaryo. Ito'y dahil ang proletaryong manunulat ay kinakailangang naninindigan na ang rebolusyon ay bahagi ng istorikal na proseso. Dahil pinapaksa niya ang karanasan ng isang dinamikong uri sa lipunan, ang manunulat ay hindi nagpapakasapat sa paglalarawan, pag-uulat o mag-

ing paglalandang lamang sa mga pwersang kabilang sa dinamismong ito.

Kailangan niya itong iinterpretar ayon

sa nakalipas, sa kasalukuyan at higit sa lahat ayon sa kinabukasan.

Kailangan niyang baybayin ang pagkilos ng mga pwersa at tukuyin hangga't maaari ang di maiiwasang kahahantungan

nito.

Ikatlo, ang proletaryong manunulat ay ginagabayan ng teorya na ang panitikan ay nagtataglay ng higit pa sa mapang-aliw nitong halaga, higit pa sa estetikong kalidad nito.



1963, Mayo 1

Natapos ang pangkasaysayang mural na "Mga Pakikibakang Pilipino sa Kasaysayan" ni Carlos "Botong" Francisco.



1964, 30 Nob

Itinatag sa pangunguna ni Jose Ma. Sison ang Kabataang Makabayan (KM).

Dagdag dito, sadyang may gamit-halaga ito. Ang proletaryong panitikan ay kinakailang-maging isang instrumento ng impluwensyang panlipunan nang hindi nagiging isang paos na propaganda o argumento sa sosyolohiya at ekonomyang ginagayakan bilang nobela o tula, ang proletaryong panitikan.

Ikaapat, dahil sa pinakakalikasan ng materyales at papel nito, ang proletaryong panitikan ay makatotohanan. Ang proletaryong manunulat ang tagapagmana ng makatotohanang panitikan ng lumipas. Sa mga dakilang guro ng realismong sina Fielding, Balzac, Maupassant, Zola, Dickens at Gorky hinahalaw ng proletaryong manunulat ang kanyang pamamaraan, kung hindi man ang kanyang paksa. Ang proletaryong panitikan ay nakatuon sa “pagtanaw sa esensya ng mga bagay sa ating panahon”, sa pagtuklas sa mahahalagang pagkakaiba ng mga tao at grupo ng mga tao upang isiwalat ang natatagong mga kontradiksyon sa likod ng pagkilos ng tao...

Ang pagsusuring ito sa kalikasan at mga katangian ng proletaryong panitikan ay nagluluwal ng dalawang katanungan. Batay sa ating kahulugan, ang proletaryong panitikan ba ay naiiba sa propaganda? Ang proletaryong panitikan ba ay hiwalay at nakatatayo-sa-sariling kategorya, at walang kinalaman sa mga natamo sa panitikan ng nakalipas?

Sa unang tanong, ang sagot ay “lahat

ng sining ay propaganda”. Tinutukoy natin dito ang propaganda sa kanyang malawak na pakahulugan na sumasaklaw sa anumang pagsisikap na himukin ang pananalig ng isang partikular na awdiens sa isang ideya o bungkos ng mga pananaw o aksyon batay sa pananalig na iyon...Ibig sabihin, ang pampulitikang propaganda at mapanlikhang panitikan ay hindi magkatulad na magkatulad dahil ang mga ito ay hindi pareho ang pinagsisimulan at layunin. Gayunman, hanggang sa antas na ang hilaw na materyales ng mga datos pampulitika ay maipapanday sa artistikong hugis ng imahinasyon ng manunulat, wastong proposisyon na ang dalawa’y magkatulad sa substansya, kung hindi man sa pamamaraan...

Ang usapin kung ang panitikan ay isang kategoryang ganap na hiwalay sa iba pang kategoryang umiiral ay nagmumula sa maling palagay na inilalako ng mga panatikong kritiko ng Kaliwa. Kung ang uring anak-pawis ang tagapagmana ng pinakamahuhusay na tagumpay na nakamit sa nakaraan, ang proletaryong manunulat naman ang tagapagmana ng pinakasulong na mga elemento ng kultura ng lumipas. Wala siyang itinatapon na nabuo ng mga manunulat na burges para matamo ang isang mas ganap na sining. Ginagamit niya bilang sarili ang realistikong teknika na kanilang pinaunlad nang husto. Inaangkin niya ang mga porma na ipinakita ng kanilang karanasan na nag-

1965, 25 Disyembre

Nagmartsa patungong Kongreso, palasyo at embahada ng US ang 200,000 manggagawa, magsasaka, estudyante at makabayang negosyante laban sa base-militar ng US.



1966, 8 Agosto

Nagsimula ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura sa Tsina na tatagal hanggang

tataglay ng pangmatagalang halaga... Gaya ng nabanggit na, iwinawaksi ng mga proletaryong manunulat ang ekspresyunismo, surrealismo at dadaismo sa panitikan bilang aberasyong patolohikal na sa pangkabuu'y hindi angkop sa pagtatanghal sa malusog at masiglang uring panlipunang kanilang isinulat.

Ang rebolusyonaryong katangian ng proletaryong panitikan ay hindi matatagpuan sa teknika at sa porma, kundi sa bagong pantaong pinagpapahalagahang ipinapanukala nito kapalit ng luma. Habang tinatanggap ang doktrina na ang kultura ay kinakailangang tuluy-tuloy sa tradisyon, batid ng proletaryong manunulat na sa ilang yugto sa kasaysayan ng daigdig, naganap ang mararahas na pagbabago sa diin sa kultura na humigit-kumulang ay tumutugma sa mga pagbabago sa kaayusang panlipunan. Alam nila, halimbawa, na ang mga manunulat na burges ay rebolusyonaryo sa isang panahon, sa yugto kung saan ang kanilang uri ay nakikibaka para ibagsak ang kapangyarihan ng mga panginoong pyudal...

...Sa isang banda, ang proletaryong manunulat ay malapit sa mga manunulat na burges na buong linaw na sumuri sa sakit ng sarili nilang uri at nag-ulat ng mga ito nang may walang-awang katapatan (Dreiser, mga unang likha ni Sinclair Lewis, William Faulkner, Sherwood Anderson). Higit pang malapit ang mga proletaryong manunulat sa

mga manunulat na burges na nakakatanaw mula sa pagkabulok ng isang sistemang panlipunan ng mga palatandaan ng mabilis na pag-usbong ng panibagong sistemang panlipunan (John Dos Passos, Upton Sinclair, mga huling akda ni Ernest Hemingway, James Farrell, Erskine Caldwell). Ang mga manunulat na burges na tumindig sa labas ng sariling uri upang mataman itong suriin para lamang mapuno ng suklam at galit ang mga tunay na ninuno ng mga proletaryong manunulat. Sa pamamagitan nila, ang magtatagal na halaga ng panitikan ay natitiyak. Walang patlang, kundi mayroong natural na transisyon mula sa nakalipas tungo sa proletaryong manunulat. Ang bigong pagkasuklam ng isang Faulkner o Caldwell ay nasusuhayan ng mga hamon, at uusbong ang isang Robert Cantwell. Ang sentimentalismo ng isang Upton Sinclair ay inililina ng malawak na pag-unawa sa tunay na tadhana ng proletaryado, at susulpot ang isang Clifford Odets o isang John Steinbeck.

Mula dito, ang landas na maaaring tahakin ng proletaryong manunulat ay malayo at malinaw tungo sa hinaharap.

(Inilalathala ng Ulos ang ilang sipi mula sa sanaysay na ito ni Salvador Lopez bilang dagdag na aralin sa usapin ng proletaryong panitikan. Mababasa ang artikulong Mga Talumpati sa Yenan Porum ni Mao Ze Dong sa Pebrero, 2000 na isyu ng Ulos. Gayundin ang Panitikan at Paninindigan ni Jose Ma. Sison, sa Agosto 1999 ng Ulos. Si Salvador Lopez ang progresibong presidente ng University of the Philippines noong Sigwa ng Unang Kwarto.)

1966, 30 Setyembre

Pinahayag ni Jose Ma. Sison ang pangangailangan para sa isang rebolusyonaryong pangkultura.



1966, 12 Oktubre

Nagtalumpati si Jose Ma. Sison hinggil sa mga tungkulin ng Ikalawang Kilusang Propaganda.

MANGGAGAWA

ni Jose Corazon de Jesus

Bawa't palo ng martilyo sa bakal mong pinapanday
 alipatong nagtilamsik, alitaptap sa karimlan;
 mga apoy ng pawis mong sa Bakal ay kumikinang
 tandang ikaw ang may gawa nitong buong Santinakpan;
 Nang tipakin mo ang bato, ay natayo ang katedral,
 nang pukpukin mo ang tanso, ay umugong ang batingaw,
 nang lutuin mo ang pilak, ang salapi ay lumitaw,
 si Puhunan ay gawa mo, kaya ngayo'y nagyayabang...
 Kung may ilaw na kumisap, ay ilaw ng iyong tadyang
 kung may gusaling naangat, tandang ikaw ang pumasan,
 mula sa duyan ng bata ay kamay mo ang gumalaw,
 hanggang hukay ay gawa mo ang kuros na nakalagay...
 Kaya ikaw ay marapat dakilain at itanghal,
 pagka't ikaw ang yumari nitong buong Kabihasnan...
 Bawa't patak ng pawis mo'y yumayari ka ng dangal
 dinadala mo ang lahi sa luklukan ng tagumpay...
 Mabuhay ka ng buhay mong walang wakas, walang hanggan,
 at hihinto ang pag-ikot nitong mundo pag namatay.

Mayo 1, 1929



1967, 7 Pebrero

Itinatag ang Movement
 for the Advancement
 of Nationalism (MAN).



1967

Inilathala ang unang edisyon ng
 Struggle for National Democracy
 (SND). May pambungad ni
 Teodoro Agoncillo.

ngayon hanggang
bukang liwayway



PAGPUPUGAY SA MGA BAGONG MARTIR NG KILUSANG MANGGAGAWA

nina Pablo Makata, Stella Magtanggol at Juan Gabriel

NAGSISILANG NG MARAMING BAYANI ANG BAYANG LUMAKI SA hirap at matagal na pinagsamantalahan ng imperyalismong Estados Unidos at ng kanilang mga kakutsaba. Patunay dito ang kasaysayan ng Kilusang Paggawa at Kilusang Anakpawis.

Sa huling dekada ng 1900, nag-simula na ang ilang mga lider mang-gagawa sa pagpapatalas ng kaisipan at pagpupursige sa kanilang mga pagkilos para sa kanilang kapakanan at kalayaan mula sa iba't ibang uri ng pang-aapi at pagsasamantala. Kabi-lang dito sina Isabelo delos Reyes na pangulo ng unang naitatag na unyon sa bansa; si Crisanto Evangelista na unang pangulo ng Partido Komunista ng Pilipinas at kinikilalang ama ng militanteng unyonismo; sina Carlos Bulosan at Ka Amado V. Hernandez na hindi lamang nagsulat tungkol sa buhay at pakikipaglaban ng mga manggagawa kundi nakisalamuha at nanguna din sa gawaing unyonismo.

Walang dudang sila ang tagapagmana ng makatarungang layunin at gawain ni Gat Andres Bonifacio na nagtatag ng Katipunan.

Gayundin naman, ang ating mak-abagong panahon ay nagsilang at patuloy na nagsisilang ng mga bagong martir. Sa kasaysayan ng burges at ng mga reaksiunaryo, sila ang mga mar-tir na hindi dapat bigyan ng bantayog kapwa sa paglalaan ng monumento o pahina sa kasaysayan, dahil sila ang patuloy na tumutuligsa sa isang ma-pang-api, mapanloko at mapagsaman-talang kaayusan sa ating lipunan.

Pero kung tutuusin, sila ang tagapagmana ng diwa ng lumang pambansa-demokratikong kilusan

1968

Muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na ginagabayan ng Marxismo-Leninismo at Maoismo.



1969

Itinatag ang Bagong Hukbong Bayan (BHB).

na kinakatawan ng Katipunan at ng mga martir sa unang mga dekada ng ika-20 siglo. Sila ang nagpatuloy sa hamon ng panahon na wakasan ang pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggagawa, magsasaka at sambayanang Pilipino.

Sa isyung ito ng *Ulos*, bibigyan natin ng pagkilala at mataas na pagpapahalaga ang mga bagong martir

na ito. Ang mga ito ay sina Ka Bert Olalia, Ka Lando Olalia, si Ka Tatang o Ceferino Lacara, Edgar Jopson, Liza Balandó at Alex Boncayao.

Ang pahina sa *Ulos* na kinalalagyan ng kanilang buhay, pakikibaka at inspirasyon ay magsisilbing pangmatagalang muog ng pagpapahalaga sa kanila.



1969

Inilathala ang makabagong epiko ni Amado V. Hernandez na *Bayang Malaya* at ang nobelang *Mga Ibong Mandaragit*.



1970

Unang lumabas ang *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*

1910-2000

TATANG NG HUKBONG BAYAN

Ceferino “Tatang” Lacara

NANG YUMAO SI CEFERINO LACARA NOONG HUNYO 2000 AY SAKA lamang nagkaroon ng pangalan at mukha para sa maraming kasama at masa si “Tatang”—ang pangunahing tauhan sa testimonyal/biograpiikal na librong *Sa Tungki ng Ilong ng Kawaway*.


Ang isang nangingibabaw na katangian ni Ceferino Lacara o Tatang ay ang pag-aalay ng buong 90 taon ng kanyang buhay sa rebolusyon. Inialay niya ang kasiglahan ng kanyang kabataan, pati natitirang lakas ng kanyang katandaan, para sa pagsusulong ng rebolusyon.

Makulay at mayaman sa aral at karanasan ang maraming taong inilaan ni Tatang sa rebolusyonaryong kilusan. Mula sa pagtatapas ng tubo sa Pampanga at Nueva Ecija; hanggang sa pagsapi sa mga unyon at organisasyong progresibo at makabayan; hanggang sa pag-oorganisa sa mga maralitang komunidad sa lungsod; tungo sa pagbubukas ng mga larangang gerilya sa kanayunan. Nasubaybayan, naging bahagi at namuno si Tatang sa pagbibinhi at

pagyabong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa at magsasaka at ng Partido. Sa kabuuan ng kanyang buhay ay naging bahagi siya ng Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Ipinanganak si Ceferino Lacara noong 1910 sa Bacnotan, La Union. Dahil mahirap ang kanilang pamilya, nagtrabaho si Tatang bilang tabasero ng tubo sa mga asyenda sa Pampanga at Nueva Ecija. Dito siya namulat sa pagsasamantala ng panginoong maylupa sa mga kasama.

Naging aktibo siya sa pag-uunyon at naging kasapi ng KAP (Katipunang Anakpawis ng Pilipinas) at KPMP (Kalipunang Pambansa ng Magbubukid sa Pilipinas). Kalaunan ay naging kasapi siya ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas at patuloy

**1970**

Binuo ang Movement for a Democratic Philippines.

**1970**

Sumulpot ang mga bagong organisasyon ng manggagawa tulad ng Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (Kasama).

na kumilos bilang organisador sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Naging bahagi din siya ng pagbubukas ng mga bagong lugar na kikilusan at sa pagtatayo ng mga grupo ng Partido.

Nang pumutok ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sumapi si Tatang sa Hukbalahap. Pagkatapos ng gyera ay naging aktibo siya sa CLO (Congress of Labor Organizations). Dahil sa matinding panunupil sa militanteng kilusan, noong 1952 ay dinakip at nabilanggo si Tatang tulad ng ibang lider-manggagawa at magsasaka. Lubos siyang napalaya noong 1961. Nagsimula ulit siyang kumilos sa hanay ng maralitang tagalunsod—una sa Tondo, at kalaunan ay sa Constitution Hill (Batasang Pambansa ngayon).

Noong 1968, isa siya sa mga inanyayahang dumalo sa mga pagpupulong para sa muling pagtatatag ng Partido. Bilang kasapi ng muling itinatag na Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), isa siya sa mga kadreng tumugon sa panawagan ng pagpapalawak ng Partido noong 1969. Kumilos siya sa Ilocos, kanlurang Pangasinan, La Union, at bu-lubunduking lugar ng mga Igorot. Naging bahagi siya ng pagpapaunlad sa mga lugar na ito at pagrerekluta ng mga kabataan para sa larangang gerilya sa Isabela.

Nang suspindihin ang *writ of habeas corpus* noong 1971 ay nasa Maynila na ulit si Tatang. Umatras siya sa Silangang Rizal at doon kumilos. Noong 1976 ay inatasan

siyang mag-organisa sa tri-boundary ng Kalinga-Apayao, Abra at Ilocos Sur. Pagkatapos ng tatlong taon, dahil uminit na siya sa mata ng kaaway, nalipat si Tatang sa Ilocos Sur kung saan siya kumilos mula 1980-1981. Dito ay muli siyang uminit sa mata ng kaaway, kung kaya't bumalik siya sa Maynila. Kumilos siya muli sa hanay ng manggagawa kung saan siya nagsimula. Noong Hunyo 2000, dito na rin natapos ang mahaba at masiglang pakikibaka ni Tatang, sa edad na 90.

Si Ceferino Lacara ay isang huwarang rebolusyonaryo. Mahusay siyang makipagkapwa-tao, mahusay sa panlipunang pag-sisiyasat, mahusay tumangan ng seguridad, matiyagang magpaunlad ng mga abanteng elemento mula sa masa — mga katangiang mahalaga lalo sa mga kadreng naatasang magbukas ng bagong gawain o larangan. Kahit di nakapag-aral ay matiyaga siyang nag-aral ng teorya at pakikibaka ng makauring pakikibaka. Makikita rin ang tatag ng kanyang rebolusyonaryong paninindigan sa harap ng pagbabanta at pagkabihag ng kaaway.

Higit sa lahat, si Ceferino Lacara ay isang rebolusyonaryong hindi nawalan ng sigla, sa lahat ng panahon, ng kanyang maku-lay at mahabang buhay at pakikibaka.

1970

Nagsimula ang Sigwa ng Unang Kwarto (FQS).



1970

Itinatag ang Pambansang Samahan ng Makabayang

1903-1983

AMA NG MILITANTENG UNYONISMO

Felixberto “Ka Bert” Olalia

SA GITNA NG PINAKAMADILIM NA ARAW SA ILALIM NG PASISTANG diktadurang Marcos, isang lider-anakpawis ang umangat upang ipagpatuloy ang militante’t makabayang tradisyon ng uring manggagawang Pilipino.

Si Felixberto “Ka Bert” Olalia ay tinaguriang “Grand Old Man” o “Angry Old Man” ng kilusang unyon. Siya ay higit na kilala bilang beteranong lider-manggagawa na nagtatag sa Kilusang Mayo Uno (KMU), ang militanteng sentrong unyon. Dahil dito, matayog na nagwawagayway ngayon ang bandera ng tunay na unyonismo sa bansa pagkaraan ng mahabang panahon na ito’y

marahas na sinikil ng mga awtoridad, partikular mula noong mga 1950.


At dahil rin dito, si Ka Bert ay walang habas na inusig ng mga galamay ng mapanupil na estado. Sa 64 taong karanasan niya sa kilusang paggawa, tatlong ulit siyang inaresto’t ikinulong, pinaratangang subersibo at kaaway ng gobyerno.

“Gusto kong masaksihan ang pagbabago,” malakas na bulalas ni Ka Bert minsan sa kanyang mga kapanalig. *“Halos lahat ng buhay ko - magmula nang ako’y 16 ay inialay ko sa simulain ng paggawa. Dapat akong mabuhay upang masaksihan ito.”*

Pero hindi na natupad ang kanyang pangarap.

Noong Agosto 13, 1982, si Ka Bert ay dinakip ng mga alagad ng pasistang rehimen ng Marcos. Kasama niyang naaresto ang 34 pang lider-manggagawa at unyonista sa ilalim ng KMU at Pagkakaisa ng mga Manggagawang Pilipino (PMP).

Sa edad niyang 79, si Ka Bert ay ibin-


1971

Itinatag ang Samahan ng mga Manggagawa sa Otel at Restoran.


1971

Itinanghal ng Panday Sining ang “Masaker sa Araw ng Paggawa” at “Welga!”

artolina na naging dahilan ng pagkahulog ng kanyang katawan at paglala ng kanyang karamdaman. Noong Mayo 1, 1983, si Ka Bert ay ipinailalim na lamang sa house arrest sa utos ni Presidente Marcos. Ngunit huli na ang lahat. Agaw-buhay na siya noon, bunga ng mga komplikasyon sa baga, spinal column, at iba pang parte ng katawan na nakuha niya habang nakakulong.

Noong Disyembre 4, 1983, nalagutan ng hininga ang beteranong unyonista sa edad na 80. Kay Ka Lando niya iniwan ang kanyang huling habilin; *“Huwag kayong mabibigo. Magtagumpay kayo.”*

Saklaw ng buhay ni Ka Bert ang halos buong kasaysayan ng kilusang unyon sa bansa. Sa 64 taong inialay niya sa kilusang paggawa, nasaksihan niya ang halos lahat ng mahahalagang yugto ng pag-unlad ng unyonismo at marahil hindi na mapapantayan ang bukal ng napakayamang karanasan na nakuha niya rito.

Isinilang noong Agosto 5, 1903, si Ka Bert ay nagmula at lumaki sa isang pamilya ng maralitang magsasaka sa Bacolor, Pampanga. Gayunman, sinikap pa rin niyang matuto mula sa sariling pag-aaral. Ang kanyang kakulangan ng pormal na edukasyon ay hindi naging sagabal sa pag-unlad niya bilang unyonista at lider-manggagawa dahil sa katunayan, sa pamamagitan ng simpleng tiyaga at pagsisikap, sa kalaunan, ay nadaig pa niya ang abogadong nakapagtapos ng

kolehiyo sa pagiging eksperto sa mga batas-paggawa.

Sa murang edad na 16, si Ka Bert ay namasukan sa isang pabrika ng tsinelas sa may Avenida Rizal, Maynila. Makaraan ang isang taon dito, noong 1920, ay sumama siya sa pagtatatag ng Union de Chineleros Y Zapateros de Filipinas (UCZF), isang unyon ng mga manggagawa ng tsinelas at sapatos, at nahirang bilang kalihim nito.

Bilang malapit na kasangga at matapat na mag-aaral ni Evangelista, si Ka Bert ay agad sumapi sa PKP at aktibong nakilahok sa mga pagkilos nito. Bagaman noong 1931 ay idineklarang iligal ang bagong tatag na Partido, nagpatuloy si Ka Bert sa pagkilos dito.

Nang lusubin ng mga Hapon ang Pilipinas, sina Ka Bert at iba pang mga progresibong lider-union ay kagyat na bumaling sa pakikidigmang gerilya alinsunod sa panawagan ng PKP.

Pagkaraan ng digmaan, si Ka Bert ay bumalik agad sa pagkilos sa hanay ng mga manggagawa. Noong 1945, itinayo ang Committee on Labor Organizations para muling ibuwelo ang kilusang unyon. Nang lumaon, ang komite ay pinangalanang Congress of Labor Organizations (CLO) at ang dakilang makata at manunulat na si Amado V. Hernandez ang nahirang na tagapangulo samantalang si Ka Bert naman ang tumayong ingat-yaman.

1971

Sinuspinde ni Marcos ang Writ of Habeas Corpus at inaresto ang mga lider-masa.



1971

Unang demonstrasyon ng PAKSA sa Plaza Moriones na may temang “Panulat Para sa Pambansang Rebolusyong Pangkultura.”

Mabilis na nakapwesto sa unahan ng mga pakikibakang manggagawa ang CLO at sa loob ng maikling panahon ay nakakuha agad ito ng 78 kasaping unyon at 100,000 indibidwal na myembro. Naging tampok ang CLO bilang kauna-unahang ganap na sentrong unyon na may pambansang katan- gian gayundin si Ka Bert bilang isa sa mga pangunahin at pinagpipitaganang lider- manggagawa sa panahong ito.

Samantala, noong 1949, nahirang si Ka Bert bilang pambansang pangulo ng Kalipunan ng mga Kaisahang Manggagawa (KKM), isang bagong tayong pederasyon ng mga unyon. Sa ilalim ng kanyang pamu- muno, lumahok ang KKM sa sumisigabong kilusang welga at mga pangmasang demon- strasyon, kabilang ang isang aksyong masa na tumuligsa sa pagpapadala ng mga sund- along Pilipino sa digmaang Koreano noong 1950.

Ngunit nang taon ding iyon, bumaling na rin ang estado sa lantarang pandarahas at panunupil. Sinuspinde ni Presidente Elpidio Quirino ang pribilehiyo ng *Writ of Habeas Corpus* at kasunod nito ay sinimulan na ang madugong kampanya laban sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) na nasa pamumuno ng PKP.

Hindi nakaligtas si Ka Bert sa ginawang paninibasib na ito ng estado sa kilusang paggawa. Noong Setyembre 11, 1951, pati



siya ay hinuli ng militar at kinasuhan ng rebelyon.

Tatlong taon sa loob ng bilangguan si Ka Bert bagaman ang talagang sentensya sa kanya ay isang taon lamang. Nang makalaya siya, agad niyang inasikaso ang pagbubuo ng Samahan ng Makabayang Pilipino (SMP) at makaraan ang ilang buwan, ng Confed- eration of Labor of the Philippines (CLP). Sa panahong ito, naging aktibo rin siya sa muling pagbwelo ng kilusang magsasaka matapos madurog ang pag-aalsang Huk.

Noong 1962, nakasama ni Ka Bert sina Ignacio Lacsina, Cipriano Cid at ang lider estudyante noon na si Jose Ma. Sison sa pagbubuo ng Lapiang Manggagawa (LM), isang hayag na partidong pampulitika ng mga anakpawis.

Saksi si Ka Bert sa muling paglakas ng makabayang kilusan sa pagpasok ng dekada

1971

Pinaputukan ang pagkilos ng mga manggagawa. sa Araw ng Paggawa. Nasawi ang lider-manggagawa na si Lisa Balandó.



1971

Naitatag ang aktibistang grupong pangkulturang Panday Sining na isa sa mga grupong pangkultura na nagpalabas ng mga dulang prole- taryo

1970. Nang sumambulat ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970, hinikayat niyang lumahok dito ang mga unyonista sa pamumuno niya, kaalinsabay sa pakikipag-ugnayan niya sa mga bagong tatag na militante at progresibong mga pederasyong manggagawa.

Nang ibaba ang batas militar, sa ikalawang pagkakataon ay nahagip si Ka Bert ng panunupil ng estado. Kasama ng iba pang lider-makabayan mula sa iba't ibang sektor at ng oposisyon, siya'y napiit sa bilangguan nang mahigit limang buwan. Ngunit gaya ng inaasahan, nagpatuloy pa rin siya sa kilusang paggawa nang siya'y makalaya.

Lisa ang hangarin at pangarap ni Ka

Bert sa napakahabang panahon na ginugol sa kilusang paggawa. *"Ang nais ko'y isang pamahalaang pinatatakbo ng mga manggagawa. Habang ito'y hindi natin nakakamit,"* aniya, *"ang mga manggagawa'y mabubuhay at mamamatay na pinagsasamantalahan."*

Kaya hinamon ni Ka Bert ang rehimeng Marcos sa diumano'y layunin nitong pag-isahin ang buong kilusang paggawa batay sa patakarang *One Union, One Industry*. Sa proseso, mabisa niyang inilantad ang tunay na motibo ng diktadura na kontrolin ang kilusang paggawa at kapunin ito. Nabantad sa kanya ang tunay na katangian ng dilawang sentro, ang Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), bilang instrumento



1971

Inilathala ni Jose Ma. Sison ang Philippine Society and Revolution (PSR).



1971

Naganap ang unang Pambansang Kongreso ng Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitecto (NPAA).

ng mga pasista at ng mga imperyalistang tumangkilik dito.

Samantala, unti-unting nakakabangon na noon ang militanteng kilusang paggawa. Noong Oktubre 1975, pumutok ang welga sa La Tondena. Mula noon, nagtuloy-tuloy na ang kilusang welga at sinabayan pa ito ng papalaking mga demonstrasyon ng mamamayan sa kalunsuran at ng maiigting na pakikibakang masa ng mga maralitang tagalunsod at kabataang estudyante.

Dumating din ang panahong nagkabunga ang mga pagsisikap na ibangon muli ang militanteng kilusang paggawa at dito'y sentral ang naging papel ni Ka Bert Olalia. Sa pamumuno ni Ka Bert, itinatag noong Mayo 1, 1980 ang Kilusang Mayo Uno (KMU).

Mula't sapul, iginuhit na agad ng KMU ang saligang pagkakaiba nito bilang isang bloke sa kilusang paggawa na nagtataguyod sa tunay, palaban at makabayang unyonismo. Sa mahusay na liderato ni Ka Bert, agad na nakapwesto ang KMU sa unahan ng makapangyarihang bugso ng mga welga mula 1980 hanggang sa kasalukuyan.

Ngunit higit na naaalala si Ka Bert sa kanyang matindi't magiting na paglaban sa mga kontra-manggagawang batas ng dikta-durang Marcos, lalo na ang BP 130 at BP 227 na sumusupil sa karapatang magwelga. At dahil talagang hindi na mapigil ng rehimeng Marcos ang tuluy-tuloy na paglakas ng KMU at ng militanteng kilusang paggawa, ginamit na nito ang huling baraha. Inaresto si Ka Bert at tinangkang gawing iligal ang KMU.

Hindi nito nadurog ang KMU, bagkus ay lalo pa itong lumawak at lumakas. Hindi nito napigil ang patuloy na pagbugso ng mga welga at sa katunayan ay higit pang umigting at lumaganap ang mga ito.

Namatay si Ka Bert, bagaman sa gitna ng lahat nito, hindi maisasantabi ang malaking kontribusyon niya sa pagsusulong ng mga dakilang mithiin ng uring manggagawa. Ang mga katulad ni Ka Bert ay habang panahong nabubuhay. Gaya ng parangal ng KMU sa kanyang alaala, "*hindi lamang simulain ang kanyang iniwan kundi rumaragasang kilusan.*"

1971

Talumpati ni Sison sa PAKSA hinggil sa mga tungkulin ng mga kadre sa gawaing pangkultura.



1972

Inilathala ang Luha ng Buwaya, nobelang agraryo ni AV. Hernandez. Nailabas din ang Sigwa, koleksyon ng mga progresibong maikling kwento.


ELEHIYA KAY KA BERT OLALIA

Halaw ni Pete Lacaba kay Nina Serrano

Wala ka na
sa daigdig ng hininga,
at ano ang iyong pamana sa amin?
Isang tinig mula sa bukirang
nililinang ng anakpawis,
isang tinig mula sa pabrikang
pinaaandar ng anakpawis,
isang tinig na nagsasabing tayo'y tao,
tayo'y tao,
ayos lang.

Nakakasugat tayo, nakakasira,
nakakapagpahirap ng kalooban,
ayos lang.
Nadadapa tayo, napapaluhod, napapaiyak,
ayos lang.
Umiibig tayo at dahil dito'y nasasaktan,
at ayos lang,
sapagkat tayo'y tao.

Sapagkat tayo'y tao,
ayaw nating magpaapi.
Sapagkat tayo'y tao,
ayaw nating maapi ang ating mga kapatid.
Sapagkat tayo'y tao,
tayo'y umiibig.
Sapagkat tayo'y umiibig,
tayo'y nakikibaka.



1972

Unang itinanghal ang dulang
Welga! Welga! ng Panday Sin-
ing.



1972

Idineklara ni Marcos ang Batas
Militar, maraming aktibista ang
nag-andergrawnd sa pamban-
sa-demokratikong kilusan.

1934-1986

LUBOS NA PAGLILINGKOD

Atty. Rolando “Ka Lando” Olalia

ISANG PEKLAT SA BINTI — DITO NA LAMANG NAKILALA ANG KALUNUS-lunos at di-makilalang bangkay ni Ka Lando Olalia.

Gabi ng Nobyembre 12, 1986, galing si Ka Lando sa isang pulong ng unyon sa Ajinomoto nang dukutin siya at ang kanyang drayber na si Leonor “Barok” Alay-ay ng mga di-kilalang armadong lalaki. Kinabukasan, napabalitang nawawala ang dalawa at umabot pa ng gabi bago natagpuan ang kanilang mga bangkay sa isang liblib na lugar sa Antipolo.

“Kumbaga sa pagsikat ng araw ay biglang dumilim ang katanghalian,” wika ni Ka Chabeng, ang naiwang maybahay ni Ka Bert, tungkol sa pagkawala ni Ka Lando. Ang higit na ikinasasama niya ng loob, dagdag ni Ka Chabeng, nawala agad si Ka Lando sa piling ng masang anakpawis sa yugtong nag-uumpisa pa lamang ang kaningningan ng kanyang mabuting gawain sa kilusang paggawa.


“Kung tumagal-tagal lamang si Ka Lando,” wika naman ni Crispin, “Ka Bel” Beltran, na pumalit kay Ka Lando bilang tagapangulo ng KMU, *“maaaring makamit niya ang katayuan ng isang labor statesman na tulad ng pagkategorya ng*

historian na si William Henry Scott kay Isabelo de los Reyes.

Pinaslang ang taong ito dahil sa handa siyang mag-alay ng kanyang buhay para sa kapakanan ng ibang tao.”

Si Atty. Rolando Mariano Olalia ay nabuhay lamang ng 52 taon. Gaya ni Ka Bert, si Ka Lando ay laki sa hirap. Isinilang noong Setyembre 3, 1934 sa Lubao, Pampanga. Maagang namatay ang kanyang inang si Basilia Beltran Mariano. Sa murang edad, pumasok siya sa iba’t ibang uri ng trabaho.

Tulad din ng kanyang ama, si Ka Lando ay maagang nasangkot sa masalimuot na daigdig ng unyonismo. Nasa hay-skul pa lamang siya, mahigit 20 taon na siya noon, hini-mok siya ni Ka Bert na kumilos sa bagong



1973

Inilathala ang aklat na *Dare to Struggle, Dare to Win*.



1972, Nob

Unang inilathala ang *Liberation*, ang opisyal na pahayagan ng National Democratic Front of the Philippines.

tatag na pederasyong National Federation of Labor Unions (NAFLU). Samantala, aktibo na rin si Ka Lando sa lumalakas na aktibismo sa hanay ng mga estudyante noong mga 1960 at 1970. Sa panahong ito, nakasama na niya sina Jose Ma. Sison sa pag-oorganisa ng mga balangay ng Kabataang Makabayan sa University Belt at sa pagpapakilos sa mga magsasaka sa ilalim ng Malayang Samahan ng mga Magsasaka (MASAKA) na inorganisa ni Ka Bert. Nang lumaon, sa panghihikayat din ni Ka Bert, kumuha ng abogasya si Ka Lando sa Manuel L. Quezon University hanggang sa nakapasa siya sa bar noong 1971. Kabilang siya sa nangungunang 100 na kumuha ng eksamen.

Noon pa man, nakita na ni Ka Bert kay Ka Lando ang mga katangian na karapat-dapat para sumunod sa mga yapak niya. *“Tulungan natin iyang si Rolando,”* natatandaan ni Ka Bel na sinabi ni Ka Bert. *“Gusto niyang matuto mula sa atin.”*

At hindi nabigo si Ka Bert kay Ka Lando. Pagkamatay ng beteranong lider manggagawa, napunuan agad ng kanyang anak ang malaking kawalan sa liderato ng militanteng kilusang unyon. Noong Disyembre 1983, si Ka Lando ang nahirang na pangulo ng NAFLU alinsunod sa kapasyahan ng buong Komite Sentral ng Pederasyon. Sa pagdaraos ng Ikalawang Pambansang Kongreso

ng KMU noong Pebrero 1984, siya rin ang nahalal na tagapangulo ng sentrong unyon.

Pati sa kanilang pagkamatay, halos magkahawig ang nangyari sa mag-amang Olalia. Kung dahil kay Ka Bert ay muling naiwagayway ang bandera ng militanteng unyonismo sa bansa, si Ka Lando naman ang nag-aruga at nagpatibay ng pundasyon nito. Sa pamumuno ni Ka Lando, lumaki nang lumaki ang kasapian ng NAFLU hanggang sa mapabilang ito sa pinakamalalaking pederasyon sa Pilipinas.

Noong buhay pa siya, si Ka Lando mismo ang nagsasabing *“hangga’t hindi nagtatagumpay ang masang manggagawa, walang mangyayaring makabuluhang pag-unlad sa Pilipinas.”* Ito’y paulit-ulit niyang sinasabi sa kanyang mga talumpati, sa mga pulong ng pamunuan ng KMU, sa pakikipag-usap sa mga lider ng unyon at sa sinumang makausap niya sa opisina.

Nakatanim sa katauhan ni Lando ang pangarap ng mamamayang Pilipino na tala-gang magbago ang kaayusan ng lipunan. Sumulpot si Don Belong sa panahong ipinupunla pa lamang ang binhi ng unyonismo sa Pilipinas. Si Ka Lando naman ay dumating sa panahon ng ibayong pagsulong ng kilusang manggagawa sa gitna ng matinding paninibasib ng diktadurang Marcos.

1973, 24 Abril

Itinatag ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP).



1973, 1 Mayo

Naglabas ang PKP ng pahayag: *“Manggagawa, magkaisa para ibagsak ang diktadurang US-Marcos!”*

1949-1971

KAGITINGAN NG KABABAIHAN

Lisa Balandó

LISA BALANDO. DI PAMILYAR ANG PAN-GALANG ito sa kasalukuyang henerasyon ng mga aktibista na lumaki sa ilalim ng batas militar.

Sa mga madidilaw at maalikabok na pahina ng mga pahayagan ng buwan ng Mayo 1971 lamang matutunghayan ang maikling salaysay kay Lisa Balandó, unyonista at isa sa kauna-unahang martir ng mga manggagawang kababaihan ng bagong pambansa-demokratikong rebolusyon.

Pangkaraniwan lamang ang kwento ng buhay ni Elsa (tunay niyang pangalan). Panganay siya sa tatlong magkakapatid na binuhay at pinalaki ng kanilang mga magulang na sina Lamberto at Engracia, mula sa pakikipagbuno sa mga bukirin ng Barrio Parayan, Catubig, Samar. Palibhasa'y nangarap na makawala sa gapos ng kahirapan, nakipagsapalaran si Lisa sa magulong lunsod sa murang edad na 17. Doon n'ya hahanapin ang ayon sa kanya'y swerte.

Tulad ng maraming mga bagong salta sa Kamaynilaan, namasukan si Lisa bilang isang katulong sa tahanan ni Major Honorato Pedro ng Philippine Constabulary Band sa Camp Crame. Pagkaraan ng isang taon, umalis siya roon at sinubukan naman



niyang magtrabaho bilang saleslady sa isang tindahan. Lumipas ang dalawang taon at sa paghahangad na umasenso nang kahit kaunti ay pumasok siya bilang manggagawa sa Rossini's Knitwear and Winter Garments sa Caloocan.

Sa yugtong ito ng kanyang buhay, hindi na magiging pangkaraniwan ang dati-rati'y simpleng katauhan ni Lisa. Ang di-makatarungang kondisyon sa paggawa sa loob ng pabrika na tiniis niya sa loob ng tatlong taon ay nagbunsod kay Lisa at sa iba pa niyang mga kasama na mag-organisa ng unyon. Pinamunuan niya ang kauna-unahang welga sa Rossini's na pumutok noong Abril 23, 1971.

Naging mabilis ang paglalim ng kamulatan ni Lisa. Mula sa mga usapin sa loob ng pabrika ay naunawaan din niya ang mga

1974-75

Tumulong si Edgar Jopson, isang martir ng pambansa-demokratikong kilusan, sa pagkuha ng suporta ng mga taong simbahan sa kilusang manggagawa.



1974

Unang inilabas ang Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan.

usaping panlipunan. Tinumbasan niya ang kaalamang ito ng ibayong pagkilos. Lumahok siya sa mga demonstrasyon, rali, martsa at aklasan ng mga manggagawa, kabataan at iba pang sektor ng lipunan sa panahon ng makasaysayang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970.

Subalit di pala patatagalin ng mga pa-sista ang pakikipagtunggali ni Lisa Balandó.

Mayo 1, 1971, Pandaigdigang Araw ng Paggawa, isang sagradong araw ng mga manggagawa sa buong daigdig, nang siya'y pinaslang. Mahigit na dalawang libong manggagawa, estudyante at kabataan ang nagtipon sa harapan ng gusali ng Kongreso sa Maynila upang ipaabot sa mga mambabatas ang kanilang mga hinaing.

Mapayapang nagpoprograma ang mga demonstrador. Sa *improvised* na entablado ay mapapanood ang mga kasapi ng Sining Kamanyang, isang grupong pangkultura ng mga militanteng kabataan sa Tundo. Naghahagis sila sa ere ng mga kahoy na armalite na animo'y tunay na mga baril. Nagpalakpakan ang mga demonstrador. Pero maya-maya ay biglang nagsimula ang mga putukan.

Nang mahawi ang usok, tatlo ang patay at 15 ang iba pang sugatan. Isa si Lisa Balandó sa mga binawian ng buhay. Kasama sa namatay sina Richard Escarta at Ferdinand Oiang. Sila ang ilan lamang sa mga unang biktima ng pasistang rehimen ni Marcos.

Nararamdaman marahil ni Lisa ang

panganib sa araw na iyon ngunit nagpatuloy pa rin siyang nanindigan. Ilang oras bago siya masawi ay sumulat siya ng liham sa kapirasong papel at nilagdaan niya ng *Paalam Bayan, Paalam, Mama, Papa*.

Pinabaunan si Lisa ng mga rebolusyonaryong awitin at mga luha ng pagdadalamhati ng mga naghatid sa kanya sa North Harbor. Habang inilululan sa MV Venus ang kanyang simpleng kabaong ay naalala ng mga kasama ni Lisa ang kanyang kabutihan. Mapagkumbaba, mahaba ang pasensya subalit determinado. Tagaayos ng mga alitan ng kanyang mga kamanggagawang babae.

Narito ang isang pahayag mula kay Ma. Lorena Barros, ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) at isa ring martir ng kilusang makabayan sa panahon ng pasistang diktadurang Marcos:

"Ipinagluluksa natin ang pagkamatay ng isang magiting na babae, si Lisa Balandó ng Rossini's Knitwear na kamakailan lamang ay namuno sa mga kapwa niya manggagawa sa isang matagumpay na welga. Di natin malilimutan si Lisa dahil sa kabayanihang ipinakita niya sa harap ng kamatayan, samantalang ang mga pumaslang sa kanya ay kikilalaning mga Hitler ng makabagong panahon."

Patuloy na maglalagablab ang minsá'y winika ni Lisa: *"Kamatayan lamang ang makapipigil sa akin upang tapusin ang martsa."*

1975

Pumutok ang makasaysayang welga sa La Tondena Inc.



1975, 23 Nob

4,000 manggagawa, maralita at gitnang pwersa ang naglunsad ng protestang misa sa Sta. Cruz Church.

MAYO UNO

(*Alay kay Liza Balandó*)

I.

Ang Kongreso'y malamig na monumento
ng isang madugong kahapon;
at ang lansangan ay gunitang
ginagasak ng sanlaksang goma,
binubulyawan ng mga tambutso.
Nangangalirang ang kaluntiang
may mga patak ng pulang bulaklak.

II.

Mayo Uno na naman ngayon.
At ang nagdaang pitong taon
ay hindi makapagpapakupas,
hindi makapapawi
sa tingkad ng pakikibakang
iwinawagayway mo
at ng libu-libong kauri
sa katanghalian
ng Araw ng Paggawa.

Kapalit ay karampot na sahod,
ang maghapon o magdamag na paggawa
ay mga karanasan, mga tanawing
madalas sumugat sa inyong dibdib.
("Ang mga kapitalista'y nabubundat,
ang mga manggagawa'y naghihirap!")
Ngunit higit na nagpabaga
ng dugo at pandama
ang kalupitan ng sistema ng lipunang
inyong kinasadlakan.
Nag-usisa kayo, nag-isip,

Nagsama-sama, nagwelga!

Kasama mo silang lahat:

mga babae at lalaki,

sa araw at gabi, sa pakikipagpuyatang
kapiling ang gutom, pagod, ginaw...

At Ka Liza, ang pagkamulat

ay mapulang liwanag na tumanglaw
sa inyong mga isipan.

("Ang mga imperyalistang Estados Unidos,
sila ang humuhuthot sa yaman

ng sambayanang Pilipino. Ang papet
na si Marcos ang punong tagapangalaga

ng interes ng mga among imperyalista!")

Ka Liza, ang pagkamulat

Ay mapulang liwanag na tumanglaw
Sa inyong mga isipan.

("Wakasan ang paghaharing Estados
Unidos-Marcos!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino!
Rebolusyon! Rebolusyon!")

III.

Mayo 1, 1971 –

libu-libo kayong manggagawang
umalon sa mga lansangan.

Ang init ng lansangan at paligid
ay di makadaig sa init

na sumusulak sa inyong mga dibdib.

At sa harap ng Kongreso,

habang inihihiyaw ng mga loud speaker
ang pagsasamantalat' pandarahas

sa inyo at sa mga kauri,

bumuga ang bala ng militar,

1976

Ipalabas at sinensor
ang pelikulang Sakada.



1976, 1 Mayo

Idinaos ng mga manggagawa
sa St. Joseph's College auditorium
ang kauna-unahang Labor Day rally
sa ilalim ng martial law.

kabuktutang nag-akalang makalalansag
sa inyong hanay.

At sa katawan mo, Ka Liza,
ilang punlo, ilang punlo ang bumaon.
Di man lang nagbabala ang kamatayan!
At ang katawan mo'y timbuwang na
humalik
sa lansangang mainit.
At ang iyong dugo'y sambulat na tumina
sa mga plakard ng pagtutol.
Di man lang nagbabala ang kamatayan.


IV.

Ka Liza! Ka Liza!
Bawat patak ng dugong itinigis mo'y
Panawagan sa laksang kababaihan,
sulo sa paglahok sa rebolusyon.

Ka Liza! Ka Liza!
Bawat patak ng dugong itinigis mo'y
kamao ng angaw na manggagawang
humuhulagpos
sa tanikala ng pagkabusabos.

Ka Liza! Ka Liza!
Bawat patak ng dugong itinigis mo'y
punlo ng Bagong Hukbong Bayan
na tumitimo sa dibdib ng mga kaaway.

Ka Liza! Ka Liza!
Bawat patak ng dugong itinigis mo'y
hakbang sa tagumpay
ng nakikibakang sambayanan!



1977

Itinanghal ang dulang
Pagsambang Bayan;
Itinanghal din ang dulang
Bagong Kristo ni Aurelio Tolentino
ng Dulaang Babaylan.



1979

Binuo ang Tambisan sa Sining, organ-
isasyong pangkultura ng manggagawa

- *namatay* 1983

OBRERO NG PAKIKIBAKANG ARMADO

Alex Boncayao

SI ALEX BONCAYAO AY TUBONG AGOS, BATO, CAMARINES SUR. MULA SA uring magsasaka, namulat siya sa karukhaan ng atrasado't pyudal na pamumuhay sa kanayunan. Nilisan niya ang pinagmulang bayan sa pangarap na makapagtapos ng kolehiyo sa Maynila. Pagtuntong ng syudad, humagilap ng iba't ibang trabaho. Siya ay naging tricycle driver, dyanitor at nang huli ay naging assistant chemist ng Solid Mills.

Ikalawang hati ng dekada 1970, panahon ng batas militar, siya ay naging tagapangulo ng militanteng unyon ng Solid Mills. Pinangunahan niya ang mga sama-samang pagkilos at welga ng mga manggagawa ng Solid Mills noong 1976-1977. Noong 1975-76, isa si Alex sa mga responsableng pinuno ng unang Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP) na namuno sa militanteng kilusang mang-gagawa upang hamunin at tutulan ang pananalasa ng rehimeng US-Marcos.

Kasama sina dating senador Benigno Aquino Jr., Tumakbo siyang kandidato sa ilalim ng unang Lakas ng Bayan (LABAN) noong 1978 sa Interim Bata-sang Pambansa (IBP). Ngunit dahil sa lantaran at mala-wakang dayaan sa halalan

at paghuhuli ng diktadura sa mga kandidato ng LABAN, nagpasyang mag-andergrawnd si Alex. Iniwan niya ang kalunsuran upang muling tumungo sa kanayunan. Ngunit sa pagkakataong ito, ay para lumahok sa armadong pakikibaka. Sa Nueva Ecija, sumapi si Alex sa Bagong Hukbong Bayan at nag-organisa ng mga magsasaka.

Ika-19 ng Hunyo 1983, sa piling ng masang magsasaka, pinatay si Alex Boncayao ng mga pasista. Pumanaw man siya, hindi kailanman maglalahok ang alaala sa kanya at sa kanyang mga makabuluhang ambag sa kilusang paggawa at sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Alex Boncayao, isang tunay na anak ng bayan. Isang tunay na rebolusyonaryong martir.



1980

Inilabas ang librong *Hulagpos ni Mano Verdades Posadas*, nobelang rebolusyonaryo.



1980

Itinatag ang Kilusang Mayo Uno (KMU) sa Araneta Coliseum, Cubao, Quezon City.

MINSAN PANG NAULILA ANG MGA DAMPA, PARANG AT BUKIRIN

ni Ruben Balino

*“Ang magbuhos ng dugo para sa bayan
Ay kagitingang hindi malilimutan.
Ang buhay na inialay sa lupang mahal,
Mayaman sa aral at kadakilaan.”
— awiting bayan—*

—i—


Alex Boncayao: Nang buhay mo’y kitlin,
Bukiri’y nanimdim.

Marso...Abril 1978, Alex.
Naglalaro pa sa aking balintataw
ang matikas mong tindig
ang talim at alingawngaw
ng hamon at hibik.

“Sige... pahirapan n’yo kami,
apihin n’yo kami... sairin
ang aming pagtitiis!
Sige... Darating ang sandali
ng pagkalagot ng aming pagtitimpi...
at sabay-sabay kaming raragasa —
pasulong... pasugod...
daan-daan, libu-libo, milyun-milyon...
At sasagasaan namin kayong lahat!
Sa mga entablado ng kampanyang IBP ‘yon, Alex.
Kumandidato ka sa kabila ng kalituhan nating lahat.
Lalahok ba ang bayan o hindi? May kabuluhan pa ba
ang eleksyon sa ilalim ng masangil na diktadura?
Anupa’t ang tanong ko ay tanong mo rin,
ang tanong ng bawat isa’y tanong nating lahat.

1981

Inilathala ang Lipunan
at Rebolusyong Pilipino,



1981, Abril

Binuo ang malawak na
alyansa ng Pagkakaisa ng
Manggagawang Pilipino
(PMP), saklaw ang may
100,000 na manggagawa.

At palibhasa'y di ang tumpak o taliwas
ang kontekstong tinugpa ng bayang nangahas
kaya't ang "ingay" ng masa'y dumagundong,
umalingawngaw, a-sais ng Abril hanggang
a-siete ng buwang-liwayway...
Yaon ang kauna-unaha't matinding *noise barrage*
na ikinagimbal ng mga ganid at ungas.


—ii—

Alex Boncayao

Ningas ng mithiin
Ang taglay mong giting.

At nawala na lamang at sukat
si Alex Boncayao.
Dakilang unyonista't lider-manggagawa
labas-masok ng detensyon
pinatalsik sa trabaho,
nagdanas ng lagim at tortyur.
Sahod, itaas! Presyo, ibaba!
At todo-todong ibinaba
ng manedsment at ng estado
ang kanilang pagtingin
sa isang Alex Boncayao
at kauri.

At nawala na lamang at sukat
ang isang nagtatanong, naghahanap.
Tinalikdan ang malalabnaw na sagot
mula sa makikitid na entablado't
mapanglaw na plasa't lansangan ng syudad.
Naglaho kaipala upang sa dako pa roon
ng lunting kanayuna'y muling maaaninag
ang dating tikas ng kaibang Alex Boncayao.



—iii—

1981

Inilunsad ang koordinadong
welga ng mga Pinagkaisang Samahan
ng mga Tsiper at Operators, Nationwide
(PISTON).



1982

Inilathala ang Kalipunang ng
mga Tula ng Rebolusyong

Kasamang Alex:

Nang ika'y paslangin,
Kauri'y nasaling.

Wari ba'y wala nang sukat maipintas

sa pulang talulot ng alagang rosas.

Ang pag-aruga mo'y walang dudang katas
ng 'yong adhikaing walang kasing timyas.

Sa pagpanaw mo ay naulila mandin
ang maraming dampa, parang at bukirin.

Mat'wid ang panimdim na dapat halinhan
ng tapang at rubdob sa pakikitalad.

Nanalo ang tulang ito ng Ikatlong Gantimpala sa Gawad Amado, noong 1987. Ito ay mabunying alay para kay Alex Boncayao.

1982

Inilunsad ang "Crackdown" sa KMU. Inaresto sina Ka Bert Olalia, Crispin Beltran ng KMU at Medardo Roda



1982

Itinanghal ng Tambisan ang kauna-unahang dula nito, ang Alay sa Mang-

HINGGIL SA GAWAING PANGKULTURA SA HANAY NG MGA MANGGAGAWA

ni Jose Ma. Sison

AKIN ANG KARANGALAN AT PRIBILEHIYO SA PAGBIBIGAY NG ILANG pananalita sa Kongreso ng Pagtatatag ng Makabayang Alyansa sa Sining Anakpawis (MASA).

Lubhang makabuluhan ang pagtatatag ng MASA. Ito'y kauna-unahan sa buong kasaysayan ng bansa: isang alyansa ng mga organisasyon ng mga manggagawang pangkultura na nakabase sa pabrika sa hanay ng mga unyonista at sa komunidad sa hanay ng mga maralitang tagalunsod.

Binabati ko ang lahat ng namumuno, kasapi at bawat organisasyon ng MASA sa makasaysayang okasyong ito. Ngayong pinutungan ninyo ang inyong mga tagumpay sa pamamagitan ng pagbubuo ng alyansang ito, lakip ang determinasyong isulong ang pagpapaunlad ng kulturang proletaryado at pambayan.

Pinatitibay ng MASA ang inyong mga pagpupunyagi at tagumpay sa organisasyon habang pinagayayaman ang pagpapalawak at pag-aangat ng pakikibakang pangkultura at pampulitika sa mas mataas na antas.

Umaasa ako na sa pagkabuo ng alyansa ay mapapaunlad ninyo ang pangangatawan at pagbibigay-inspirasyon sa rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at buong

sambayanan para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya laban sa pasista, dayuhan at pyudal na paghahari.

Inako ninyo ang isang paninindigang proletaryo sa pagbubuo ng mga organisasyong pangkultura at sa pagsasakatuparan ng gawaing pangkultura na nakatuon sa hanay ng mga manggagawa at maralitang tagalunsod. Ang pag-ako sa ganitong paninindigan ay pag-iisip, pakikiramdam at pagkilos ayon sa pangangailangan, interes at adhikain ng uring manggagawa sa patnubay ng rebolusyonaryong teorya.

Pagtibayin ninyo ang ganitong paninindigan ng inyong kasapihan sa pamamagitan ng patuloy na pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat sa hanay ng uring manggagawa at ng mga pampulitika at teoretikal na pag-aaral sa pangkasaysayang misyon ng uring ito.

Lahat kayo'y kailangang maglaan ng panahon para sa pag-aaral ng pambansa-demokratikong programa ng proletaryado at sambayanan sa kalagayang malakolonyal at

1982

Itinanghal ang dulang Sigaw ng Bayan sa Araneta Coliseum. Mahigit 25,000 manggagawa at iba pang sektor ang nanood.



1982

Itinanghal ng Tambisan ang dulang Awit, Tula at Kasaysayan. 50 beses sa iba't ibang pabrika at komunidad.

malapyudal ng ating bansa. Batay sa pangkalahatang programang ito, kayo ay makapaninimbang at makapaglalalatag ng partikular na programa para sa inyong sariling gawain.

Sabihin mang lahat o ang higit na nakararami sa inyo ay manggagawa, ang bawat tao o organisasyon ay may limitadong kaalaman sa buhay-buhay ng mga manggagawa kada panahon. Nararapat lamang na palagian kayong magsikap na matuto sa pamamagitan ng panlipunang pagsisiyasat, pagpapahigpit ng ugnayan sa mas maraming manggagawa at paglahok sa kanilang mga pakikibaka.

Makagagawa kayo ng praymer at seleksyon ng mga artikulo na maaaring paghanguan ng mga batayang prinsipyo at makapagpatibay ng proletaryong pandaigdigang pananaw at metodolohiya ng mga indibidwal at grupo.

Yaong mga nakatapos na ng batayang edukasyong pampulitika sa pamamagitan ng pag-aaral ng pambansa-demokratikong programa at ng partikular na programa ng inyong alyansa ay dapat na magsumikap na matuto ng rebolusyonaryong teorya ng proletaryado. Ito'y kinabibilangan ng pilosopiya, kasaysayan, ekonomyang pampulitika (pati na ang kritika ng imperyalismo), syensyang panlipunan, etika at estetika.

Sa pangkalahatan, pinadadali ng teorya ang inyong pagkaunawa sa realidad at pinapatnubayan nito ang inyong praktika. Idinudulot sa inyo ng pampulitikang edu-

kasyon ang pagkaunawa sa pambansang realidad at pambansang tunguhin. Panlipunang pagsisiyasat naman ang nagbibigay sa inyo ng mga hilaw na materyal para sa paglikhang makasining.

Ang mga nagnanais na manguna sa larangan ng kultura ay dapat laging magpahusay ng kanilang pagkaunawa sa rebolusyonaryong teorya ng proletaryado. At siyempre, sila'y nararapat na magkaroon ng espesyal na interes sa estetikong proletaryo, na kailangan nilang maibahagi sa lahat ng manggagawang pangkultura sa paraang pinakamadaling masapol.

Mahalaga at kinakailangang bahagi ng kilusang manggagawa ang gawaing pangkultura. Upang lumitaw na taliba ng pamban-



1982, 5 Hunyo

Naglunsad ng kauna-unahang "sympathy strike" sa Bataan Export Processing Zone. May 13, 325 na manggagawa sa 24 pabrika sa loob ang nagwelga.



1983-1986

Walang kapantay na kilusang welga at mga protesta ang nangyari sa panahong ito matapos ang pagpatay kay Benigno Aquino.

sa-demokratikong rebolusyon, kailangang magbunsod ng mga pakikibaka at magkamit ng mga tagumpay ang proletaryado, hindi lamang sa ekonomya at pulitika, kundi pati sa kultura.

Ang tunggalian ng mga uri na nagsi-simula sa saklaw ng ekonomya at tumataas sa antas ng rebolusyonaryong tunggalian ng mga uri sa larangan ng pulitika ay narapat maipahayag sa larangan ng kultura. Gumamit man kayo ng mga tradisyonal o bagong porma ng sining, dapat ring palaman ang mga pormang ito ng kongkreto at nadaramang buhay ng tao na hango sa pambansa at panlipunang pakikibaka.

Sa pamamagitan lamang ng paglikha at pagtatanghal ng mga obrang artistiko na nakabatay sa buhay-buhay ng mga manggagawa at ng pagpapalitaw ng kanilang pakikibaka upang gapiin ang mga pwersang nang-aapi at nagsasamantala sa kanila maaaring magtagumpay kayo sa gawaing pangkultura sa hanay ng mga manggagawa.

Dapat iwaksi ng mga manggagawa ang mapamanhid na impluwensya ng dekadenteng kulturang burgis at pyudal na garapalang nagmamaliit o di kaya'y malumanay na nanlilito sa kanila at lumuluwalhati naman sa mga nang-aapi at nagsasamantala sa kanila. Dapat ngang lumikha ang mga manggagawa at manggagawang pangkultura ng kanilang sariling proletaryong kulturang rebolusyonaryo.

Dapat ninyong palitawin ang mga katangiang bayani ng uring manggagawa bilang siyang pinakamaunlad na puwersang mapanlikha at rebolusyonaryo sa bansang ito at sa buong daigdig man —na nakatakdang magpalaya sa sambayanan at sandaig-digan mula sa salot ng imperyalismo at lahat ng reaksiyon. Dapat linangin ang mga proletaryong rebolusyonaryong ideya, damdamin at katangian upang mapatibay ang diwa, hindi lamang ng proletaryado, kundi pati na ng buong sambayanan.

Kahit na ang manggagawa ang talibang uri sa produksyon at rebolusyon, ito'y higit na kakaunti sa bilang kaysa uring magsasaka na siyang bumubuo ng mayorya sa ating malakolonyal at malapyudal na lipunan. Hindi mapapalaya ng uring manggagawa ang sarili nito habang ang buong sambayanan ay hindi napapalaya — kung hindi ito makikipag-isa sa rebolusyonaryong pakikibaka ng magsasaka, petiburgesya sa kalunsuran at pambansang burgesya.

Ang mga likhang-sining na inyong ginagawa at itinatanghal ay narapat na magsaalang-alang at maglarawan ng batayang alyansang manggagawa-magsasaka; ng alyansa ng sambayanang anakpawis at petiburgis sa kalunsuran bilang mga batayang pwersa ng rebolusyon; at ng alyansa ng mga pwersang ito at ng isang urong-sulong na pambansang burgesya.

1983

Binuo ang Pambansang Koalisyon ng mga Manggagawa Laban sa Kahirapan (PKMK).



1983, 1 Mayo

Limang kolum ng mga manggagawa ang nagmartsa patungong Liwasang Bonifacio, sigaw ang "Ipagtanggol ang uri! Ipaglaban ang Inang Bayan!"

Di kasi naman, ang dapat ninyong sukdulang pahalagahan ay ang alyansa ng manggagawa at magsasaka sa dahilang ito ang sumasaklaw sa higit na 90 porsyento ng mga mamamayan. Dapat ninyong ipakita ang mga likas at panlipunang ugnayan ng mga manggagawa at magsasaka.

Kailangan ang pinakamahigpit na mapagkapatirang koordinasyon ng mga manggagawa at magsasaka sa pakikipaglaban para sa pambansa at demokratikong karapatan sa kani-kanilang larangan. Mangyari pa, ang kilusang unyon at welga, hanggang sa antas ng welgang bayan at pangkalahatang pag-aalsa, ay kaugnay ng kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan.

Pinangungunahan ng mga kadreng proletaryo ang pambansa-demokratikong rebolusyon kapwa sa mga lunsod at kanayunan. Ang mga manggagawang hindi na makapaghanap-buhay o makakilos sa mga lunsod at sentrong bayan ay madaling magkakaroon ng rebolusyonaryong gawain sa kanayunan sa pamamatnubay ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado.

Tungkulin ng artista na masapol ang esensyal at tipikal sa panlipunang sitwasyon at gumawa ng likhang-sining bilang isang magandang kabuuan na tumitibok na sa nadaramang karanasan ng tao, ay naglalahad pa ng pangkalahatang kabuluhan. Ang katangi-tanging likhang-sining ay kapwa nakaaaliw at nakapagpapaliwanag.

Ang mga likhang-sining para sa mga manggagawa ay hindi lamang para sa makaisang-panig na paglalarawan ng kondisyon sa ekonomya at pulitika at mga pakikibakang manggagawa. Ang mga obrang ito ay dapat ring magsilbing inspirasyon ng mas maraming manggagawa upang makilahok sa pakikibaka at maitaas ito sa mga bagong antas. May diyalektikong ugnayan ang gawaing pangkultura at iba pang anyo ng pakikibaka.

Nakasisiyang malaman na ang mga organisasyong pangkultura ng mga manggagawa ay napaka-aktibo at matagumpay sa pang-aaliw, pagpapaliwanag at pagbibigay-inspirasyon sa mga manggagawa sa agos ng mga welga, martsa, rali at iba pang pagtitipon sa mga lugar ng paggawa at pati na sa mga komunidad.

Sa aking pagkaintindi, sa sining pagtatanghal—musika, dula, tulaan at iba pa—pinakamaunlad ang inyong gawain. Nagtatanghal kayo saanman may mapapagtanghalan—improbisadong entablado, kalye at plasa.

Nagbubunga na ang inyong gawain. Sa ispontanyong paraan, habang nagtatrabaho ang mga manggagawa, isahan man o maramihan, ay umaawit ng mga himig ng pakikibaka at bumibigkas ng mga rebolusyonaryong tula at sipi mula sa mga obrang dramatiko upang pawiin ang pagkainip, patingkarin ang kanilang rebolusyonaryong diwa at iwaksi ang mga negatibong impluwensya

1983

Itinatag ang Amado V. Hernandez Resource Center (AVHRC), institusyon para sa pagpaunlad ng proletaryong kultura sa hanay ng anakpawis.



1983-1984

Halos isang milyon ang nawalan ng trabaho.

ng kulturang imperyalista at reaksyunaryo.

Kapuri-puri na ang inyong natamo sa sining-biswal, gaya ng mga pintura, mural, higanteng istrimer, effigies at potograpiya. Sa pagkakaalam ko'y lumilikha na rin kayo ng mga iskultura at pati na ng mga VTR, pelikulang dokumentaryo at maging maha-habang pelikula man.

Makapangyarihan ang mga makahulugang imahen. Maisasalaysay ng isang larawan ang isang kuwento nang higit na mabilis kaysa mga nakasulat na salita. At mas maraming tao ang naaabot. Sa malakihang bilang, matututunan ng mga manggagawa at ng kanilang mga anak ang pagguhit ng mga karikatura laban sa kaaway, kung paanong ganoon rin kadalang makagagawa sila ng simpleng awit, tula at iskit.

May pag-unlad na rin ang malikhaing panulat para sa mga manggagawa, laluna sa tula, awit, drama at iba pang anyo na maaaring gamitin sa sining-pagtatanghal. Subalit ang mga anyo ng malikhaing panulat gaya ng maikling kuwento, maikling nobela at nobela ay nahuhuli sa dami at pansin na iniuukol dito.

Ang malikhaing panulat para sa sining-pagtatanghal at pribadong pagbabasa ay dapat paunlarin ng inyong organisasyon. Maaari ninyong hikayatin ang mga manggagawa, sa pangkalahatan, para magsumite ng mga ideyang kuwento at yaon namang may mas maunlad na

kakayahan ay hikayating magsulat ng kaya niya. Gayunman, dapat ay mayroon kayong maaasahang grupo ng mga manunulat na lilikha para sa mga manggagawa ng mga obrang papataas ang kalidad.

Ang pagtatanghal at publikasyon ng kanilang mga obra ay makapangyarihang pampalakas-loob sa mga manunulat. Ngunit kailangan rin silang mabigyan ng kompensasyon. Ang kita mula sa mga pagtatanghal at pagtitinda ng publikasyon ay dapat makasuporta sa mga full-time na manggagawang pangkultura, pati na sa mga manunulat na tiyak na ang kakayahan. Maaari din naman kayong magkomisyon ng mga manunulat.

Samantalang ipinagbubunyi ko ang inyong mga tagumpay sa gawaing pangkultura, iminumungkahi ko na ang MASA at ang mga kasaping organisasyon nito ay patuloy na magsikap sa pagpapaunlad ng nilalaman at anyo ng mga obrang nililikha at itinatanghal.



1984

Inilabas ang dalawang bolyum ng teyp ng Mga Kanta ng Rebolusyong Pilipino. Inilathala ang koleksiyong pampanitikan ng Magsasaka: Ang Bayaning di Kilala.



1984

Inilunsad ang MAKIISA Cultural Festival I; itinanghal ang anti-Marcos na dulang Ilokula; itinanghal ang dulang Oratoryo ng Bayan.

Talagang kailangan ang mga simpleng awit at tula, pageant, iskit, tugma-tugmang pahayag, komiks, effigies, poster at mga kawangis na likhang-sining. Ang mga ito'y totoong popular na anyo ng sining. Ang mga ito'y madaling gawin at maintindihan.

Laluna't gumaganap kayo ng gawaing pangkultura sa hanay ng masang manggagawa, kailangan ninyong itaguyod ang kahalagahan ng mga simpleng anyong ito ng popular na sining at gawin silang mas popular pa. Ngunit bilang tugon sa paggigiit ng mas mataas na pamantayang estetiko, dapat nga ninyong himukin ang mga artista para lumikha ng mga obrang higit na mataas ang kalidad at maaaring magustuhan ng mga manggagawa at mamamayan, maging ng mga taga-unibersidad.

Inaasam ko ang panahon na, sa taguyod at tulak ng inyong alyansa, ay yumabong ang mga dulang proletaryong maramihang yugto, musikal, sayaw, mahahabang pelikula, nobela, maikling kuwento, pintura, iskultura at iba pang sining. Ang pagkalikha at pagtatanghal ng mga ganitong obra ay magiging mga taluktok ng inyong pangmasang gawaing pangkultura.

Ngayong nakapagbuo na kayo ng alyansa, makapagtatamo pa kayo ng lalong malalaking tagumpay sa gawaing pangkultura. Maitatakda ninyo at maipapatupad ang isang programa ng pananagumpay sa

ideolohiya, pulitika, organisasyon at kasinangan. Higit na maraming tao at materyal ang matitipon ninyo upang isulong ang inyong gawain. Maaari kayong magpalitan ng mga artista at obrang-sining sa pagitan ng mga organisasyon, pabrika at komunidad. Maaari kayong magdaos ng masasaklaw na seminar at palihan. Maaari kayong magsagawa ng mga malawakang pangkulturang pestibal, gayundin ng mga espesyal na pestibal ng iba't ibang anyo ng sining. Maaari kayong pumili ng pinakamahuhusay na mga obra sa bawat anyo ng sining, itanghal ang mga ito bilang modelo at antolohiya taon-taon.

Hinangad ko ang lahat ng tagumpay sa inyong gawain. Natitiyak ko na kayo ay mag-aambag ng mas malaki sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga manggagawa at buong sambayanan para sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

(Dahil sa ilang pangyayari, ang talumpating ito ay hindi nabasa ni Juliet de Lima-Sison, kabiya ng sumulat, sa Kongreso ng Pagtatatag ng MASA. Gayundin, ito ay ating inilakip sa publikasyong ito bilang isa sa mga batayang aralin ng alyansa.)

1984

Itinatag ang dulang Kara y Krus at iba pang Kwento.



1984

Itinatag ang Makabayang Alyansa sa Sining Anakpawis (MASA). Alyansa ng mga pangkulturang grupo sa hanay ng manggagawa at maralita.

WELGA! WELGA! AT PIKETLAYN NG BAYAN

nina Leni Tagapanday at Nueva Mia Vida

SUMULPOT NOONG MGA HULING DEKADA NG 1960 ANG MGA bagong proletaryong dula sa kasibulan ng bagong pambansa-demokratikong rebolusyon sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Mapanghimagsik o rebolusyonaryo ang batayang katangian ng mga ito. Alinman dito ay kapwa nangangahulugan ng pagtutol, pagkilos at ng kawastuhan ng armadong pakikibaka sa pagtataguyod ng makabayan at makauring interes.

Sa panahon ng Sigwa ng Unang Kwarto nabuo ang mga pamantayang dapat magsilbing gabay sa paglikha ng mga akdang rebolusyonaryong pansining. Nakalahad ang mga pamantayang ito sa *Panitikan mula sa Masa Tungo sa Masa* ng Panitikan para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA). . Bilang pagtupad sa popularisasyon ng mga pamantayang ito, nalikha ang mga modelong dula para sa manggagawa hindi lamang para maging huwaran sa paglikha kundi upang magsilbing daluyan para sa ibayong pag-oorganisa at pagpapakilos ng masang manggagawa sa bagong pambansa-demokratikong pakikibaka. Isa na rito ang *Welga!* *Welga!* ng Panday Sining.

Welga! Welga! ang unang *full length* na proletaryong dula sa kasaysayan ng

teatro sa Pilipinas. Isa ito sa apat na piyesang pang-teatro ng Panday Sining, grupong pangkultura ng Kabataang Makabayan. Ang tatlong iba pa ay ang *Masaker sa Araw ng Paggawa*, ang *Tunggalian* at *Hukumang Tuwad*. Una itong itinanghal noong 1972 sa pagtutulungan ng Panday Sining at Katipunan ng mga Samahang Manggagawa. Ang pagtatanghal na dapat sana'y gagawin sa St. Theresa's College auditorium sa San Marcelino, Maynila ay hindi natuloy dahil sa pagbaba ng batas militar sa bansa.

Itinuring itong isang halimbawa ng modelong proletaryong dula. Ang paksa ng



1984, 1-7 Marso

Inilunsad ang Lakad ng Bayan Para sa Kalayaan (LAKBAYAN) sa ilalim ng Bayan.



1985

Inilunsad ang MAKIISA Cultural Festival II; itinanghal ang dulang Buwan at Baril sa Eb Major.

dula ay ang tunggalian ng tunay at palabang unyon laban sa dilawang unyon na siyang kinikilala ng *management*. Nag-simula ang dula sa ikalimang araw ng welga. Magkakasama sina Ador, Ignacio at iba pang manggagawa ng American Sugar Company na nag-oorganisa upang ipaglaban ang kanilang karapatan. Ngunit nabunyag na taksil pala sa unyon si Ignacio.

Sumulpot ang isang bagong lider na si Ador. Hinimok at pinaliwanagan ni Ador ang mga manggagawa sa tunay na diwa ng pakikibaka ng mga manggagawa: na hindi ito dapat nagtatapos sa mga pang-ekonomyang pakikibaka; na bahagi ito ng paglaban ng buong mamamayan laban sa imperyalismo. Sinimulan ni Ador ang pagbubuo ng isang bagong unyon na tunay na magsisilbi sa mga manggagawa. Nanalo ang bagong unyon ni Ignacio sa kabila ng pandarahas at iba't ibang pandaraya ng *management* at ng dilawang unyon.

Dahil dito, tinanggal sa trabaho si Ador at nagalit ang mga manggagawa. Naglunsad uli sila ng welga at iginiit ang kanilang lakas, at ang pangangailangang maging handa sa matagalang pakikibaka at nanawagan para sa pambansang demokrasya. Lumawak ang welga hanggang sa mga probinsya.

Nagtapos ang dula sa panawagan na "*Mangahas, makibaka, kamtin ang tagumpay ng rebolusyon! rebolusyon! rebolusyon!*" Itinaas



ng mga manggagawa ang mga placard at pulang aklat at mabilis na iwinagayway ang mga bandilang pula. Naging pulang-pula ang ilaw. Walang kumilos, dahan-dahang namatay ang ilaw.

Maraming rebisyon ang dinaanan ng dulang ito. Makikita ito sa mas maingat na karakterisasyon ng manggagawa bilang lider at ng kolektibong pagkilos ng mga manggagawa. Ang mahahabang mensahe ni Ador ay pinagbaha-bahagi sa iba pang tauhang manggagawa upang ipakita na hindi sa iisang tao lamang nanggagaling ang mga ideya. Gayundin, higit na pinatingkad ang tapang at pagkakaisa ng manggagawa. Mas idiniin din ang pagkakaiba ng interes ng manggagawa at ng kapitalista. Ang mga tauhan ay may tiyak na katangian ayon sa kanilang uring pinagmulan. Ang bidang si Ador ay kakikitaan ng mga ideyal na katangian ng isang proletaryado—mahinahon ngunit matatag sa paninindigan, matiyagang

1985

Muling itinanghal ang
dulang Welga! Welga!




1986

Itinanghal ang dulang
Mayo Uno ng ating Paglaya.

magpaliwanag, hindi nalulupig sa harap ng kaaway, marunong kumilos kasama ng kolektibo, magalang ngunit nag-aapoy ang layuning isulong ang interes ng proletaryado. Mas detalyado ring isinadula ang pagkalat ng welga sa kanayunan.

Gaya ng ibang proletaryong dula na iniluwal ng Sigwa ng Unang Kwarto, nagdiin ang mga proletaryong dula sa nilalamang pampolitika ng dula ayon sa pamantayang itinakda ng PAKSA. Tuwirang nagpapaliwanag at mulat na tumalakay sa tagumpay ng mga batayang uri sa lipunan. Ang isyu sa dula ay laging iniuugat sa tatlong batay-



1986, Pebrero 22-25
Pinatalsik si Marcos ng
People Power One.



1986

Dinukot at pinatay ng mga ahente ng militar si Rolando Olalia, pangulo ng KMU at ang kasama niyang si Leonor Alay-ay.

ang suliranin ng lipunan — imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo.

Gayunpaman, ang mga suliran- ing kinakaharap ng mga mamamayan ay kinakailangang maresolbahan sa pamamagitan ng paghihimagsik at pagkakaisa ng mga mamamayan laban sa kaaway. Laging nagtatapos nang may pag-asa sa pamamagitan ng paggamit ng mga simbolo at imahen ng pagwawagi tulad ng pagbubukang-liwayway, pagtaas ng kamao, pagkapit-bisig ng mga manggagawa at iba pang sektor, mapulang araw ng silangan at pagwawagayway ng bandilang pula.

Nagpatuloy ang militanteng tradisyong ito ng mga dulang makabayan at proletaryo maging hanggang sa panahon ng pasistang rehimeng Marcos.

Noong 1981, itinanghal ng *Tambisan sa Sining* (TAMBISAN), pangkulturang organisasyon ng manggagawa, ang unang dula nitong *Kilusang Paggawa*. Lubhang napak- atapang ng dula sa mata ng estado, lalo pa't desperado noon si Marcos na patahimikin ang lumalakas na paglaban ng mamamayan sa kanyang diktadura.

Sa kabila ng mahigpit na pagbabawal at pagsikil ng rehimen sa kalayaan sa pamamahayag, nagawa pa ring isadula ang maningning na kasaysayan ng kilusang paggawa sa Pilipinas.

Pinatampok sa dula ang malalaking welga at pagkilos ng mga manggagawa para

sa mga isyung pangkabuhayan—dagdag na sahod, pagtutol sa pagtaas ng presyo ng langis, malawakang kawalan ng trabaho at iba pang usaping ‘dikit sa sikmura.’ Matingkad ring isinalarawan ang maiinit na isyung pulitikal, pangunahin ang pagbuhos sa lansangan ng mamamayang naghahangad wakasan ang diktaduryang US-Marcos.

Unang itinanghal ang dulang *Kilusang Paggawa* sa Camacho Stadium sa Pasig. Libu-libong manggagawa ang nanood. Nagtangka pa nga ang reaksiyunaryong militar na isabotahe ang palabas, ngunit sila’y nabigo. Pitong ulit pa itong naipalabas sa iba-ibang lugar, kahit walang tigil na hina-habol at minamanmanan ng kaaway ang mga artistang manggagawa.

Dahil sa napakainit na tugon ng mga manggagawa sa dulang ito, sinundan ito noong 1982 ng pyesang *Awit, Tula at Kasaysayan*. Inilina sa dulang ito ang tunggalian ng dalawang kulturang umiiral sa lipunang Pilipino, ang kultura ng mga nagsasamantala at kultura ng mga pinagsasamantalahan.

May 50 beses itong itinanghal sa iba’t ibang pabrika, komunidad at pagtitipon ng mga unyon at samahang manggagawa. Patunay lamang ng malugod na pagtangkilik ng mga manggagawa sa mga dulang mapanghimagsik.

Isang mahalagang salik dito ang pormang ginamit para maipaabot ang men-



sahe ng dula sa mga manonood.

Ang mahusay na kombinasyon ng mga elemento ng dula, sayaw, awit at tula ang nagbigay buhay sa pagtatanghal. Wika pa ng isa sa mga organisador ng dula: “*Napakagaan ng porma ng pagtatanghal—sayaw, awit, tula. Napakadaling tanggapin ng manonood ang gayong porma. Nakakapagmulat at nakapang-aaliw. Ipinakita rin ang ibang kantang gawang banyaga gaya ng Beatles.*”

Kahit mga reaksiyunaryong institusyon sa kultura ay nakapansin sa dulang ito kaya ipinalabas sa iba’t ibang istasyon ng TV. Tiyak na nanood din ang militar, dahil pagkatapos nito, agad na ipinatawag ng National Bureau of Investigation (NBI) ang mga kasapi ng organisasyong pangkultura ng manggagawa, binalak na sampahan ng kasong *inciting to sedition*.

Sa dula ring ito buong tapang na inawit ang Internasyunal (una sa panahon ng batas militar) habang iwinawagayway ang bandila ng Partido.

1986, 11 Mayo

Magkasamang nagdiwang ng Araw ng Paggawa ang iba’t ibang grupo sa ilalim ng Labor Advisory Consultative Council (LACC).



1987

Inilathala ng ARMAS-NDF ang koleksyon ng mga kwento ni Kris Montanez na pinamagatang *Kabanbanuagan, Mga Kwento ng Sonang Gerilya*.

Noong 1982, isinagawa ang unang mayor na produksyon ng TAMBISAN. Itinanghal nila ang *Sigaw ng Bayan* sa Araneta Coliseum. Umabot sa mahigit 25,000 manggagawa at iba pang sektor ang nanood sa pagtatanghal na nagsalarawan sa kasaysayan ng Katipunan at Rebolusyong 1896.

Kabilang rin sa mga sumunod na bagong produksyong itinanghal ng TAMBISAN ang *Alay sa Manggagawa* (1982), *Kara y Krus at iba pang Kwento* (1984), *Mayo Uno ng Ating Paglaya* (1986), *'Sang Bagsak sa'Ting Pagkakaisa* (1987) at *Pasko ng Manggagawa* (1988).

Bilang pagsasabuhay ng diwa ng proletaryong dula ng Sigwa ng Unang Kwarto, bumalik entablado naman ang *Welga! Welga!* sa pamamagitan ng Makabayang Alyansa ng Sining Anakpawis (MASA) noong Abril 1986. Nagsalitan ang pagtatanghal sa Tanghalang Abelardo sa UP Diliman at Awditoryum ng St. Joseph's College. Kaiba sa unang pagtatanghal na ang gumanap ay pawang myembro ng Panday Sining, ngayo'y tampok ang pagsali ng mga manggagawa, maralitang tagalunsod at estudyante mula sa iba't ibang grupong pangkultura.

Sa panahon naman ng rehimeng Ramos, higit na naging mapanuri ang mga dulang itatanghal. Halimbawa'y nariyan ang

dulang *Kwatro Kantos* na isa sa mga unang tumalakay sa epekto ng globalisasyon sa manggagawa at ang *Kalbaryo ng Maralitang Lunsod sa Mendiola* sa tradisyon ng dulang *Bagong Kristo* ni Aurelio Tolentino.

Noong taong 2000, ilang buwan bago ang Edsa Dos, itinanghal sa padirirwang ng Mayo Uno ang *Piketlayn ng Bayan*. Inilarawan dito ang kalagayan at pakikibaka ng manggagawang Pilipino sa ilalim ng rehimeng US-Estrada. Naging *multi-media* ang paraan ng pagtatanghal. May *slides* o pelikulang nagsilbing *backdrop* ng mga eksena sa dula. May mga korong umawit ng mga orihinal na likha at mga musikerong tumugtog nang live.

Mula sa aklat na Bangon, antoholihiya ng mga dula;

"Sari-saring daloy at lundo ang tinunton ng mga dulang mapanghimagsik. Habang daa'y may nanatili sa hanay, may lumihis ng daan, may nalaglag, may bumaligtad. Ngunit habang latag ang kalagayang kumakanlong sa kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi sa lipunan, mananatiling buhay ang diwa ng paghihimagsik, bumubutas ng bagong daluyan, lumilikha ng bagong kalagayan para sa pagsasakatuparan ng lipunang malaya sa pagsasamantala at pang-aapi."

1987

Itinanghal ng Tambisan ang dulang 'Sang Bagsak sa'Ting Pagkakaisa.



1987

Nangyari ang Masaker sa Mendiola.

Mga Tula

ANAK NG MINERO

ni Eduardo B. Montenero

Sumalpok ang bagyo
Sa bundok na batbat ng kubol.
Mga batang hubo'y
Nagkanyaw sa talon ng burol.

Huwag kang lalayo, anak ko.
Mabilis ang ilog
Maitim na naman sa dumi.
Baka mo mahigop
Ang tae ng minahan,
Mapuno pa ng bakal
Ang humpak mong tiyan.

Huwag kang magtagal, anak ko.
Sipon ma'y mahirap
Pag walang pambili ng gamot.
Magtiis ka na lang
Sa kubol na maliit
Doon muna sa sulok
Kung butas ang atip.

"Pangarap ko...
Balang araw, ako'y aalis
Sa lugar na itong maraming galis.
Mag-aaral ako
Sa kabila ng bundok,



1987, 13 Enero

Itinatag ang Artista at Manunulat
ng Sambayanan, kasapi ng
Pambansa-Demokratikong Prente



1988

Itinanghal ng Tambisan
ang dulang Pasko ng
Manggagawa.

Ang dami raw sineng mapapanood.

“Pangarap ko...

Balang araw, ako’y bibili

Ng cottage na parang kay Mr. Whitey.

Mag-iipon ako,

Magbabanat ng buto,

Tulad ni Ama’y magiging minero.”

Giniba ng bagyo

Ang kubol at bungangang-yungib.

Dumagan ang bato

Sa mukha, sa kamay, sa dibdib.

Iyong tandaan, anak ko.

Ama mo’t ikaw ma’y

Magdukul, magtibag ng bundok,

Ni patak na ginto’y

Di sasayad sa kamay,

Sukdulang buto’y malumpo

Utak ay mangimay.

Iyong tandaan, anak ko.

Darating sa bundok

Ang panahong maunos.

Mga kauri mo’t

Amang bihag sa yungib

Lalaya at uunlad

Aahon sa putik.



Ang mina’y kanino?

Sa lahat, sa api at dukha!

Bukas: katutubo’y

May dangal, may ningning ang mukha!

1989

Ipinalabas ang pelikulang

Orapronobis ni

Lino Brocka.



1989

Inilathala ng ARMAS-NDF ang STR (Sa Tagumpay ng Rebolusyon), koleksyon ng mga tula.

IHAYAG MO ANG IYONG POOT, ANAKPAWIS

ni Kasamang Vox


Maraming taon nang nalublob ka sa putik;
Sa bawat itanim mong pag-asa
Wala kang malasap...
Sige, baka sakali, sabi mo,
Ang Diyos ay maawa sa akin;
Tiyaga, sabi mo —
Lalo ka lang namang nababaon
Sa puro pangarap.

Masagana man ang iyong ani'y ganoon pa
rin ang buhay mo,
Tingnan mo ang iyong leeg, kadena'y mag-
kakarugtong;
Ginagatasan at inaangkanan ka nila
Gaya ng iyong kalabaw,
Silang tusong panginoong maylupa, kom-
prador,
Usurero, dayuhan at gubyrerno.

Ngunit pakinggan mo,
Dumarating na ang matagal mong hinihin-
tay—
Dagundong ng rebolusyong
Isinusulong ng iyong kapitbahay;
Sige, kumilos ka na, putulin ang tali,
Ibaon mo ang malupit na pabigat sa iyong
likod.
Dinggin mo ang silangang dumadagundong

na gaya ng kulog,
Poot ng mga pinagsasamantalahan,
Rebolusyon ang kanilang kinakanta,
Sa kanila, makiisa tayo

*Isinalin mula sa orihinal na Ilokano na pinamagatang
"Ipeksam ti Pungtotmo, Anakling-et" na lumabas sa
Baringkuas (Hilagang-Silangang Luzon Tomo V. Blg. 6,
Setyembre 30, 1980)*



1990

Inilathala ang *Sebyo*,
nobela ng digmang bayan
ni Carlos Humberto.



1991

Sinimulan ng PKP ang
Ikalawang Dakilang Kilusang
Pagwawasto (IDKP).

IISANG DAIGDIG, IISANG PAKIKIBAKA

ni Elias Del Pilar

(Abril 1977)

Mula sa La Tondena Hanggang pondohan,
Tondo at Navotas ay magkapintigan:
Iisang daigdig, iisang hinakdal,
Iisang lunggati't pakikipaglaban.

Malawakang welga ay punlong ituon
Sa iilang dayo't katutubong poon:
Uri nati't Inang Baya'y ipagtanggol,
Magkaisang higit, paglaba'y isulong!

Buhay manggagawa'y kubkob ng pangamba,
Lublob sa tiising di magkakaiba:
Butas sa sikhura at hungkag na bulsa
at inuuwiang abang aksesorya.

Laksang suliranin ay pinagnanaknak
Ng mapambusabos na utos at batas:
Kapakanan nating manggagawa'y utas,
Sa kapitalista ang nakawatawat.

Gayunpama'y bunsod ng iisang mithi,
Tayong manggagawa ay magpupunyagi:
Ang makahulagpos sa panduruhagi
Ng "bagong lipunang" karsel na pusali.


Subalit pag-asam nating anakpawis,
Sa kalakhang masa'y ipinagkakait:
Marapat ay walang-tugot na igiit
Interes ng uri't bayang laong piit.

Madlang manggagawa'y di maigugupo,
Kapag isang uri't lakas na tumayo:
Tagumpay sa welgang natigmak sa dugo,
Pagliyabin ngayong libu-libong sulo.



1992

Itinanghal ang dulang
Mag-union ay 'di biro.



1993, 1 Mayo

Nabuo ang Koalisyon ng
mga Progresibo at Makabayang
Manggagawa (KPMM).

ANG PASYON NG ISANG MANGGAGAWA

ni E. San Juan

Crisanto Evangelista, silakbo ng Indio! Anong mangkukulam
Ang nasa utak mo?

Nilalang ka sa poot, galit, higanti laban sa mayayaman.
Ituring mong biyaya iyon. Di dapat paglamayan
Ang pangungulilang naburol. Tadhana'y kamatayan


Angkinin mo pagkat ikaw'y nilikha sa siglong nagdilim —
Sa inunan mo'y sinuob, sumiklab ang huling pagtutuos.
Itigil mo ang prusisyon ng mga Filipinong alipin — wasakin mo

Kahiman ikinulong ka sa bartolina ng Fort Santiago,
sa dibdib mo'y
Naglalagablab ang luwalhati ng kinabukasan,
Apoy ng luksang hinagpis —
Nagngingitngit, nagpupumiglas
Ang dugo sa ugat ng damdaming hinasa sa pagdurusa't gutom...

Pinaglumot na ang marmol na bantayog ng mga bayaning huwad
Sa Hacienda Luisita, Canlubang, at iba pang kuta
Ng mapagsamantalang klase.

Crisanto Evangelista,
Silakbo ng Indio! Birtud mo'y kakulangan at katuparan
Ng mundong ito. Sa bisig mo sasabog ang tagumpay ng masa.

Mayo 1, 1971



1993

Idinaos ang Internasyunal na Seminar
Hinggil sa Kaisipang Mao Zedong
sa okasyon ng kanyang sentenaryo
sa Gelsenkirchen, Alemanya.



1995

Itinanghal ang dulang
Kwatro Kantos.

IKAW, ISANG MANGGAGAWA

ni Kris Montanez

Sa dakong huli, ikaw
 Ay parang pinangos na tubo
 At tuyong sapal na nang iluwa
 Sa pusalian ng sentral.
 Dumadagundong ang mga bagon
 sa riles ng iyong naninikip
 na dibdib,
 pinipitpit ang bawat tumilapong
 tibtib ng iyong buhay.
 Ang silbato'y mga tili
 Ng iyong paghinding
 Hindi naibulalas sa hanging
 Naninikit sa lapot ng mulasis
 At walang kipkip na mga pangako
 Kundi ang mga bagasong
 Gangga-puwing,
 Nangangamoy sa salaping
 Di lalapag sa iyong palad,
 Sa iyong palad na walang guhit
 Ng kapalarang di nangitim
 Sa grasa ng kapagurang
 Pinagsasamantalahan.
 Naging katawan mo
 Ang iyong kasuotan, kulubot,
 Kupasin,
 May mantsa ng kirot sa bawat punit,
 Ngunit sa pagtatagni-tagni'y
 Napagdudugtong ang siwang ng langit
 Ng iyong pagmamahal.
 Pinanday mo ang mga bakal

Hanggang maging sintigas ng bakal
 Ang iyong mga kamay,
 Ngunit para sa iyong mga palad,
 Isang butil ng asukal.
 Isang butil ng asukal lamang ba
 Ang babauning hapunan ng iyong
 Gunita?
 Ang mga makina ba'y nagkakalampagan
 Upang pagsapit ng tag-araw
 Ay walang maririnig kundi
 Ang langitngit ng kinakalawang na
 bagon
 At hikbi ng pag-usbong
 Ng mga kabute sa tubuhan?
 Ang ani ba ng iyong paggawa'y
 Mga matang walang tilamsik
 Ng nagbabagang asitelin,
 Mga labing tikom, hindi maihayag
 Ang ngalan at lakas ng uri?
 Isang butil ng asukal
 Sa iyong palad,
 Kaybusilak, pagkat ang kamay mo'y
 Iyong dinumhan. Lagumin mo
 Iyang butil sa iyong pawisang
 Palad, itikom na ang naghihinalong
 Mga daliri, ang iyong kamao'y
 May hugis ng isang daigdig
 Na nakaamba.

1996

Paglabas ng ARMAS-National
 at Timog Katagalugan ang koleksyon
 ng mga awitin ng kilusang pagwawasto
 sa album na Dakilang Hamon.



1996, 5 Mayo

Inilunsad ang International Solidar-
 ity Affair ng KMU na may temang:
 Manggagawa, pamunuan at
 patindihin ang pakikibaka laban sa
 imperyalismo!

Iyong banaagin, sa kabila
 Ng nakalambong na dilim,
 Ang isang panahong
 Hindi na magpapabukas:
 Kaytindi ng sapok ng araw,
 Nakasisilaw ang talim ng mga karit.
 Sabay-sabay ang lagapak
 Ng tubo sa parang:
 Atin!
 Nakabibingi ang mga makina.
 Bumubulwak ang mga kumukulong
 Pulot sa mga higanteng kawa.
 Pumuputok ang mga almasen
 Sa kaban-kabang butil
 Ng ating paggawa:
 Atin!
 Sa talsik ng dugo'y
 Tumitingkad ang kulay
 Ng kasaysayang ang kauri mo
 Ang nagwawagayway.
 Sa noo mo'y nag-aapoy
 Ang pinagbuklod na kaapihan.
 Sa siklab ng iyong huling
 Paghinga'y nagsisimula
 Ang titis ng tagumpay.

Dare to Struggle, Dare to Win!
 Tomo I, Blg. 3-4, Abril- Mayo 1973



1996, 9 Hunyo

Lumahok ang KMU sa People's Campaign Against Imperialist Globalization (PCAIG).



1996, Agosto

Naglunsad ng raling-iglap ang Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU) at MAKIBAKA sa sentenaryo ng rebolusyong Pilipino.

THE CENTRAL PLAINS

ni Jose Ma. Sison

I love the green expanse of ricefields,
The sunlight that strikes it reveals
The myriads of golden beads.
I love the sturdy stand of the canefields,
The sunlight that strikes it reveals
The golden wands of sweetness.
The breeze sweeping the plains carries
The rhythm of toil of peasants and workers.
I love the clangor on the road and in shops
As workers make do with some machines.
I love the blue mountains yonder;
They evince hope to all the toilers.




15 August 1978

ANG GITNANG KAPATAGAN

ni Jose Ma. Sison

Iniibig ko ang malawak na luntiang mga bukirin
Ang liwanag na tumatama dito'y nag-iiwan
ng sanlaksang ginintuang mga butil ng mga kwintas.
Iniibig ko ang matikas na tindig ng mga tubuhan,
Ang liwanag na tumatama dito ay nag-iiwan
ng mga kakaibang ginintuang ngiti.
Ang hangin na nakayapos sa kapatagan ay may dala-dalang
awit ng lakas ng mga magsasaka at manggagawa.
Iniibig ko ang ungol sa kalsada at pagawaan
Kung paanong pinaandar ng mga manggagawa ang makina.
Iniibig ko ang bughaw na kabundukan;
Nagbibigay ng pag-asa sa mga pinagsasamantalahan.



1996, 30 Nob

Inilunsad ng KMU ang
Workers' Revolutionary
School.



1996, 11-15 Dis

Idinaos ng MIGRANTE International
ang unang Kongreso na may temang
"organisahan ang ating hanay ayon
sa linya ng pakikibakang
sambayanang Pilipino."

SIGAW NG PAGLAYA

ni Boni Wagi


ikaw na nagising sa kabusabusan
ikaw na lumilok ng luho ng hari nitong kabihasanan
palasyong likha mo na yari sa kristal
itinayo ito ng dahil sa iyong talino at lakas
angking kasanayan

nasaan ka ngayon bakit sa lipunang
ikaw na nagpanday palagi na lang
ika'y walang puwang ang iyong sariling
angking kayamanan kinamkam, inagaw
ng mga gahaman

nasaan ka ngayon nasa pagawaan
at bawat kilos mo ay may nagbabantay
itinuturing ka bilang kasangkapan at anumang oras
maaring palitan alipin ng sahod higanteng kapital
batas paggawaang dito'y umiiral di ba lukob nito
ating karapatan at ang kalayaan

nasaan ka ngayon nasa kanayunan
lupang sinasaka'y lambong ng panginoong maylupa
pasistang militar kaaway ng bayan
ang mga anak mong siyang nagbubungkal
ng lupang ninuno ani'y napupunta sa kamay ng iilan
naghaharing uri ganid at pusakal

ang mga anak mo nasa eskuwelahan



1997, 8 Marso

Nagmartas ang 8,000 kababaihang manggagawa. Ginunita nila ang Marso 8 bilang Araw ng Kababaihang Anakpawis.



1997, 20-24 Oktubre


Sinalubong ng KMU, Piston at Bayan ng malakihang koordinadong protestang aksyon ang pagtaas ng presyo ng langis.

taas ng bayarin hirap suportahan
 oo nga't hangad nating sila ay matuto
 kahit ang aralin pyudal, kolonyang totoo
 hinuhubog sila ng buhong na estado
 upang makinabang ang imperyalismo

ang sakit isipin at nilay-nilayin
 mga anak nati'y saan patutungo
 habang panahon bang sila'y ganito
 alipin na lamang ng sistemang ito

Kaya ang marapat ay ang manandata
 Kaya ang marapat ay ang mag-organisa
 magtungo sa nayon itayo malawak na baseng gerilya
 sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas
 SIGAW NG PAGLAYA'Y ating matatamo

Timog Katagalugan
 Disyembre, 1996



1997, 11 Nob

Binuo ng KMU at KPMM ang mas malawak na Wage Increase Solidarity (WINS) para sa pagsusulong ng kampanya sa dagdag na sahod.



1998

Inilathala ng University of the Philippines ang Bangon, Antolohiya ng mga Dulang Mapanghimagsik.

HIMIG NG DIGMANG BAYAN

ni Ka Batis

(Timog Mindanao, 2001)

Konsyerto ng palaka sa saliw ng banda ng insekto
Kaluskos ng usa, alamid at baboy-damo
Huni ng mga ibon at iyak ng mga tsonggo
Himig nga ng kagubatan ito.

Konsyerto ng mga punglo sa saliw ng banda ng granada
Kaluskos na likha ng gerilyang pumaplangka
Huni ng rebolusyon sa buong laranga'y kinakanta
Ito ang maalab na himig ng digma.

Lagaslas ng tubig sa sapa, batis at talon
Pagaspas ng hangin sa mga puno at dahon
Buhos ng ulan, dagundong ng kulog at kidlat sa maghapon
Ito ang himig ng kalikasan sa mabagyong panahon.

Lagaslas ng nag-aalimpuyong galit ng masa
Pagaspas ng nag-aalsang gutom na magsasaka
Buhos ng welga ng inaaping manggagawa
Dumadagundong sa lupain kong hanap ay paglaya.

Ang himig ng kagubatan ay himig ng digmang bayan
Himig din ng digmang bayan ang himig ng kalikasan
At ang himig ng digmang baya'y sonata ng kalayaan
Ang sonata ng kalayaa'y musika ng sangkatauhan.



1998

Paglabas ng Martsa kan
Bikolandia, kaset teyp ng
mga rebolusyonaryong
awitin mula Bikol.



1998, 1 Mayo

Iwinagayway ang sagisag
ng NDF sa rali ng mga militanteng
manggagawa kasama sina Luis Ja-
landoni at Connie Ledesma
ng NDF peace panel.

Balagtasan

KONTRA-DIKSYON

ni Lope Bagtas



Kapitalista

Ano ang mamahalin at mumurahin?
Mahal kung bilhin ang mahirap hanapin,
Mababang presyo kung sa gilid pulutin,
'yan ang batas di maaaring baliin!

Mura pag marami, mahal pag kaunti
Pamilihang-batas na di mababali,
Sa dami ng manggagawang naglipana
Lakas-paggawa ay talagang bababa.

Manggagawa

Binansagan kaming aliping sahurán
Tinig nami'y di pinahahalagahan
Hindi raw kami tao kundi kalakal
Buhay nami'y takda ng sahod na bigay.

Salaysay ng makauring tunggalian
Isinasabuhay namin nang lubus-lubusan
Pagtaas ng sahod ay marapat kamtin
Kung tutuusin ito'y talagang amin.

Kapitalista

Kapag sa mura ay mataas ang singil
Para na kaming tinutukan ng baril
Mga tubo nami'y magsisibabaan
Ang sasapitin namin ay kalugihan

Mga pabrika nami'y magsasarahan
Gutom na lang ang sa inyo'y maiiwan
Masaya kami kahit nakatunganga
Kayo nama'y patay kung walang paggawa.

Manggagawa

Ano 'yang tubo na inyong sinasambit?
Malaki o maliit man tubong banggit
Tubo pa rin 'yan sa kapagura't pawis,
Pakinabang ninyo'y aming pagtitiis.

Bawas sa kita sa inyo'y pagkalugi
Kahit bundat pa kayo'y mistulang api
Kabusuga'y di sapat sa matatakaw
Kahit manggagawa'y magkamatay-matay


1998, 1 Mayo

Ipinalabas ng Asia Visions ang
video dokumentaryong Sa Liyab ng
Libong Sulo sa Metropolitan Theatre
sa pagdiriwang ng Mayo Uno.



1998, 15 Hunyo

Sinibak ng Philippine Air Lines (PAL)
ang 3,600 na ground personnel
at 1,400 cabin crew na nagtulak
sa Philippine Air Lines Employees
Association (PALEA) na magwelga.



Kapitalista

Hiling ninyo'y walang katwiran
Walang lohika't di makatarungan
Pagtaas ng sahod, tataas ang presyo
Pagbagsak ng negosyo, kawalan ng trabaho

Dagdag na sahod hindi sagot sa krisis
Sa buhay na kay lupit handang magtiis
Welga't protesta sama sa terorismo
Dapat sagutin ng lantaranang pasismo

Manggagawa

Baryang kakaunti ang dagdag na hiling
Di hamak kay layo pa sa tatawirin
'sangdaan taon nang sahod ay inipit
Habang ang tubo'y malayang humihirit

Di ba't kayo ang ama ng terorismo?
Bakit ngayon kami'y inyong ginagago?
Panahon na ngayon gapos ay lagutin
Tayo'y may lakas, karapatan angkinin!

Kapitalista

Tigil n'yo 'yang pagtatapang-tapangan,
Sundin ang tuntunin ng ating lipunan
Huwag ninyong labagin batas ng merkado
Lalayo kami't sa iba ang negosyo

Isang tawid lang sa eroplano't bangka
Maraming manggagawa ang naglipana
Sa sahod na inyong ikinapopoot,
Handang magpakasakit sa kakarampot

Manggagawa

Batas ng pamiliha'y may katapusan,
Tatapusin ng makauring hidwaan.
Wala nang manggagawang magpapaapi
Sa lahat ng dako kayo'y magagapi.

Mababago ang lipunang nakagisnan,
Sosyalistang lipunan ang siyang iiral.
Manggagawa ng buong sandaigdigan!
Imperyalismo ay tiyak wawakasan!

1998, 6-7 Nob

Itinatag ang Kalipunan ng
Damayang Mahihirap
(KADAMAY).



1998, 9-13, Nob

Idinaos ang 7th KMU National
Congress. Pinarangalan
sina Ka Bert Olalia,
Ka Severino Reyes at
Ka Ceferino Lacara.

Mga Awitin

MANGGAGAWA

(Mula sa pelikulang “Sister Stella L”)

ni Jose Lacaba/Ding Achacoso

Pasakalye: Am –

Am Bb Am
Manggagawa, kayong lumilikha ng yaman ng bansa
Bb Am
Kayong malaon nang iginupo ng dahas
G C
Magkaisa’t labanan ang pang-aapi
G C
Kahit na libong buhay man ang masawi
E Am
Walang kailangan kung ang magiging kapalit
Bb E
Ay ang kalayaang (matagal nang) minimithi.

A D
Panahon na, panahon na mga kasama
Bm E A E
Ipakita ang lakas ng ating pagkakaisa
A D
Panahon na, panahon na mga kasama
D C#m Dm7 E A
Nang makamtan ng bayan ang tunay na kalayaan.



1998

Pinasimulan ang buwanang pahayagan ng KMU, Ang Manggagawa.



1998, 30 Nob

Itinatag ang ANAKBAYAN, ang militanteng samahan ng mga kabataan

SAKADA

(Mula sa pelikulang may parehong pamagat)

ni Ani Montano

C F G C F G C
 Bakit kaya nagkaganyan itong ating kapaligiran
 F G C Am F G C
 Doon, dito ay luhaan, kahit saan may tangisan
 C F G C F C
 Bakit kaya naghihirap yaong mga lumilikha
 F G C Am F G C
 Ng yaman ng ating bansa, tayong mga manggagawa.

F G C Am F
 Tanong ko sa inyo'y isa lamang mga kaibigan ko,
 F G
 Tanong ko ay pakinggan n'yo:
 F G C Am G C
 Saan tayo patutungo? Saan mula rito?

Ngunit nagbabago ang lahat kung tayo ang siyang gaganap
 Labayin natin kahit may kalayuan ang maaliwalas na daan.
 Sampung bundok man ang hadlang sa ating paroroonan,
 Bungkalin natin hanggang sa mawala, tayo'y ganap na lalaya.

Tanong ko sa inyo'y iba naman mga kaibigan ko,
 Tanong ko ay pakinggan n'yo:
 Kailan tayo patutungo? Kailan mula rito?



1999

Inilabas ng CPP ang pangalawang edisyon ng LRP isinalarawan.



1999, Enero 4

Idineklara ni Estrada ang full-scale war laban sa NPA at MILF.

URING ANAKPAWIS

(Mula sa Silangang Mindanao)

Am G F Am
Uring anakpawis ang lumilikha

G F Am
Ng lahat ng yaman sa ating bansa

C G F Am
Ikaw ang sandigan ng lipunan

C G F
Am

Ngunit bakit ikaw ang siyang nahihirapan?

G - F

Kay baba ng kinikita

G Am

Kay taas ng presyo

G - F

Di tiyak ang hanap-buhay

G Am

Kalagaya'y di makatao

Ang lahat ng yaman ay galing sa paggawa

Dapat magmay-ari ang gumagawa

Ikaw ang nagbabanat ng buto at nagpapawis

Ngunit bakit ikaw pa rin ang siyang nagtitiis

Sila ang nabubusog sa 'yong mga pagod

Sila ang nagpapasarap sa 'yong paghihirap

Uring anakpawis bumangon ka na

Kumilos, mag-isip at makibaka

Walang mawawala sa'yo kundi ang kadena

Kadena ng pagkaalipin lagutin mo ng bala

Baguhin ang kalagayan

Isulong ang himagsikan

Bangon, sulong

Uring anakpawis!



1999

Inilabas ng Armas (National)
ang isang teyp ng mga rebolusyo-
naryong awitin ng
dekada '70, ang bolyum ng
Alab ng Digmang Bayan.



1999, 8 Marso

Tinuligsa ng Kilusan ng
Manggagawang Kababaihan
ang rehimen Estrada bilang
"macho-pasista".

Liham

Disyembre 11, 2001

Mahal kong anak,

Merry Christmas sa iyo, anak. Kamusta ang pagdiriwang ninyo ng Tatay mo para sa Pasko? Pagpasensyahan ninyo ang aking padalang pa-Christmas para sa noche buena at bagong damit. Napakahirap gawin ang sulat na ito dahil hindi na naman kita makakapiling ngayong Kapaskuhan kagaya ng iyong pangarap na magkasama tayo.

Matagal-tagal na rin akong hindi nakakauwi, kagaya nitong darating na Pasko. Pa-sensya ka na talaga anak. Ako'y matagal nang nagtitiis at nalulungkot dito at gusto kitang makapiling kasama ng Tatay mo dyan sa atin. Pinangarap kong magkasama man lang tayo kahit na ngayong Pasko pero hindi ako pinayagan ng aking amo at kung ako ay magpipilit na umuwi, matatanggal ako sa trabaho ko at lalo lang tayong mahihirapan.

Sa totoo lang, gustung-gusto na kitang makita. Ang laki-laki mo na sa mga picture na pinapadala ni Tatay.

Sana maintindihan mo ako anak. Para sa atin at lalong para sa iyo ang pag-aabroad ko. Basta isipin mo lagi na kaya nagtitiis si Nanay dito sa abroad ay para sa iyong magandang kinabukasan.

Katulad din sa pagkilos ko dito. Alam ko hindi mo pa rin gaanong nauunawaan pero kahit dito, may inoorganisa kami. May kumausap kasi sa akin. Mga kasama. Katulad ng mga bumibisita sa atin sa probinsya pero wala nga silang armas. Pero ganoon din ang programa nila. At kung yung layunin ng mga kasama diyan ay tulongan tayo sa pagsasaka ng lupain niya -- dito naman, tinutulungan nila kami sa usapin ng amo. At nililinaaw din kung ano yung tanging paraan kung paano kami makauwi diyan for good.

Wala tayong maaasahan talaga sa gubyrerno, anak, bilang magsasaka o bilang migrante.

Kailanman, hindi magkakaroon ng makabuluhang programa ang gubyrerno para sa pagpapanatili ko diyan sa probinsya. Dahil sa tinatawag na Labor Export Program ng

1999

Inilabas ng Amado V. Hernandez Resource Center (AVHRC) ang isinalin sa Pilipino na Krisis at Rebolusyong Pilipino ni Jose Ma. Sison.



1999, 25 Agosto

Inilunsad ng KMU ang kampanya para sa P125 na across-the-board wage increase.

pamahalaan, lalo na ni President Macapagal-Arroyo, patuloy ang pagkakalakal sa amin. Kami lang kasi ang nakakapagpadala ng bilyun-bilyong dolyares sa Pilipinas. Kaya ngayon, ang iyong nanay, ay kabilang din sa libu-libong manggagawang Pilipino na kinakalakal at ine-export ni Pres. Arroyo. Kaya di rin ako lumayo sa bukid natin. Ginawa pala akong parang palay na in-export sa ibang bansa!

Tuwing linggo kami nagmi-meeting dito kasi ito nga lang yung day-off namin. Sabik din akong makita sila. At sa mga activities namin, the whole week kasi, para kaming preso na nasa bilang-guang bahay ng aming amo. Hindi nga ako pinapayagang lumabas, makipag-usap sa mga kapitbahay na katulong at bihira ang panahon na natitikman ng balat ko ang sikat ng araw.

Kaya pagdating ng linggo, parang pinalaya ako talaga. Kaya kahit kaunti lang ang oras ko, agad akong pumupunta sa tambayan ng mga kasama para makipagkita sa kanila. Sa mga talakayan, pag-aaral at pagkilos nila, namin, doon ko nakikita kung paano talaga ang maging malaya. Malaya nang hindi lamang for one day, pero habang-buhay.

At hindi lang para sa atin, kung hindi para sa sambayanan. Kaya mahal kong anak, sana maki-ta mo rin ang kahalagahan ng aking pagkilos dito.

Kahit nasa labas ako ng bansa, at napakalayo na mula sa magsasakang pinapawisan sa bukid at manggagawang inaabuso sa pabrika, dala-dala ko pa rin ang adhikain nila. Bilang isang magsasaka at manggagawa hangad ko rin ang tunay na kapayapaan at demokrasya para sa ating mamamayan. Hanggang ngayon, nangangarap pa rin ako.

At kapag nakikita ko ang mga kasama tumitibay ang aking pananalig sa mga mithiin ng ating bayan. Hindi ko iniwan ang mga pangarap na iyon sa pagsakay ko ng eroplano.

Kaya araw-araw, lalo na tuwing linggo, binubuhos ko ang aking panahon sa pag-aaral at mga gawain sa kilusan. Dahil alam ko na darating din ang araw na magkakasama tayo at ng ating bayan.

Nagmamahal,

Nanay

1999, 21 Set

May 100,000 ang nagrali sa iba't ibang panig ng bansa laban sa pasismo ng ng rehimen ng Estrada..



1999, 15-20 Dec

Inilunsad ng KMU ang mas malawakang kampanya para patalsikin si Estrada.

ANG MGA UNYON SA PRENTE

ni Pablo Neruda

Salin mula sa Kastila ni Lope Bagtas



Nasaan ang mga minero, nasaan ang mga gumagawa ng lubid,
Silang mga nagbibilad ng mga suelas ng sapatos,
Silang naghahagis ng lambat?
Nasaan sila?


Saan ang mga umaawit sa pinakatuktok ng mga gusali,
Dumudura at nagmumura sa ibabaw
Ng sementong nagtatayugan?

Nasaan ang mga boluntaryo't
Panggabing manggagawa sa tren?
Nasaan ang unyon ng mga tagadala ng bilihin
Sa palengke?

May hawak na riple, may hawak na riple.
Sa gitna ng kulay-lupang pagtibok ng kapatagan,
Nakatanaw sa ibabaw ng kapangahasan.

Inaasinta ang bala sa matibay na kaaway tulad ng mga tinik,
Tulad ng mga makamandag na ahas, ganun!

Araw at gabi, sa abong malungkot ng buhang-liwayway,
Sa birtud ng tanghaling nangitim sa init.



2000, 20 Peb

Nagprotesta ang mga manggagawa sa Clark Economic Zone laban sa pagdating ng may 4,000 tropa ng US sa ilalim ng Visiting Forces Agreement na ipinatupad ni Estrada.



2000, 1 Mayo

Itinanghal ang dulang Piketlayn ng Bayan na naglarawan sa lumalawak na welga't protestang manggagawa sa panahon ng rehimeng Estrada.

ANG KWENTO NG MAYO UNO

SA BANSA, ANG MAYO 1 AY IPINAGDIRIWANG BILANG PAGGUNITA SA Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Para sa uring manggagawa, ang Mayo 1 ay hindi lamang simpleng pagdiriwang sa Araw ng Paggawa, ito rin ay isang pagkakataon ng pagpapahayag ng muling paninindigan laban sa mapagsamantala at mapang-aping sistemang pambansa na pinaghaharian ng malalaking dayuhang kapitalista, komprador burgesya at panginoong maylupa. Isa rin itong dakilang pagkakataong gunitain ang makasaysayang okasyong naganap sa Hay Market Square sa Chicago, Estados Unidos noong 1886.

Higit nating mauunawaan ang kahalagahan ng pagdakila sa Araw ng Paggawa kung babalikan natin ang naganap sa araw na ito.

Noong Mayo 1, 1886, nagwelga ang mahigit na 190,000 manggagawa sa Chicago at karatig-pook nito. Nauna rito, may humigit-kumulang na 1,400 manggagawa ng McCormick Dealer Works, pag-aari ng negosyanteng si Cyrus McCormick, ang nag-welga dahil sa hindi pagpapatupad ng umiiral na batas na walong oras na trabaho, pagwasak ng unyon at pagtatanggal sa trabaho sa mga lider ng unyon.

Bilang tugon sa kahilingan ng mga unyonista, isinara ni McCormick ang planta, umupa ng mga “goons” at eskirol, at winasak ang piketlayn. Umupa din siya ng 300 “pinkertons” (security guard) upang madagdagan ang pulis ng Chicago na nagbabantay sa pagawaan. Dahil sa pagdating ng mga armadong guwardiya at nakaporma na parang mananagupa, nagkaroon ng malaking tensyon.

Ayon kay Herbert Harris ay ganito ang sumunod na mga pangyayari:

“Noong Lunes ng hapon, May 3, 1886, tatlong buwan matapos maisara ang kumpanya ni McCormick, isang rali ang isinagawa ng mga nagwewelga sa lagarian ng kahoy sa Black Road, 500 yarda ang layo sa planta ni McCormick. Napukaw sila sa talumpati ng lider-manggagawang si August Spies. 200 welgista, ang lubhang natangay ng talumpati, galit na humiwalay sa rali at nagtungo sa planta ni McCormick. Kinantiyawan at sinigawan nila ang mga “goons” at eskirol na papauwi na matapos ang trabaho. Nagkasakitan. Gumanti naman ang mga “goons” at eskirol.

Bago dumating ang mga pulis, umabot sa 200 ang biktima sa naganap na karahasan. Ang malakas na sirena ay nakatawag-pansin sa mga manggagawa na noon ay nakikinig pa sa talumpati ni Spies, at dahil dito, sabay-sabay silang sumugod upang malaman ang nangyayari.


2000, 1 Mayo

Mahigit 20,000 myembro ng KMU sa Metro Manila at halos 100,000 sa buong bansa ang nagdiwang ng International Labor Day.



2000

Inilathala ng AVHRC ang koleksyon ng ilang mga piling tula ni Amado V. Hernandez.



Nakita ng mga pulis ang kanilang duma-rangsang pagdating at walang pakundangang pinaputukan ang mga manggagawa. Tumakbo ang mga manggagawa sa iba't ibang direksyon. Hinabol sila ng putok ng mga pulis. Namatay ang apat at nasugatan ang mahigit sa dalawampung manggagawa. Dahil sa karahasang naganap, nag-alab ang damdamin ni Spies. Mabilis siyang nagtungo sa imprenta ni Oscar Neebe, kasosyo sa imprentang Arbeiter Zeitung, at sumulat ng propagandang may pamagat na “Manggagawa! Mag-armas!”

Ipinahayag niya ang ganito: “*Kung kayo ay tunay na anak ng manggagawa na nag-*

buhos ng dugo upang kayo ay makalaya, dapat kayong bumangon nang buong tapang at wagsakin ang mga halimaw na nais lumamon sa inyo.” Sinundan ito ng isa pang polyeto. Sa pagkakataong ito ay nanawagan si Spies ng isang miting-protesta upang ilantad ang pinakahuling kabuhungan ng mga pulis. Ang lugar ng pagpupulong ay sa Hay Market Square sa Chicago noong Mayo 4, 1886.

Nagsimula ang miting ng alas-8 ng gabi na pinahintulutan ni Mayor Carter H. Harrison ng Chicago. Dinaluhan ito ng mahigit 3,000 manggagawang babae at lalaki. Nagsalita si Spies at kinondena niya ang karahasan ng estado at ang bulag na pagsu-

2000

Inilathala ng AVHRC ang komiks na Jamin, hinggil sa buhay ng isang batang manggagawa.



2000, Dis

Ang makasaysayang di pagbukas ng envelop sa impeachment hearing ni Estrada

nod nito sa kagustuhan ng mga kapitalista. Binatikos din niya ang sabwatan ng pamahalaan at namumuhunan.

Sinubaybayan ng isa pang lider-manggagawa na si Albert Parson si Spies habang ito'y nagtatalumpati.

Subalit ilang saglit lamang matapos lumisan si Mayor Harrison, idinispatsa ni John Bonfield, pansamantalang pinuno ng pulisya (at kinamumuhian ng mga manggagawa sa pagiging maton), ang 200 pulis na tumungo sa pinagdarausan ng miting. Mayroon na lamang 500 katao noon na matamang nakikinig kay Samuel Fieldman, ang huling tagapagsalita.

Ilang saglit ay sumigaw si John Bonfield ng "*Disperse!*" (o "Maghiwa-hiwalay na!). Biglang nagkaroon ng malakas na pagsabog, na ikinagulantang ng lahat. Nagpapatok ang mga pulis nang walang patumangga.

Pagkaraan ng umaatikabong putukan ay nakitang nakahandusay kung saan-saang bahagi ng lansangan ang duguang mga manggagawa. Dalawandaang manggagawa ang namatay noon din sa masaker. Hindi mabilang ang sugatan, at ilan pa ang namatay sa pagamutan makalipas ang ilang araw.

Sa panig ng mga pulis, 67 ang nasugatan, pito ang grabe at ilan ang namatay makalipas ang ilang araw.

Ang kaguluhan ay ibinintang sa mga lider-manggagawa. Nag-imbento ng

kaso ang mga pulis at nagtanim ng mga ebidensya.

Naging mabigat ang depensa para sa mga pinagbintangan, gayong maliwanag na hindi totoo ang mga ebidensya. Sa tuwing sila'y tatanungin ay hindi nila mapigilan ang pag-atake at pagkondena sa estado.

Pito ang nahatulan ng kamatayan. Ito ay sina Spies, Fielden, Lingg, Schwab, Engel, Fischer at Parsons.

Ang kalunos-lunos na pangyayaring ito ay umalingawngaw sa lahat ng mga manggagawa. Naging usap-usapan sa iba't ibang panig ng daigdig, at naging batayan ng kilusang paggawa upang paigtingin ang kanilang hanay at pagkilos.

May ilang sumisi kay Spies at pinaratanagan siyang anarkista. Subalit ang kanyang sinimulan ay dinakila ng mga lider-obrerong naniniwala sa tunay na unyonismo.

Sa Paris, France noong 1889, sa isang kumperensya ng mga lider manggagawa mula sa iba't ibang bayan, kinilala ang kabayanihan ng mga manggagawa. Itinakda ang Mayo 1 bilang Araw ng Pandaigdigang Pakikibaka ng mga Manggagawa.

Sa Pilipinas naman noong 1902, hini-mok na ni Dr. Dominador Gomez ang mga manggagawang Pilipino na gawing Pambansang Araw ng Paggawa ang makasaysayang Mayo 1.

2001, 21 Enero

Libu-libong mamamayan nagmartsa patungong Malakanyang. Pinatalsik ng mamamayang Pilipino si pangulong Estrada.



2001, July

Inilabas ang album ng mga awitin ng Tambisan (Tambisan 2002).

ANG KWENTO NG MARSO 8

ni Mira Ledesma

NOONG IKA-19 NA SIGLO, PANAHOON NG REBOLUSYONG PANG-INDUSTRIYA, namayani ang di makataong kondisyon sa mga pagawaan. Nariyan ang mababang pasahod at 12 oras na pagtatrabaho. Ang mga ito ang nagtulak sa mga manggagawang maglunsad ng mga kilos-protesta sa lansangan.

Ang kauna-unahang kilos-protestang inilunsad ng mga kababaihang manggagawa ay naganap sa lansangan ng New York. Karamihan ay nagmula sa pagawaan ng tela o *garment workers*. Daan-daang kababaihan ang lumahok dito at sa pag-atake ng mga pulis, marami sa kanila ang nasaktan at inaresto. Naganap ito noong Marso 8, 1857.

Noong Marso 8, 1908, umabot sa 15,000 kababaihan ang muling nagmartsa sa lansangan ng New York. Hiniling nila ang maikling oras na pagtatrabaho, sapat na sahod, karapatang bumoto at pagtigil sa paggamit sa mga batang manggagawa. Dito ginamit ang islogan na “Bread and Roses” (Tinapay at Rosas), kung saan ang tinapay ang simbolo ng pang-ekonomyang seguridad at ang rosas naman ay sumisim-



bolo sa mas mabuting kalidad ng pamumuhay.

Mayo 1908, kinilala ng Socialist Party of America ang huling linggo ng Pebrero bilang National Women's day upang hindi maging kabawasan sa araw ng pagtatrabaho. Kaya Pebrero 28, 1909, ipinagdiwang ang Pambansang Araw ng Kababaihan sa US. Tumagal ito hanggang hanggang 1913.

Noong 1910, sa Copenhagen, Denmark nagkaroon ng pandaigdigang kumperensya ang mga sosyalistang organisasyon o ang

2001, 11 Set

Pinabagsak ang twin tower sa New York, USA.



2001, 12 Set

Inilunsad ang mas malawakang kampanya para sa P125 na pagtaas ng sahod ng manggagawa.

tinatawag na Pandaigdigang Kilusan ng Manggagawa. Iminungkahi dito ni Clara Zetkin, isang sosyalistang Aleman at lider-manggagawa, na kilalanin ang araw ng kababaihan bilang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Manggagawa.

Taong 1911, sinimulang ipagdiwang ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan sa iba't ibang bansa gaya ng Austria, Denmark, Germany at Switzerland. Marso 19 ng taong ito, naglunsad uli ng kilos-protesta ang mga kababaihan. Kanilang hiniling ang karapatang bumoto at lumahok sa parliyamanto, ang karapatang magtrabaho at paglaban sa diskriminasyon sa mga pagawaan.

Marso 25, nasunog ang Triangle Shirtwaist Co., sa New York. Namatay dito ang 140 kababaihang manggagawa na karamihan ay mga batang Italyana at mga migranteng Hudyo. Nang sumiklab ang sunog, marami ang hindi nakalabas dahil sa pagkakandado sa kanila sa oras ng trabaho. Ang ilan ay tumalon sa bintana na kanilang ikinasawi. Tinawag nila itong *Triangle Fire*. Nilahukan ng mahigit 100,000 mamamayan ang *funeral march* ng mga nasawi sa sunog.

Bilang bahagi ng pakikibaka para sa kapayapaan noong World War I, sa kaunahang pagkakataon ay ipinagdiwang ng mga kababaihan sa Russia ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan noong huling linggo ng Pebrero 1913. Sumunod na taon, Marso 8, naglunsad ng mga kilos-protesta

ang kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Europa bilang pagbibigay suporta sa mga kababaihan ng Russia at pagtuligsa sa giyera.

Di man pinahintulutan ng pamahalaang Ruso, noong huling linggo ng Pebrero 1917, naglunsad pa rin ng kilos-protesta ang mga kababaihan na tinawag nilang “Bread and Peace”. Nagprotesta sila laban sa pagtaas ng presyo ng bilihin, tanggalan sa pagawaan at sa giyera.


Pagkaraan ng apat na araw, Pebrero 23, sa kalendaryong Julian, pinahintulutan na ang kababaihan na bumoto. Marso 8 naman ito sa kalendaryong Gregorian na kasalukuyan nating ginagamit.

Taong 1922, sa tulong ni Clara Zetkin, kinilala ni Lenin ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan bilang *Communist Holiday*. Ganun din ang China at ang ibat-ibang bansa sa Europa. Pagkaraan ng World War II, tanging ang mga sosyalistang bansa at organisasyon ang nagpatuloy sa padiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan. Tumagal ito hanggang 1960's sa tinatawag na panahon ng “Cold War”.

Disyembre 1977, tinangkikil ng United Nations General Assembly ang Marso 8 bilang United Nations Day for Women's Rights and International Peace. Kaya lang usapin lamang ng gender ang binigyang halaga sa pagdiriwang ng naturang araw. Isinantabi ang makauri at makasaysayang kahulugan nito bilang araw ng kababaihang

2001, Dis

Isinalin sa Pilipino ang Makibaka para sa Pambansang Kalayaan at Demokrasya ni Jose Ma. Sison.



2002, Enero

Inilabas ng National-Armas ang pangalawang bolyum ng mga awitin ng Alab ng Digmaan Bayan.



manggagawa.


Marso 8, 1971, sa pamamagitan ng isang kilos-protesta laban sa kahirapan, unang ginunita ang araw ng kababaihan dito sa Pilipinas. Pinangunahan ito ng Katipunan ng Bagong Kababaihan (KATIPUNAN). Nasa pamumuno ito ng MAKIBAKA na binubuo ng mga nanay mula sa maralitang lunsod at kabataang estudyante kasama ang Kabataang Makabayan – Women's Bureau at SDK o Samahan ng Demokratikong Kabataan. Naglabas sila noon ng pahayag na lumabas sa Marso 8, 1971 issue ng *Manila Times*. Pinamagatan itong *RP Women Join*

Liberation Front. Karamihan sa mga kasapi nito ay nag-underground matapos ideklara ang Batas Militar noong 1972.

Marso 1983 muling ipinagdiwang ang militanteng paggunita sa araw ng kababaihan ng Kilusan ng Manggagawang Kababaihan (KMK). Noong 1984, nakilahok dito ang GABRIELA. Sa kalukuyan ay pinangungunahan na ng GABRIELA, isang alyansa ng mga organisasyon ng kababaihan mula sa hanay ng manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod at kabataang estudyante, ang paggunita sa araw ng kababaihan.

2002, Enero

Inilunsad ang malawakang protesta laban sa pagpasok ng mga US troops sa bansa sa ngalan ng Balikatan exercises.



2002, 2 Peb

Inilathala ng Eiller ang Ikalawang edisyon ng Kahapon at Ngayon para sa ika-100 taon ng kilusang manggagawa.

INTERNATIONALE

Pasakalye: E-E7-Am,B,C
G-D-G-D7

G C Am
Bangon sa pagkakabusabos
D G D
Bangon alipin ng gutom
G C Am
Katarunga'y bulkang sasabog
D G
Sa huling paghuhukom;
D A D
Gapos ng kahapo'y lagutin
A F#
Tayong api ay magbalikwas
D D7 G Em
Tayo ngayo'y inaalipin
A D D7
Subalit atin ang bukas.
G G7 C Am

Refrain;

Ito'y huling paglalaban
D G D7
Magkaisa nang masaklaw
G Em A7 D D7
Ng internasyunal ang sangkatauhan
G G7 C Am
Ito'y huling paglalaban
D B7
Magkaisa nang masaklaw
E Am C G D G
Ng Internasyunal ang sangkatauhan.

Wala tayong maasahan
Bathala o manunubos
Kaya't ang ating kaligtasa'y
Nasa ating pagkilos.
Manggagawa, bawiin ang yaman
Kaisipa'y palayain
Ang maso ay ating hawakan
Kinabukasa'y pandayin.

(Ulitin ang refrain)

2002, 8 Marso

Pinagdiwang ang Araw
ng Kababaihan ng
Gabriela at Kilusan ng
Manggagawang Kababaihan.



2002, Mayo Uno

Araw ng Sentenaryo
ng Pakikibaka ng
Manggagawang Pilipino

Pasasalamat

Marubdob na pinasasalamatan ng patnugutan ang mga kasama, kaibigan at kamag-anak ng mga kasama na buong-pusong nagsikap at tumulong na mailabas ang isyung ito ng sentenaryo ng kilusang manggagawa:

Kay Ka Lope Bagtas na walang kapagurang nangalap, nanaliksik, naghalukay ng mga artikulo at akda para sa isyu mula sa libu-libo niyang mga libro; pagkontribyut ng ilang artikulo, sa kanyang balagtasan at pagtiyak na husto ang baybay at bilang ng mga taludtod ng mga ito, sa matiyagang pagbubuo ng timeline ng 100 taon ng kilusang manggagawa, sa pagsasalin ng tula ni Neruda mula sa Espanyol, pag-edit at pagproofread ng buong isyu. Isama na rin natin ang kanyang masisiglang “angels” na tumulong sa pag-input sa ilang mga artikulo.

Kay Lino de Guerra na humaba na ang buhok at nagmistulang ermitanyo sa pagtutok sa harap ng computer, pagdrowing, paglay-out, paghahanap at paglilinis ng mga nagdidilawan at madidilim na sinaunang mga litrato, paghalukay ng mga akda at artikulo mula sa sangkatutak na libro, dyaryo at magasin, pangungulit sa mga kasama para sa kanilang mga assignment, pamamalengke, pagluluto ng kanyang paboriting obra maestra na sinabawang mongo, pagsusunog ng sangbundok ng mga dahon sa bakuran at mahigpit na pagtangan sa optimismo para sa pagtatapos ng isyu.

Kay Mira Ledesma sa dibdiban at matiyagang pagggawa ng mahigit na 20 mga ilustrasyon, sa pagbuo ng kasaysayan ng Marso 8, habang nakadeposito ang nag-iisa niyang anak sa kamay ng ibang mga kasamang nagsisikap maging ina, pangangalap ng mga materyales para sa mga mukha at biography ng mga sinauna at bagong martir at iba pang akda, at pagfaloap sa kontribusyon ng iba pang mga artist.

Kay Sonya Gerilya sa paglilinis, pagkikinis sa mukha, braso at kamay ng mga bago at sinaunang litrato at ilustrasyon. Sa editing, proofreading at sa pangungulit kay Kasamang Vernon para tapusin ang istatwa, pagcamera shooting at malikhaing paglay-out nito sa cover ng Ulos.

Kay Leyla Batang na laging maaasahan pagdating sa komiks at ilustrasyon. Sa kasalukuyan ay binabagtas niya ang iba pang larangan ng sining at mga bundok at parang ng kanayunan. Sadyang tahimik kaya’t kapag nagsalita’y tiyak lahat ay makikinig. Maraming nagnanais siluin ang kanyang puso subalit sadyang mailap pa ang kasama.

Kay Manuel Alpas sa teknikal na tulong sa cover at para sa paggawa ng E-book ng Ulos sa CD.

Kay Vernon na naglamay para ihabol ang paghulma ng iskultura ng babae at lalakeng manggagawa na ginamit sa cover.

Kay Pablo Makata sa pagkontribyut ng ilang artikulo, pagbyahe nang malayo nang nakatsinelas lamang para sa paulit-ulit na pag-edit at pagproofread para sa mga maling baybay at maling konstruksyon ng mga salita, paglagay ng kuwit at gitling o pagtanggap sa mga ito at iba pa; pagsasalin sa Pilipino ng ilang Ingles na artikulo at tula.

Kay Menardo Juarez sa pagkontribyut ng ilang ilustrasyon at artikulo, pagsasalin mula Ingles patungong Pilipino, at pagtipa sa chords ng mga kanta.

Kay Nanay Aleli na guro at mapagkalingang ina ng isang kasama, sa pagsasalin sa Ingles ng ilang siniping pangungusap na Espanyol.

Kina Nueva Mia Vida, Maria May Paglaum, Stella Magtanggol, Leni Tagapanday at Juan Gabriel sa pangangalap ng mga materyales at paghubuo ng mga sanaysay, sa walang-sawang pag-edit at pagproofread ng buong isyu.

Kay Propesor Julian Tapang, ang nakatatandang manunulat at tagapayo ng Ulos na tumugon sa hinaing ng mga nagsisikap at nakababatang mga manunulat, sa pagtiyak sa wasto at malikhaing paglulubid ng mga salita, paggamit ng gitling, kuwit, koma, semikolon atbp. at sa pagbabahagi ng kanyang mayamang kaalaman hinggil sa pagsusulat; sa mainit na pagtanggap at pagkalinga sa mga kasama.

Sa mga kasama sa sektor ng manggagawa, sa kanilang naglalagablab na pahayag at mga panawagan, mga libro at magasin; sa mga nakacd na fotos at materyales. Kasama na rito ang di mabilang na mga dyaryo, magasin, libro, polyeto na pinanggalingan ng mga materyales na pinagkunan at pinaghalawan para sa isyu.

Kina Macario Veneracion, Mirasol, B. Domeng, Jiji at Tany, mag-asawang Jay at Cory, Lumen, Akasha Tayug, Parts Bagani, Fermin, Solo Luna, Joven, Lira Tayug, Vicente Amor, Ness, Ika-Uno at iba pa.

At higit sa lahat sa nakatatandang mga kasamang mataman na nagsubaybay sa amin at sa pagtiyak na may pondong gagamitin para sa paglilimbag ng isyung ito.

